ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • MARSO 2018

Liahona

Paano Magtatag ng Nagkakaisang Pananaw na Magpapasigla sa Inyong Pamilya, p. 28

Makita ang Estratehiya ni Satanas na Pagandahin sa Paningin ang Isang Bagay na Masama, p. 18

Joseph Smith: "Anong Simbahan ang Dapat Kong Salihan?" p. 34

Kababaihan ng Relief Society: Paano Natin Babantayan ang Isa't Isa, pp. 7, 8, 10



"ANG DIYOS AY HINDI NANANAHIMIK! MAHAL NIYA ANG KANYANG MGA ANAK. **HINDI NIYA TAYO HINAHAYAANG MAGPAGALA-GALA SA KADILIMAN.**"

PANGULONG DIETER F. UCHTDORF

Mula sa Mensahe ng Unang Panguluhan, pahina 4.

Liahona, Marso 2018

MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Ang Salita ng Diyos para sa Kanyang mga Anak**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

7 **Mga Tuntunin ng Visiting Teaching: Ipagdasal ang Bawat Sister na Binabanggit ang Kanyang Pangalan**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

18 **Kapag ang Masama ay Mukhang Mabuti at ang Mabuti ay Mukhang Masama**
Ni Elder Quentin L. Cook
Ang isa sa pinakamabibisang paraan ng panlilinlang ng kaaway ay ang gumawa ng mahalagang pagbabago sa mga konsepto na nagpapakita na masama ang mga pagpapalang hatid ng pamumuhay ng ebanghelyo.

26 **Paglalakbay sa Pamamagitan ng Sinaunang Tabernakulo**
Ang simbolismo sa tabernakulo ay makapagtuturo sa atin tungkol sa ating paglalakbay pabalik sa piling ng Diyos.

28 **Pamilya: Ang Bukal ng Kaligayahan**
Ni Elder Erich W. Kopischke
Makakabuo tayo ng isang pananaw para sa ating pamilya at magkakamit ng walang-hanggang kaligayahan.

34 ***Mga Banal:* Ang Kasaysayan ng Simbahan—Kabanata 2: Pakinggan Siya**
"Ito ay sa umaga ng isang maganda, maaliwalas na araw, sa tagsibol . . ."

MGA BAHAGI

8 **Sa Pulpito: Ang mga Visiting Teacher ay mga Sugo ng Diyos**
Ni Alice C. Smith

10 **Paglilingkod sa Simbahan: Kung Saan Tayo Makasusumpong ng Kaginhawahan**
Ni Nettie H. Francis

12 **Notebook ng Kumperensya ng Oktubre 2017**

14 **Ang Ating Paniniwala: Ang Dahilan ng Ating Pag-asa**

16 **Mga Larawan: Pagsikat ng Araw**
Ni Don Jensen

38 **Mga Larawan ng Pananampalataya: Christian Karlsson**

40 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Pagagaanin Niya ang Ating mga Pasanin**
Ni Elder Robert D. Hales

SA PABALAT
Larawang kuha ni Christina Smith.

Naisulat na ang isyung ito bago pa muling iorganisa ang Unang Panguluhan.

MGA YOUNG ADULT



44 **Pagtawid sa mga Baybayin: Ang Aming Paglalakbay Papunta sa Templo**
Ni Efraín Rodríguez

48 **Pagtatanim ng mga Binhi ng Ebanghelyo sa Puso ng Aking Ina**
Ni Sonia Padilla-Romero
Akala ko nagamit ko na ang lahat ng taktika ng mga missionary para ituro ang ebanghelyo sa aking ina, ngunit sa wakas ay isang bagay ang umantig sa puso niya.

Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Ano ang pinaka-gusto mong klase sa paaralan?

MGA KABATAAN

50 **Si Jesus Ang Cristo: Ang Patotoo ng mga Propeta sa mga Huling Araw**

54 **Mga Katotohanan tungkol kay Jesucristo, mga Katotohanan tungkol sa Inyo**
Ni David A. Edwards
Hindi lamang posible ang utos ng Tagapagligtas na maging katulad Niya; kayang-kayang gawin ito.

56 **Sundin ang Propeta**
Ni Elder Claudio R. M. Costa
Nang malaman ko na si Joseph Smith ay isang propeta, may kina-ilangan akong gawin tungkol dito. At napagpala niyan ang buong buhay ko.

60 **Ang Susi sa Pagpapatawad sa Sarili**
Ni Madison Child
Sa wakas ay nalaman ko rin na kapag umasa tayo kay Jesucristo at sa Kanyang biyaya, mapapatawad tayo at mapapatawad natin ang ating sarili.

62 **Poster: Ang Kapangyarihan ng Tagapagligtas na Tumubos**

63 **Tuwirang Sagot**
Paano ko malalaman kung lubos na akong nakapagsisi? Paano ko malalaman na tama ang naging desisyon ko sa pagpili ng mapapangasawa?

64 **Ang Bahaging para sa Atin**



MGA BATA

66 **Paningningin ang Iyong Liwanag: Handang Tumulong!**
Maaari akong maging liwanag sa iba sa pamamagitan ng pag-lilingkod, gawaing misyonero, at pagdarasal.

68 **Ang Piliing Sumulat**
Ni Justina Lichner
Hindi mo palaging mapipili kung saan ka magaling, ngunit mapipili mo kung gaano ka magsisikap.

70 **Magkapatid Magpakailanman**
Ni Jordan Wright
Dahil naibuklod sa templo ang aming pamilya, maaari kaming magkasama-sama magpakailan-man, anuman ang mangyari.

72 **Ang mga Apostol ay Nagpapatotoo kay Cristo: Siya ay Buhay!**
Ni Elder M. Russell Ballard

73 **Kaya kong Basahin ang mga Banal na Kasulatan: Ang Tipang Abraham**

74 **Musika: Getsemani**
Ni Melanie Hoffman

76 **Mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan: Noe**
Ni Kim Webb Reid

79 **Pahinang Kukulayan: Tinutupad ng Ama sa Langit ang Kanyang mga Pangako**

MARSO 2018 TOMO 21 BLG. 3
LIAHONA 14749 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

Patnugot: Hugo E. Martinez
Mga Assistant na Patnugot: Randall K. Bennett, Carol F. McConkie
Mga Tagapayo: Brian K. Ashton, Bonnie H. Cordon, LeGrand R. Curtis Jr., Edward Dube, Sharon Eubank, Donald L. Hallstrom, Douglas D. Holmes, Erich W. Kopischke

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton
Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg
Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson
Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr
Publications Assistant: Francisca Olson
Writing at Editing Team: Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Anne Selu, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen
Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson
Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters
Production Team: Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Derek Richardson
Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis
Direktor sa Pamamahagi: Troy R. Barker

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2018 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi: Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga indibiduwal mula sa *Liahona* para sa personal at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Ang visual material ay hindi maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada: March 2018 Vol. 21 No. 3. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

MARAMI PANG IBA ONLINE

Magbasa ng mga artikulo at magsumite ng sarili mong artikulo sa **liahona.lds.org.**

Maghanap ng nakasisigla at maibabahaging mga mensahe (sa English, Portuguese, at Spanish) sa **facebook.com/liahona.**

Magpadala ng feedback sa **liahona@ldschurch.org.**

Mag-subscribe sa **store.lds.org.** O bumisita sa isang distribution center, magtanong sa mga ward leader, o tumawag sa 1-800-537-5971 (U.S. at Canada)

MGA ICON MULA SA GETTY IMAGES

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Ama sa Langit, *4, 34, 42, 79*
Banal na kasulatan, mga, *73*
Family history, *38, 40, 64*
Gawaing misyonero, *48, 64, 66*
Jesucristo, *14, 28, 34, 50, 54, 60, 62, 72, 74, 80*
Joseph Smith, *34*
Kalayaan, *18, 63, 68*
Kamatayan, *16, 70*
Kasal, pag-aasawa, *18, 28, 44, 63*
Pagbabayad-sala, *10, 12, 50, 54, 60, 62, 63, 74, 80*
Paghihirap, *12*
Paglilingkod, *8, 10*
Pagpapaaktibo, *41*
Pagpapakumbaba, *10, 34*
Pagpapanumbalik, panunumbalik, *4, 34*
Pagsisisi, *60, 63*
Pamilya, *18, 28*
Panalangin, *4, 7, 34, 42, 43, 63, 64, 66*
Pananalapi, *20*
Pangkalahatang kumperensya, *4, 12*
Patotoo, *50, 72*
Plano ng kaligtasan, *14, 16, 18, 50, 60, 70*
Propeta, mga, *50, 56, 76*
Templo, mga, *44, 48*
Tipan, mga, *73*
Tungkulin sa Simbahan, mga, *10, 41*
Visiting teaching, *7, 8*
Word of Wisdom, *18*

Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

ANG SALITA NG DIYOS PARA SA KANYANG MGA ANAK

Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na ang unang ginawa ng Diyos matapos likhain ang lalaki at babae ay kausapin sila.[1] Mayroon Siyang mahalagang impormasyon at mga natatanging tagubilin na ibibigay sa kanila. Ang layunin Niya ay hindi para pahirapan o magalala sila kundi para gabayan sila tungo sa kaligayahan at walang-hanggang kaluwalhatian.

At simula pa lamang iyon. Mula noon hanggang ngayon, patuloy na nangungusap ang Diyos sa Kanyang mga anak. Ang Kanyang mga salita ay napangalagaan, naingatan, at napag-aralan ng mga disipulo sa bawat henerasyon. Iginagalang ang mga ito ng mga naghahangad na malaman ang kalooban ng Diyos, at nagpapatotoo sa katotohanan na "ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta."[2]

Ganito na ang nangyayari noong una pa man, at patuloy itong nangyayari ngayon. Hindi lamang ito isang magandang kuwento sa Biblia; ito ang itinatag na paraan ng paghahatid ng Diyos ng mahahalagang mensahe sa Kanyang mga anak. Nagbabangon Siya ng mga tao sa ating paligid, tinatawag silang maging propeta, at binibigyan sila ng mga sasabihin, na inaanyayahan tayong "[tanggapin], na parang mula sa sarili [Niyang] bibig."[3] Sinabi Niya, "Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa."[4]

Ito ang isa sa pinakamaluwalhati, nakahihikayat, at nagbibigay-pag-asang mensahe ng Panunumbalik—hindi nananahimik ang Diyos! Mahal Niya ang Kanyang mga anak. Hindi pa Niya tayo hinahayaang magpagala-gala sa kadiliman.

Dalawang beses sa isang taon, tuwing Abril at Oktubre, may pagkakataon tayong marinig ang tinig ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod sa ating napakagagandang pangkalahatang kumperensya.

Personal kong pinatototohanan sa inyo na bago pa man maglakad nang mahaba ang isang tagapagsalita sa pangkalahatang kumperensya papunta sa pulpito, nakapag-ukol na siya ng malaking pagsisikap, pagdarasal, at pag-aaral para maihanda ang kanyang mensahe. Bawat mensahe sa kumperensya ay bunga ng maraming oras ng paghahanda at taos-pusong pagsamo na maunawaan ang nais ng Panginoon na marinig ng Kanyang mga Banal.

Ano kaya ang mangyayari kung tutumbasan nating mga tagapakinig ang paghahanda ng mga tagapagsalita? Paano kaya magbabago ang ating pag-uugali sa pangkalahatang kumperensya kung itinuring natin itong isang pagkakataon para makatanggap ng mga mensahe mula sa Panginoon mismo? Sa pamamagitan ng mga mensahe at musika sa pangkalahatang kumperensya, makakaasa tayong makatanggap ng mga kasagutang para lamang sa atin sa mga tanong o problemang maaaring kinakaharap natin.

Kung mapaisip kayo kung talaga bang mangungusap sa inyo ang Ama sa Langit, ipapaalala ko sa inyo ang simple ngunit malalalim na salitang kinakanta ng ating mga batang Primary: "[Ikaw] ay anak ng Diyos, dito'y isinilang." Layunin Niyang tulungan kayo na "Siya'y makapiling."

Kung lalapit kayo sa Ama sa Langit bilang Kanyang anak, taos-puso ninyong mahihiling sa Kanya, "Akayin at patnubayan [Ninyo ako] sa tamang daan. Turuan [Ninyo ako] ng gagawin." Mangungusap Siya sa inyo sa

pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu, at nasa inyo na kung ang "nais N'ya'y susundin." Ipinapangako ko na kung gagawin ninyo ito, "biya-ya'y kakamtin."[5]

Ang patnubay ng Panginoon ay kailangan ngayon na katulad sa anumang panahon sa kasaysayan ng mundo. Sa paghahanda nating makinig sa salita ng Panginoon, nawa'y masigasig nating hangarin ang Espiritu ng katotohanan para kapag nangusap ang Panginoon sa pamama-gitan ng Kanyang mga lingkod, tayo'y sama-samang makaunawa, mapatibay, at magalak.[6]

Pinatototohanan ko na "sa pama-magitan ng paggawa ng mga bagay na ito ang pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa [atin]; oo, at itataboy ng Panginoong Diyos ang mga kapang-yarihan ng kadiliman mula sa harapan [natin], at payayanigin ang kalangitan para sa [ating] ikabubuti, at sa ikalulu-walhati ng kanyang pangalan."[7] ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Genesis 1:28.
2. Amos 3:7.
3. Doktrina at mga Tipan 21:5.
4. Doktrina at mga Tipan 1:38.
5. "Ako ay Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 189; *Aklat ng mga Awit Pambata,* 2–3.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 50:21–22.
7. Doktrina at mga Tipan 21:6.

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Sa oras ng pangkalahatang kumperensya, maaari tayong makatanggap ng mga kasa-gutang para lamang sa atin sa mga tanong at problema natin kapag nakinig tayo sa hinirang na mga lingkod ng Diyos. Isiping talakayin ang mga sumusunod sa mga tinuturuan mo: Paano kayo makapaghahandang makatang-gap ng gayong mga kasagutan sa oras ng pangkalahatang kumperensya? Hinikayat tayo ni Pangulong Uchtdorf na "masiga-sig na hangarin ang Espiritu ng katotohanan." Ano sa palagay ninyo ang kahulugan nito, at paano ninyo ito maisasama sa inyong paghahanda? Bukod pa sa mga pagpapalang binanggit sa Doktrina at mga Tipan 21:6, anong iba pang mga pagpapala ang dumarating habang nagha-handa kayong makinig sa mga salita ng Panginoon sa pamama-gitan ng Kanyang mga lingkod? Maaari din ninyong anyayahan ang mga tinuturuan ninyo na isulat sa journal ang itinuturo sa kanila ng Espiritu sa pangkalaha-tang kumperensyang ito.

MGA KABATAAN

Paghahandang Marinig ang Tinig ng Diyos

Ipinaliwanag ni Pangulong Uchtdorf kung paanong ang unang ginawa ng Diyos matapos likhain ang lalaki at babae ay kausapin at bigyan sila ng mahalagang impormasyon at mga tagubilin. Natatanggap din natin ang gayong pagpapala tuwing Abril at Oktubre sa pangkalahatang kumperensya, kung kailan nagsasalita sa atin ang mga pinuno ng Simbahan at nagbibigay sa atin ng payo na nais ng Panginoon na marinig natin.

Narinig mo na ba ang tinig ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod sa oras ng pangkalahatang kumperensya? Nadama mo na ba na isang partikular na mensahe ang nagbigay ng kasagutang matagal mo nang hinahanap? Sa isang journal, maaari mong isulat ang karanasang iyan at kung paano ito nakatulong sa iyo. Pagkatapos ay maghandang pakinggan ang tinig ng Panginoon sa darating na kumperensyang ito sa pamamagitan ng pagsulat ng mga tanong mo at pagsasaliksik tungkol dito sa oras ng pag-aaral mo ng mga banal na kasulatan. Manalangin sa Ama sa Langit, na hinihiling na makatanggap ng mga sagot at kaalaman sa oras ng kumperensya. Habang nakikinig ka sa mga lingkod ng Panginoon, magtuon sa mga pahiwatig na matatanggap mo. Ano ang natutuhan mo? Paano ka naganyak na magbago? Isulat ang mga pahiwatig na iyon dahil iyan ang Espiritu na nangungusap sa iyo!

Laging tandaan na mahal ka ng Ama sa Langit at gagabayan ka sa tamang direksyon. Kapag nagsikap kang marinig ang Kanyang tinig sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, mapagpapala ka at mapapatatag.

MGA BATA

Maghanda para sa Kumperensya!

Gamitin ang card na ito upang makapaghanda para sa pangkalahatang kumperensya. Dalhin mo ito sa oras ng kumperensya para maisulat mo ang mga natututuhan mo.

- **Isulat ang mga tanong mo.**
  Nag-iisip ako tungkol sa . . .

- **Magdasal sa Ama sa Langit.**
  Gusto kong magpatulong na matuto tungkol sa . . .

- **Makinig sa pangkalahatang kumperensya.**
  Natutuhan ko na . . .

LARAWAN NG LAPIS MULA SA GETTY IMAGES

Ipagdasal ang Bawat Sister na Binabanggit ang Kanyang Pangalan

Ang ating pagmamahal at inspirasyon tungkol sa mga binibisita natin ay magiibayo kapag mapagkumbaba nating ipinagdasal ang bawat sister na binabanggit ang kanyang pangalan.

Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan

Ikinuwento ng isang sister na sa isang mahirap na panahon sa kanyang buhay, madalas siyang makatanggap ng tawag o simpleng text message mula sa kanyang mga visiting teacher, lalo na sa mahihirap na panahon." Tila alam nila kung kailan niya talaga kailangan ng pampalakas ng loob. Alam niya na siya ay ipinagdarasal nila, kapwa kapag bumibisita sila at sa kanilang sariling panalangin.

Ang mga banal na kasulatan ay nagbabahagi ng maraming halimbawa ng kalalakihan at kababaihang ipinagdasal ang iba na binabanggit ang kanilang pangalan. Kasama sa pinakamadula ang ama ni Nakababatang Alma. Isang anghel ang nangusap kay Nakababatang Alma, na sinasabi sa kanya na ang kanyang ama ay "nanalangin . . . nang may labis na pananampalataya hinggil sa iyo . . . ; anupa't dahil sa layuning ito ako ay naparito upang papaniwalain ka sa kapangyarihan at karapatan ng Diyos, upang ang mga panalangin ng kanyang mga tagapaglingkod ay matugon alinsunod sa kanilang pananampalataya" (Mosias 27:14).

Ang pagdarasal para sa isa't isa ay nagbubukas ng ating puso upang matanggap ang mga pagpapalang nais ibigay sa atin ng Panginoon. "Ang pakay ng panalangin ay hindi upang baguhin ang kalooban ng Diyos, kundi upang maisiguro sa ating sarili at sa iba ang mga pagpapala na nais ng Diyos na ipagkaloob, ngunit kinakailangan nating hilingin upang matanggap."[1]

"Isipin ninyo ang pinagsama nating lakas kung bawat babae ay taimtim na nagdarasal bawat araw at gabi, o kaya'y, walang tigil na nagdarasal tulad ng ipinag-uutos ng Panginoon," sabi ni Julie B. Beck, dating General Relief Society President.[2] Ang pagdarasal para sa mga binibisita natin ay nagpapalakas sa atin bilang mga indibiduwal at bilang mga babaeng Banal sa mga Huling Araw.

Sabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "[Ipagdasal] ninyong malaman ang nasa puso nila. . . . Kakailanganin ninyong malaman ang gustong ipagawa sa inyo ng Diyos para tulungan sila at gawin ang lahat ng ito, hangga't kaya ninyo, na nadarama ang pagmamahal ng Diyos sa kanila."[3]

MGA TALA

1. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Panalangin."
2. Julie B. Beck, "Ang Pinakamainam na Nagagawa ng mga Babaeng Banal sa mga Huling Araw: Pagiging Matatag at Di Natitinag," *Liahona,* Nob. 2007, 110.
3. Henry B. Eyring, "Priesthood at Personal na Panalangin," *Liahona,* Mayo 2015, 85.

Isipin Ito

Ano ang inspirasyon at mga ideyang natanggap mo kamakailan nang ipagdasal mo ang bawat sister na binibisita mo?

Paglilingkod

Sa halip na magbigay ng partikular na mensahe, ang pahina na ito ay magtatampok ng kakaibang alituntunin bawat buwan para tulungan tayong maglingkod nang mas epektibo sa bawat isa. Habang nagdarasal kayo at naghahangad ng inspirasyon, malalaman ninyo ang espirituwal na mensahe at paglilingkod na kailangan ng bawat sister.

ANG MGA VISITING TEACHER AY MGA SUGO NG DIYOS

Ni Alice C. Smith

Ang bagong seryeng ito ay nagtatampok sa buhay ng tapat na kababaihan at sa kanilang mga mensahe na sinipi mula sa aklat na *At the Pulpit: 185 Years of Discourses by Latter-day Saint Women* (2017).

Nang umakyat si Jesus sa mga tuyong burol ng Galilea o dumaan sa maalikabok na mga kalsada ng Judea, sumalubong sa Kanya ang lahat ng uri kahirapan, sakit, at pagdurusa. Nakita Niya ang makasalanang nagsisisi at di-nagsisisi. Sumalubong sa Kanya ang mga nagdurusa. At nagmula sa mga karanasang ito at sa Kanyang malawak na pang-unawa ang Kanyang mahabaging paanyayang, "Magsiparito sa akin."

Noong 1830, ipinahayag ni Propetang Joseph Smith na ang Diyos ay "siya ring hindi nagbabagong Diyos" [D at T 20:17]. Kaya nga, hindi nakakagulat na noong Hulyo 28, 1843, 16 na kababaihan ang itinalagang "hanapin ang mga maralita at nagdurusa . . . para matugunan ang pangangailangan ng lahat ng tao."[1] Labing-anim sa isang mundong milyun-milyon ang mga tao. Ngunit kinailangang magkaroon ng simula. Noong 1843, 16 na visiting teacher, ngayon [1969], mahigit 100,000; bukas 200,000; at sa makalawa dalawang milyon.

Ilang linggo pa lang ang nakalilipas, nakita ko ang isang butihing kaibigan. Maraming taon siyang naging aktibo sa Relief Society. . . . Tinanong ko siya kung ano tungkulin niya sa Simbahan ngayon. Kapansin-pansin ang sandali ng katahimikan. Pagkatapos, sumagot siya, "Ah, visiting teacher lang ako." Visiting teacher lang! Nang maghiwalay kami, naisip ko, ano kaya ang madarama niya kung sinabi sa kanya ng Tagapagligtas, "Nais kong maging sugo kita. Nais kong sabihin mo sa kababaihan [na binibisita mo] na mahal ko sila, at nag-aalala ako sa nangyayari sa kanila at sa kanilang pamilya. Nais kong tulungan mo ako, na bantayan ang mga babaeng ito, na pagmalasakitan sila upang maging maayos ang lahat sa aking kaharian." Kung nagkita kami pagkatapos ng pag-uusap na iyon, hindi kaya maiba ang kanyang sagot? Hindi ba tinawag na siya ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng Kanyang priesthood na tulad ng gagawin Niya kung magkaharap sila?

Ilan sa ating mga visiting teacher ang nag-iisip na sila ay "mga visiting teacher lang"?

Ibinigay sa visiting teacher ang malaking responsibilidad na hanapin ang mga nangangailangan. Dagdag pa rito, sasabihin niya sa lahat ng babae sa pagbisita niya na may nagmamalasakit sa kanila at na nagmamalasakit ang Diyos sa kanila.

. . . Hindi siya dapat magmadali sa huling araw ng buwan at magsabing, "May ilang minuto lang ako—alam kong nabasa mo na ang mensahe at mas alam mo ito kaysa sa akin, at hindi mo naman kailangan iyon. Kumusta ka na, at magkita tayo sa

TUNGKOL KAY SISTER SMITH

Si Alice Colton Smith (1913–2006) ay nagtapos sa Columba University noong 1934.

Sila ng kanyang asawang si Whitney ay lumipat sa Logan, Utah, USA, noong 1946 upang magaral sa Utah State University, kung saan nakuha ni Alice ang kanyang master's degree sa sociology at pagkatapos ay nakasama sa faculty. Bilang assistant professor, nagturo siya hanggang kalagitnaan ng 1970s, kung kailan nagbitiw siya upang makapagtuon sa kanyang paglilingkod sa Relief Society general board. Si Sister Smith ay tinawag na maglingkod sa Relief Society general board noong 1964, at naglingkod nang 14 na taon. Siya ay nag-ambag ng kanyang malawak at matalinong pananaw sa board.

Mula 1960 hanggang 1963, ang mga Smith ay nanirahan sa Vienna, Austria, kung saan sila natawag na itatag ang unang mission headquarters ng Simbahan sa Austria.

Ibinigay ni Alice Smith ang mensaheng ito sa officers' session ng Relief Society general conference noong Oktubre 1969; pinagpare-pareho ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga titik.

Relief Society sa susunod na linggo." Dapat ipadama ng visiting teacher ang kanyang pagmamahal na magpapala kapwa sa kanyang binisita at sa tahanan nito. . . .

. . . Bawat taon habang lumalago ang Simbahan, lalong lalaki ang pangangailangan sa mga visiting teacher. . . . Tutulong silang labanan ang kalungkutang laganap sa mundo at ang kawalan ng habag na karaniwan sa malalaking lungsod. Aalagaan nila ang mga estranghero, ang balo, ang ulila, ang sugatan, ang nababalisa, ang lahat ng babae nang may malasakit at pagmamahal. . . . Tutulong silang ibsan ang pagdurusa ng katawan, puso, at isipan. Tutulungan nila ang makasalanan at aaliwin ang nalulungkot. Dadalhin nila ang mensahe ng pagmamahal ng ebanghelyo sa lahat ng kababaihan sa buong mundo. . . .

"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

"Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan" [Mateo 11:28–30].

Pagpalain ng Diyos ang mga visiting teacher. Dahil kapag nagtutulungan ang lahat, malambot ang pamatok, at magaan ang pasan.

. . . Nawa'y laging magkaganito, ang dalangin ko. Amen. ■

TALA

1. Dating Relief Society Handbook, p. 29. Tingnan sa *Handbook of the Relief Society of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints* (1931), 29.

LARAWAN NI SISTER SMITH SA KAGANDAHANG-LOOB NG KANYANG PAMILYA; KUWADRO MULA SA GETTY IMAGES

KUNG SAAN TAYO MAKASUSUMPONG NG KAGINHAWAHAN

Ni Nettie H. Francis

Ang Relief Society ay isang lugar kung saan maaari at dapat makasumpong ng kaginhawahan ang lahat ng kababaihan habang pinangangalagaan, pinaglilingkuran, at minamahal nila ang isa't isa.

Noong nakatira kami ng aking pamilya sa Las Vegas, Nevada, USA, naglingkod ako sandali bilang ward Relief Society president. Lumakas ako sa magandang pagsasamahan namin ng mabubuting sister sa aming ward. Gustung-gusto kong magplano ng nakasisiglang mga aktibidad, mangasiwa sa Relief Society, dumalo sa mga miting kasama ang mga lider ng ward, at maglingkod sa mga pamilya.

Gumugol ako ng maraming oras sa pagbisita sa mga tahanan para kausapin ang mga sister. Pinaglingkuran ko rin ang mga nanay na pagod, maysakit, o nahihirapan—mga babaeng nangailangan ng pag-alo, kapwa sa espirituwal at sa pisikal. Nadama ko ang kasiyahan at pangangailangan sa akin sa labas ng mga responsibilidad ko bilang ina na may anim na anak.

Pagkatapos ay biglang nagbago ang buhay ko.

Tinanggap ng asawa ko ang promotion sa trabaho sa ibang estado. Sa loob ng isang buwan nag-empake kami at nilisan namin ang aming tahanan sa mainit na Las Vagas at lumipat sa isang maliit na paupahang bahay sa malamig na Casper, Wyoming. Sa linggo ring iyon ng aming paglipat, natuklasan ko na buntis ako—at kambal pa!

Noong gabing dumating kami sa inupahan naming bahay, nagkasakit ako nang malubha. Naaalala ko na nakahiga lang ako sa kama at halos hindi makagalaw habang pinanonood ko ang aking asawa na inaasikaso ang aming mga anak at ibinababa ang mga gamit namin mula sa van. Iyon ang simula ng pinakamahirap na pisikal na hamon sa buhay ko. Sa sumunod na apat na buwan, lagi kong isinusuka ang kinakain ko at wala akong sapat na lakas para pagsilbihan ang pamilya ko, para alagaan ang mga anak namin, at—kung minsan—para magluto.

Nang makagamay na ang asawa ko sa bago niyang trabaho, nakagamay rin ako sa bagong bayan namin at inenrol ko ang apat sa mga anak namin sa eskuwela. Ang maliit na inuupahan namin ay masikip, at ilang linggo kaming tumira sa isang magulong bahay. Inihahatid ko ang mga anak naming nag-aaral hanggang sa labas ng pintuan tuwing umaga pagkatapos ay pinalilipas ko ang maghapon na nakaupo sa sopa habang naglalaro sa malapit ang dalawang maliliit naming anak.

Isang umaga nang pumasok na ang mga bata sa eskuwela, tumunog ang doorbell. Binuksan ng isa sa maliliit kong anak ang pinto, at naroon ang isang sister mula sa Relief Society presidency ng aming bagong ward. May hawak siyang basket ng kung anu-ano at kasama niya ang kanyang anak na babae. Pumunta siya para batiin ako sa paglipat namin sa ward.

Napahiya ako.

Naroon ako, naka-pajama pa, nakahiga sa sopa at may katabing balde. Naglalaro ang dalawang maliliit kong anak sa magulong sahig sa gitna ng

PAGLALARAWAN NI EMILY SHAY

NAROON PARA SA ISA'T ISA

"Ang pagiging magkakapatid ay nagpapahiwatig na may nagbibigkis sa atin na hindi makakalag. Ang magkakapatid ay pinangangalagaan ang isa't isa, iniingatan ang isa't isa, inaaliw ang isa't isa, at naroon para sa isa't isa anuman ang mangyari."

Bonnie L. Oscarson, Young Woman General President, "Kapatiran ng Kababaihan: Ah, Kailangang-Kailangan Natin ang Isa't Isa," *Liahona*, Mayo 2014, 119.

mga kahon na hindi pa nabubuksan.

Pumasok ang butihing sister na ito at ibinaba ang kanyang basket sa isang sulok ng mesa. Pagkatapos ay umupo siya sa magulo naming sala at kinausap ako—at nagtanong tungkol sa akin at sa aming pamilya.

Habang nag-uusap kami, hiyang-hiya ako. Isang buwan lang bago iyon, ako ang nasa kalagayan niya, bumibisita at nag-aalok ng tulong sa iba. Ngayo'y nabaligtad ang sitwasyon. Nakahilata ako sa isang magulong bahay at kailangang-kailangan ko ng tulong. Malungkot ako, hirap na hirap, at nahaharap sa isang sitwasyong hindi ko makayanan. Isa ako sa mga sister na nangailangan ng tulong. Mabisang ipinaalala kaagad sa akin ng Panginoon na kailangan ko Siya at ang tulong na ibinigay Niya sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod.

Pagkaalis niya, nakaginhawa at nagbigay-pag-asa sa akin ang makita ang dala niyang basket na nasa ibabaw ng mesa ko. Nang sumunod na ilang linggo, ninamnam ko ang laman ng basket at nagpasalamat ako sa lumalagong pagkakaibigan namin nang paulit-ulit siyang bumisita, na nag-aalok ng tulong at suporta sa mahihirap na buwang iyon. Nagkaroon ako ng bagong pagpapahalaga sa pag-asa at ginhawang maihahatid ng isang sister sa iba.

Ilang buwan kalaunan bumili kami ng bahay na sapat ang laki para sa lumalaki naming pamilya. Nagtapos ang mahirap kong pagbubuntis sa pagsilang ng dalawang magagandang anak. At naging malapit kong kaibigan ang mabait na Relief Society sister na iyon at patuloy niya akong pinalalakas at pinasisigla sa kanyang patotoo at halimbawa. Madalas kong pinagmumuni-muni ang mahirap na umagang iyon ng una niyang pagbisita at nagpapasalamat ako na ginampanan niya ang kanyang tungkulin.

Pinatototohanan ko na "tayong lahat ay mga pulubi" sa harap ng Diyos (tingnan sa Mosias 4:19). Maaaring magbago ang ating sitwasyon anumang sandali, na magbibigay sa atin ng bagong pagkaunawa kung gaano tayo umaasa sa ating Ama—at sa mga naglilingkod sa atin para sa Kanya. Alam ko na ngayon nang higit kaysa rati na ang Relief Society ay isang lugar kung saan lahat ng sister sa lahat ng sitwasyon ay maaari at dapat makasumpong ng kaginhawahan sa pangangalaga, paglilingkod, at pagmamahal nila sa isa't isa. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG OKTUBRE 2017

"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).

Habang nirerebyu ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2017, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa nakaraan at darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.

TAMPOK NA DOKTRINA

Sagradong Panahon at Lugar

"Ang araw ng Sabbath at ang templo, ayon sa pagkabanggit, ay *sagradong panahon* at *sagradong lugar* na sadyang itinalaga para sa pagsamba sa Diyos at sa pagtanggap at pag-alaala sa Kanyang napakadakila at mahahalagang pangako sa Kanyang mga anak. Dahil itinatag ng Diyos, ang mga pangunahing layunin ng dalawang banal na mapagkukunan ng tulong na ito ay magkatulad: ang ituon nang lubos at paulit-ulit ang ating pansin sa ating Ama sa Langit, sa Kanyang Bugtong na Anak, sa Espiritu Santo, at sa mga pangakong nauugnay sa mga ordenansa at mga tipan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ng Tagapagligtas.

"Higit sa lahat, ang tahanan dapat ang tunay na kombinasyon ng *panahon at lugar* kung saan pinaka-naaalala ng mga indibiduwal at pamilya ang napakadakila at mahahalagang pangako ng Diyos."

Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Napakadakila at Mahahalagang Pangako," *Liahona,* Nob. 2017, 92–93.

ANG ATING BANAL NA KAHALAGAHAN

"Pagtitibayin ng Espiritu sa bawat isa sa atin ang ating banal na kahalagahan. . . .

"Ipaliliwanag ko sa inyo ang pangangailangang masabi ang pagkakaiba ng dalawang mahalagang salita: *halaga* at *pagkamarapat*. Hindi sila magkapareho. Ang ibig sabihin ng espirituwal na *halaga* ay pahalagahan ang ating sarili ayon sa pagpapahalaga sa atin ng Ama sa Langit, hindi ayon sa pagpapahalaga sa atin ng mundo. Tukoy na ang ating halaga bago pa tayo pumarito sa mundong ito. . . .

"Sa kabilang dako, ang *pagkamarapat* ay nakakamtan sa pamamagitan ng pagsunod. Kung nagkasala tayo, hindi tayo gaanong karapat-dapat, ngunit hindi kailanman nababawasan ang ating halaga! Patuloy tayong nagsisisi at nagsisikap na maging katulad ni Jesus nang hindi tayo nawawalan ng halaga. . . . Anuman ang mangyari, palagi tayong may halaga sa paningin ng ating Ama sa Langit. . . .

". . . Kung ang pagmamahal na nadarama natin para sa Tagapagligtas at sa ginawa Niya para sa atin ay higit pa sa lakas na ibinibigay natin sa mga kahinaan, pagdududa sa sarili, o masasamang gawi, tutulungan Niya tayong madaig ang mga bagay na nagsasanhi ng pagdurusa sa ating buhay. Inililigtas Niya tayo mula sa ating sarili."

Joy D. Jones, Primary General President, "Halagang Hindi Masusukat," *Liahona,* Nob. 2017, 14, 15.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bumisita sa **conference.lds.org.**

MGA PANGAKO NG PROPETA

TANDAAN KUNG SINO KAYO

"Tandaan na kayo ay nagmula sa maharlikang tahanan sa kaharian ng Diyos, mga anak ng mga Magulang sa Langit, na naghahari sa buong sansinukob.

"Nasa inyo ang espirituwal na DNA ng Diyos. Kayo ay may kakaibang mga kaloob na nagmula sa espirituwal na paglikha sa inyo at lumago ang mga iyon bago kayo isinilang. Kayo ay anak ng ating maawain at walang-hanggang Ama sa Langit, ang Panginoon ng mga Hukbo, ang Lumikha ng sansinukob, nagpakalat ng umiinog na mga bituin sa buong kalawakan, at naglagay ng mga planeta sa kanilang nakatalagang mga orbit.

"Kayo ay nasa Kanyang mga kamay.

"Napakabuting mga kamay.

"Mapagmahal na mga kamay.

"Mapagmalasakit na mga kamay.

"At hindi iyan mababago ng anumang sinasabi ng sinuman tungkol sa inyo. Ang kanilang mga salita ay walang kabuluhan kumpara sa sinabi ng Diyos tungkol sa inyo.

"Kayo ay pinakamamahal Niyang anak.

"Mahal Niya kayo.

"Magkamali man kayo, tumalikod man kayo sa Kanya, mahal kayo ng Diyos. Kung pakiramdam ninyo ay nawawala kayo, napabayaan, o nakaligtaan—huwag matakot. Hahanapin kayo ng Mabuting Pastol. Papasanin Niya kayo sa Kanyang mga balikat. At iuuwi Niya kayo."

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Tatlong Magkakapatid na Babae," *Liahona,* Nob. 2017, 17.

MGA KAPATID, PAGLIWANAGIN ANG INYONG ILAW

"Kapag sumusunod kayo sa mga kautusan [ng Diyos], magagamit Niya kayo sa Kanyang gawain. Ang Kanyang gawain at kaluwalhatian ay ang kadakilaan at buhay na walang hanggan ng kababaihan at kalalakihan.

"Nananawagan sa atin ang mga propeta, mga kapatid. Magiging matwid ba kayo? Malinaw ba ninyong maipaliliwanag ang inyong pananampalataya? Makakaya ba ninyong maging natatangi at naiiba? Ang inyo bang kaligayahan sa kabila ng inyong mga pagsubok ay mag-aanyaya sa ibang mabubuti at mararangal at nangangailangan ng inyong pakikipagkaibigan? Pagliliwanagin ba ninyo ang inyong ilaw? Pinatototohanan ko na ang Panginoong Jesucristo ay mangunguna sa atin at makakasama natin."

Sharon Eubank, Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency, "Pagliwanagin ang Inyong Ilaw," *Liahona,* Nob. 2017, 9.

PUNAN ANG PUWANG

Gamitin ang isyu ng Nobyembre 2017 o bisitahin ang conference.lds.org para mabasa ang iba pang sinabi ng mga tagapagsalitang ito.

1. "Tutulungan tayo ng Ama sa Langit na mahalin kahit ang mga taong iniisip nating hindi kanais-nais, kung _____ tayo ng tulong sa Kanya." —Neill F. Marriott, "Pagsunod sa Diyos at Pag-alis ng Agwat."
2. "Marami sa atin ay nasa kahanga-hangang paglalakbay ng _____. . . . Itanong ninyo sa inyong sarili: Ano ang iyong huling destinasyon? . . . Ang iyong paglalakbay ba ay patungo sa 'pagkarami-raming pagpapala' na ipinangako ng Tagapagligtas?" —M. Russell Ballard, "Patuloy ang Paglalakbay!"
3. "Ang Aklat ni Mormon ay isa sa mga kaloob ng Diyos sa atin na walang katumbas ang kahalagahan. Ito ay kapwa espada at kalasag—ipinadadala nito ang salita ng Diyos sa digmaan para ipaglaban ang mga puso ng mga matwid at nagsisilbing pangunahing _____ ng katotohanan." —Tad R. Callister, "Makapangyarihang Saksi ng Diyos: Ang Aklat ni Mormon."

Mga sagot: 1. hiniingi; 2. pagtuklas; 3. tagapagtanggol

ANG DAHILAN NG ATING PAG-ASA

Ang Ama sa Langit ay may walang-hanggang plano para makauwi kayo sa Kanya. Noon pa man ay kasama mo na ang Kanyang Anak na si Jesucristo at patuloy ka Niyang sasamahan sa bawat hakbang.

BUHAY BAGO TAYO ISINILANG

Sa buhay bago tayo isinilang, inilahad ng Ama sa Langit sa lahat ng Kanyang espiritung anak ang Kanyang plano na tulungan tayong maging katulad Niya. Kailangan sa plano ang isang Tagapagligtas na tutulong sa atin na madaig ang pisikal at espirituwal na kamatayan. Sinabi ni Jesucristo na handa Siyang maging Tagapagligtas natin at ibigay ang kaluwalhatian sa Ama sa Langit (tingnan sa Moises 4:1–2).

PAGLIKHA

Sa pamamahala ng Kanyang Ama, lumikha si Jesucristo ng isang magandang mundo para sa atin (tingnan sa Mga Taga Colosas 1:15–16; 3 Nephi 9:15). "Ang lawak ng kawalang-hanggan, ang mga kaluwalhatian at hiwaga ng walang-katapusang kalawakan at panahon ay nilikha para sa kapakinabangan ng mga pangkaraniwang taong tulad natin" (Dieter F. Uchtdorf, "Mahalaga Kayo sa Kanya," *Liahona,* Nob. 2011, 20).

BUHAY SA LUPA

Sa lupa hindi na natin kasama ang Diyos, ngunit magagabayan tayo ng ebanghelyo ni Jesucristo. Bagama't nagkakasala tayo paminsan-minsan, mapapagaling at mapapatawad tayo ng Tagapagligtas kapag nagsisi tayo. Siya ay nagdusa "nang higit sa matitiis ng tao" (Mosias 3:7) upang madaig natin ang ating mga kasalanan nang hindi hinahatulan dahil sa mga ito! (Tingnan sa Mosias 4:2; Alma 42:14–15.)

KABILANG-BUHAY

Sa kamatayan, ang ating espiritu at katawan ay naghihiwalay, at maghihintay sa Pagkabuhay na Mag-uli sa daigdig ng mga espiritu. Nadaig ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo ang kamatayan para sa ating lahat, at kung tayo ay magiging matapat, makakasama nating muli ang ating pamilya at ang Ama sa Langit. "Ang espiritu at ang katawan ay magsasamang muli sa kanyang ganap na anyo" (Alma 11:43) at mabubuhay magpakailanman. (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:22; 2 Nephi 9:4–13.)

ARAW NG PAGHUHUKOM

Si Jesucristo ang magiging hukom natin. Siya na ating tagapamagitan sa Ama sa Langit ay magbibigay ng perpekto, mapagmahal, maawain, at makatarungang paghatol. Hahatulan Niya tayo hindi lamang dahil sa ating ginawa, sinabi, at inisip kundi dahil sa ating kinahinatnan—kung gaano tayo katulad ni Cristo. (Tingnan sa 2 Nephi 9:15; Mosias 4:30; D at T 45:3–5.)

BUHAY NA WALANG HANGGAN

Ang mga lumalapit kay Cristo at tumatanggap ng lahat ng kinakailangang ordenansa, tulad ng binyag at mga ordenansa sa templo, at tapat sa mga kautusan ay magmamana ng buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos. Ang pagpapalang ito ay dumarating "sa pamamagitan ng kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas" (2 Nephi 2:8; tingnan din sa Mosias 15:23).

PAGSIKAT NG ARAW

Ni Don Jensen

Hindi nagtatapos ang lahat sa buhay na ito; may malaking kagandahan at kaligayahan at kagalakan pang darating.

Malamig at maganda ang panahon sa madaling araw ng taglamig na iyon nang simulan ko ang mga gawain sa aking dairy farm. Nabagabag ang aking isipan nang pagnilayan ko ang mga pangyayari noong nakaraang linggo. May trahedyang nangyari sa aming munting lambak. Isang kaibigan ko noong high school, pati na ang kanyang musmos pang anak na lalaki, kanyang tinedyer na anak na babae, at tatlo sa kanyang mga kaibigan ang namatay sa isang malagim na aksidente sa sasakyan. Kaibigan ng mga anak ko ang mga kabataang babaeng kasama sa aksidenteng iyon. Buong linggong ipinagluksa ng aming pamilya, at ng maraming iba pa, ang trahedyang ito na kasama ng mga pamilya ng mga biktima. Tatlong libing na ang nadaluhan namin noong linggong iyon at dadalo kami sa huling libing, para sa ama at sa kanyang dalawang anak, ngayon.

Nahirapan akong sagutin ang dalawang mahihirap na tanong nang luminaw at matanggap ko ang nangyari.

Una, nagdalamhati ako para sa mga kabataang ito at napaisip kung bakit sila kinuha bago nila maranasan ang napakaraming bagay sa buhay na ito. Hindi na sila lalaki, mag-aasawa, magmimisyon, magkakaanak, at makakaranas ng napakaraming iba pang kagalakan sa buhay na ito.

Pangalawa, bagama't nadama ko na nais naming lahat sa komunidad na bigyan ng kapanatagan ang mga pamilyang ito, tila wala kaming magawa para ibsan ang kanilang dalamhati.

Habang nasa trabaho, nasorpresa ako nang bumisita ang biyenang lalaki ng namatay kong kaibigan. Bilang kapwa rantsero, na walang katapusan ang trabaho, kinailangan niyang bumili kaagad ng isang guya. Pagkatapos ng transaksyon, saglit kaming nag-usap tungkol sa kalagayan nila ng kanyang pamilya. Binanggit ko na nais kong makatulong sa kanila sa anumang paraan. Wala akong nagawa para ibsan ang sakit na kanilang nadarama. Ngunit humanga ako na kalmadong-kalmado at payapang-payapa siya sa kabila ng pinagdaraanan ng kanyang pamilya.

Bigla kong napagtanto na ang sagot sa isa sa mga tanong ko ay nariyan lang pa. Matagal akong nagalala kung paano papanatagin ang mga kaibigan kong nagdadalamhati, at nalimutan ko na ang tunay na kapanatagan at kapayapaan ay

nagmumula sa Espiritu Santo. Ang mga pamilyang ito ay nabiyayaan ng dagdag na kapanatagang iyon mula sa Ama sa Langit na tanging Siya ang makapagbibigay. Alam kong tumanggap sila ng kapanatagan ng Panginoon, na binanggit sa Aklat ni Mormon:

"Kanya kayong aaluin sa inyong mga paghihirap, at kanyang isasamo ang inyong kapakanan . . .

"O kayong lahat na may dalisay na puso, itaas ninyo ang inyong mga ulo at tanggapin ang kasiya-siyang salita ng Diyos, at magpakabusog sa kanyang pagmamahal; sapagkat maaari ninyong gawin ito, kung matatag ang inyong mga isipan, magpakailanman." (Jacob 3:1–2).

Matapos kaming magpaalam sa isa't isa, lumabas ako ng kamalig at napansin ko ang paglubog ng bilog na buwan sa kalangitan sa kanluran. Napakagandang tanawin niyon. Pagkatapos ay lumingon ako at nakita ko ang pagsikat ng araw sa silangan. Ang buong kalangitan ay para bang buhay na buhay dahil makulay ito. Ang paglubog ng buwan ay kaakit-akit; ang pagsikat ng araw ay napakaganda. Nang tumigil ako para pag-isipan ang pagkakaibang ito, napagtanto ko na gaano man kaganda at kasaya ang buhay natin sa lupa, hindi ito maihahambing sa kagandahan at kaligayahang naghihintay kapag tayo ay tapat at masunurin. Napagtanto ko rin na wala talagang nawala sa mga namatay. Naging matatag sila sa buhay nila sa lupa at patuloy silang magkakaroon ng mas magaganda at masasayang karanasan.

Kalaunan noong araw na iyon, dumalo kami ng pamilya ko sa huling libing. Nagpulong kami noong araw na iyon sa punung-punong tabernakulo, na talagang umaapaw sa dami ng tao dahil sa suporta ng buong komunidad. Noong araw na iyon at ilang panahon pa pagkaraan, nakaranas ang mga tao sa aming lambak ng isang naiibang kapayapaan. Mas humigpit ang yakap ng mga magulang sa kanilang mga anak, at napagtanto namin na ang buhay natin sa lupa ay maikli at kailangan nating ipahayag nang mas madalas ang ating pagmamahal sa pamilya at mga kaibigan. Naalala ko ang pagmamahal ng Panginoon sa atin at ang kagandahan ng plano ng kaligtasan. Hindi nagtatapos ang lahat sa buhay na ito; may malaking kagandahan at kaligayahan at kagalakan pang darating. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Idaho, USA.

LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES



Ni Elder Quentin L. Cook
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

KAPAG ANG MASAMA AY MUKHANG MABUTI AT ANG MABUTI AY MUKHANG MASAMA

Lubhang kinakalaban at pinagmumukhang masama ng kaaway ang mga pagpapalang hatid ng pamumuhay ayon sa plano ng Ama.

Ang isa sa mga pinakatusong ginagawa ng kaaway para sirain ang plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit ay ang kanyang nakapanlilinlang na turo na walang masamang impluwensya o diyablo (tingnan sa 2 Nephi 28:22) at ang pagtatangka niyang pagmukhaing mabuti ang masama at masama ang mabuti, liwanag ang kadiliman at kadiliman ang liwanag, at matamis ang mapait at mapait ang matamis! (tingnan sa 2 Nephi 15:20).

Ito ay tinatawag kung minsan na paradigm shift o pagbabago ng pananaw—"kapag ang karaniwang paraan ng pag-iisip o paggawa ng isang bagay ay pinalitan ng bago at ibang paraan,"[1] sa gayo'y nagpapakita na ang mga bagay-bagay ay kabaligtaran mismo ng kung ano talaga ang mga ito. Sa kanyang nobelang *The Screwtape Letters,* sumulat si C. S. Lewis mula sa pananaw ng isang nakatatandang diyablo. Binaligtad ni Lewis ang tradisyonal na mga pinahahalagahan gamit ang kabalintunaan at satiriko para pagmukhaing mabuti ang masama at masama ang mabuti.[2]

Sa gayon ding paraan, ilang buwan pa lamang ang nakararaan, nagkaroon ako ng nakakapukaw na pakikipag-usap sa isang eksperto sa advertising na kilala sa buong mundo. Pinag-usapan namin ang impluwensya ng kasamaan at mga resulta ng mga maling pagpili.

Nakaisip siya ng isang kunwa-kunwariang salaysay tungkol sa pakikipag-usap ni Lucifer sa isang advertising agency. Ipinaliwanag ng kaaway ang kanyang problema: sila ng kanyang mga kaanib ay nagrebelde at tinanggihan ang plano ng Ama at naunawaan nila na hindi nila kayang manaig laban sa Diyos. Naunawaan ni Lucifer na samantalang ang plano ng Ama ay tungkol sa kagalakan at kaligayahan, ang kanyang sariling plano ay nauwi sa kalungkutan at paghihirap. Ang problema, paliwanag ni Lucifer sa adexecutive, ay kung paano mang-aakit ng mga kaanib.

Natukoy nila na ang tanging pag-asa niya para magtagumpay ay magbago ng pananaw o baligtarin ang mga pinahahalagahan—sa madaling salita, ipakita na ang plano ng Ama ay nauuwi sa kalungkutan at paghihirap at ang plano naman ni Lucifer ay nauuwi sa kagalakan at kaligayahan.

Ang kunwa-kunwariang pagpupulong na ito ay may kapaki-pakinabang na layunin. Ang totoo, hindi lamang tinatangkang pasamain ng mga kumakalaban sa plano ng Ama ang mga doktrina at alituntunin ng planong ito, tinatangka rin nilang pagmukhaing masama ang mga pagpapalang hatid ng planong iyon. Ang pangunahing pinagsisikapan nilang gawin ay pagmukhaing kaaba-aba ang mabuti, matwid, at masaya.

Itinataguyod ng Word of Wisdom ang makabuluhang mga kagawiang pangkalusugan na may pangako na ang mga sumusunod sa utos na ito ng Diyos ay " tatanggap ng kalusugan . . . at makatatagpo ng karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman."

Tatalakayin ko ang ilan sa mga ginagawa ng kaaway para pagmukhaing masama at pasamain ang mga pagpapalang hatid ng pamumuhay ayon sa plano ng Ama.

Word of Wisdom

Sa buong buhay ko, nakita ko na ang buhay ng marami sa mga kaibigan ko na sinira at kung minsan ay winasak ng alak. Ang pag-inom ng alak ay hindi lamang tungkol sa doktrina ng Simbahan; tungkol din ito sa kalusugan at kaligayahan ng lahat. Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay maaaring maging kinatawan ng kabutihan sa pagtuturo sa lipunan tungkol sa mga resulta ng isyung ito.

Sa plano ng Ama, ang Word of Wisdom—na ibinigay dahil sa "masasama at mga pakana . . . ng mga nagsasabwatang tao"—ay naglalaan ng mga alituntunin ng kalusugan. Ito ay "iniangkop sa kakayahan ng mahihina at ng pinakamahihina sa lahat ng banal." Nagtatakda ito ng mga detalye, kabilang na ang pagsasabi na ang "alak o matapang na inumin . . . ay hindi mabuti." Ang tabako at maiinit na inumin (tsaa at kape) "ay hindi para sa katawan" (D at T 89:4, 3, 5, 8–9).

Itinataguyod din ng paghahayag na ito ang mabubuting kaugalian sa kalusugan na may kaakibat na pangako. Ipinapangako nito na ang mga sumusunod sa kautusang ito ng Diyos ay "tatanggap ng kalusugan . . . at makatatagpo ng karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman" (D at T 89:18–19).[3]

Ang pagbabaluktot na ginagamit ng kaaway ay malinaw na inilarawan sa kanyang pagtangkilik sa tabako at alak.

Maging ang kunwa-kunwariang advertising agency ay mahihirapang pagmukhaing maganda ang tabako ngayon. Natanggap ni Propetang Joseph Smith (1805–44) ang Word of Wisdom sa pamamagitan ng paghahayag noong 1833. Noong 1921, si Pangulong Heber J. Grant (1856–1945), na binigyang-inspirasyon ng Panginoon, ay nananawagan sa lahat ng Banal na mas lubos na ipamuhay ang Word of Wisdom.[4] Noon, ang pagbebenta sa masa at pang-aakit sa mga pelikula ay pinagmukhang sunod sa uso, sopistikado, at nakakatuwa ang paninigarilyo. Noong lamang 1964, makalipas ang 43 taon, idineklara ng Surgeon General ng Estados Unidos na, "Ang paninigarilyo ay isang matinding panganib sa kalusugan sa Estados Unidos kaya kailangan itong mabigyan ng angkop na solusyon."[5]

Ang estadistika ngayon tungkol sa paninigarilyo ay hindi maikakaila. Ang mga naninigarilyo ay mas malamang na magkaroon ng sakit sa puso, stroke, at kanser sa baga kaysa mga hindi naninigarilyo. Ang paninigarilyo ay tinatayang pinatataas nang 25 beses ang posibilidad na magkaroon ng kanser sa baga.[6]

Kaya ang ipinakita ng kaaway na uso, sopistikado, at nakakatuwa sa katunayan ay humantong na sa pagdurusa at maagang pagkamatay ng milyun-milyong tao.

Ang alak ay isa pang halimbawa. Sa loob ng maraming taon sinubaybayan ko ang isang proyekto sa pagsasaliksik na nagsimula noong 1940s. Noong una, panaka-nakang pinag-aralan ang buong buhay ng 268 kalalakihang

nag-aaral sa Harvard University. Kalaunan, ang iba pa, pati na ang mga babae, ay naging bahagi ng pag-aaral. Ang mithiin ng orihinal na pag-aaral ay upang alamin ang tungkol sa tagumpay at kaligayahan.

Ang pag-aaral na ito ay may tatlong mahahalagang kabatiran. Una, ang kaligayahan ng matatanda ay may malaking kaugnayan sa kaligayahan sa pamilya habang bata pa, lalo na sa pagmamahal at pagsuyo ng mga magulang.[7] Ang pangalawa ay ang kahalagahan ng isang malusog at matatag na pagsasama ng mag-asawa sa habambuhay na kaligayahan.[8] Ang pangatlo ay ang negatibong epekto ng alak sa tagumpay at kaligayahan sa pagsasama ng mag-asawa at sa buhay. Ang pagkalulong sa alak ay nakakaapekto sa isa sa bawat tatlong pamilya sa Estados Unidos at sa isa sa bawat apat na naoospital. Malaki ang ginagampanan nito sa pagkamatay, masamang kalusugan, at kawalan ng nararating ng mga tao.[9]

Kamakailan, iniulat sa isang artikulo sa unang pahina ng *Washington Post* batay sa U.S. federal health data na "ang kababaihan sa Amerika ay mas marami at mas madalas uminom ng alak kaysa kanilang ina o lola, at ang pag-inom ng alak ay kumikitil sa mas maraming buhay." Nagtapos ang artikulo sa pagsasabing,"ang kasalukuyan at ang umuusbong na siyensya ay hindi sumusuporta sa pinaniniwalaang mga pakinabang ng paminsan-minsang pag-inom ng alak" at na "ang panganib na mamatay sa kanser ay mukhang tumitindi sa pag-inom ng alak, gaano man ito karami."[10]

Sa nakaraang ilang taon, maraming unibersidad sa buong mundo ang nagsusumikap na pabawasan ang pag-inom ng alak dahil sa kaugnayan nito sa masasamang gawain laban sa lipunan, kabilang na ang seksuwal na pang-aabuso at mga seryosong banta sa kalusugan, lalo na dahil sa sobra-sobrang pag-inom ng alak. Ang napakasamang epekto ng alak sa utak ng mga kabataan ay napatunayan na ng medisina.[11]

Sa pagtalakay sa pangunahing problema sa kalusugan, hindi ko sinubukang banggitin ang iba pang delikadong ibinubunga ng pag-inom ng alak tulad ng aksidente habang nagmamaneho nang nakainom, kalalakihang binibigyang-katwiran ang pisikal at seksuwal na pag-aabuso dahil sa pagkalango sa alak, at mga epekto sa utak ng mga sanggol dahil sa pag-inom ng alak ng kababaihan habang nagdadalantao.[12]

Tila baga hindi pa sapat ang kasamaang dulot ng paninigarilyo, pag-inom ng alak, at di-tamang paggamit ng mga gamot[13] sa ating lipunan, nakikita natin ngayon ang mga puwersa ng kasamaan na nagtutulak na gawing legal ang paggamit ng marijuana bilang libangan.

Mga Pagpili ng Pamilya

Gayon din ang pattern na sinusunod ng mga pamilya sa kanilang mga pagpili. Sa plano ng Ama, ang tungkulin ng mga pamilya ay malinaw na itinakda.

Sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," mababasa natin: "Ang mag-anak ay inorden ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano. Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo, at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo."[14]

Karaniwan na sa mundo ngayon, sa isa pang pagbabago ng pananaw, na pagmukhaing positibo ang mga pagpiling salungat sa planong ito at hindi nakakabuti sa pag-aasawa at pagpapamilya:

- Ang pagpili kapwa ng kababaihan at ng kalalakihan na unahin ang pag-aaral at trabaho kaysa pag-aasawa at pagpapamilya.
- Ang pagpiling sadyang hindi magkaanak o kaunti lamang ang maging anak[15] o wakasan ang pagdadalantao kapag ito ay nakakasagabal.
- Ang pagpiling gumawa ng imoral na gawain bilang kapalit ng sagradong institusyon ng kasal.

Inatake na ng kaaway ang kababaihan at pinagmukhang walang halaga at nakababagot ang pagiging ina. Inatake na ng kaaway ang kalalakihan sa pagsasabing hindi mahalaga ang pagiging ama at ang pagiging tapat sa asawa ay "makaluma na." Ang pagpiling mapag-isa at ituring ang ibang tao bilang isang bagay na nililikha ng pornograpiya ay isang halimbawa ng imoral na gawain na ipinapalit sa sagradong institusyon ng kasal. Binibigyang-diin nito ang nakakatakot na hangarin ng kaaway na patalikurin ang mga tao sa katotohanan at kabutihan.

Ang di-angkop na mga alternatibong pagpili ay pinagmumukhang angkop sa pagtulong na makamtan ang mga makamundong mithiin na maging malaya at pantay-pantay. Dahil sa ganitong mga pagpili, ang karaniwang dami ng ipinanganganak ng isang babae sa buong buhay niya ay kapansin-pansing bumababa. Tinatayang 46 na porsiyento ng mga tao sa mundo ang nakatira sa mga bansa kung saan ang karaniwang bilang ng mga sanggol na isinisilang ay wala pang 2.1—ang bilang na kailangan para manatiling matatag ang populasyon. Karamihan sa mga bansa sa Europe at Asia ay mas mababa pa rito. Ang mga sanggol na

isinisilang sa Italy at Japan ay parehong nasa 1.3. Inaasahang bababa sa 100 milyon ang populasyon ng Japan mula sa 120 milyon pagsapit ng taong 2050.[16]

Ang pagbaba ng populasyon sa buong mundo ay inilarawan bilang isang "demographic winter [negatibong antas ng paglago ng populasyon]."[17] Maraming bansa ang walang sapat na mga batang papalit sa henerasyon na malapit nang mamatay.

Ibabahagi ko sa inyo ang isa pang bagay na ikinababahala ko. May nakalulungkot na karanasan ako sa Jerusalem noong 2016 sa Children's Memorial, na bahagi ng World Holocaust Remembrance Center. Kami ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, kasama ang dalawang pinunong Amerikanong Judio, ay nag-alay ng remembrance wreath. Pinaniniwalaan na mahigit isang milyong batang Judio ang pinatay noong Holocaust.[18]

Nang libutin ko ang museum, nabagbag ang kalooban ko. Habang nakatayo ako sa labas para bumalik ang aking kahinahunan, pinagnilayan ko ang nakasisindak na karanasan at bigla kong natanto na sa Estados Unidos pa lang, ang mga sanggol na ipinalalaglag kada dalawang taon ay kasindami ng pinatay na mga batang Judio sa Holocaust noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.[19]

Pinatay ang mga batang Judio dahil sila ay mga Judio, at wala itong kalintulad sa buong kasaysayan, ngunit ang sidhi ng damdamin ko ay tungkol sa pagkawala ng mga bata. Ang pagsilang ng mga bata rito sa mundo ay sagradong bahagi ng plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit. Labis tayong walang pakiramdam at natatakot sa dami ng nagpapalaglag kaya sinusubukan ng marami sa atin na iwaksi ito at kalimutan na lang. Malinaw na inaatake ng kaaway ang halaga ng mga bata sa maraming paraan.

Ang isyu tungkol sa pagpapalaglag ay kailangang harapin nang buong ingat. Ito ang problema na malamang ay hindi malulutas sa paghatol sa sarili o sa mapanghusgang pagpaparatang. Ang ilan ay nagbabala na huwag husgahan ang isang barko—o ang kalalakihan o kababaihan—nang hindi nauunawaan ang haba ng biyahe at ang mga unos na pinagdaanan nito.[20] Idaragdag ko rin, marami sa mga gumagawa ng napakasamang gawaing ito ang walang patotoo tungkol sa Tagapagligtas o kaalaman tungkol sa plano ng Ama.

Gayunpaman, para sa mga naniniwala na mananagot tayo sa Diyos—at kahit para sa mga taong hindi natin kasapi—napakalala na nito. Kapag isinama ninyo ito sa demographic winter na katatalakay lang natin, malaking problema ito sa moralidad ng ating lipunan.

Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985): "Ang dakilang kaligayahan sa pagsasama ng mag-asawa ay lubhang nakabatay sa isang pangunahing bagay—ang pagkakaroon at pagpapalaki ng mga anak. . . . Hindi maaaring payagan ni pahintulutan ng Simbahan . . . ang mga gawaing . . . lubos na naglilimita sa laki ng pamilya."[21]

Tungkol naman sa bilang at agwat ng mga anak, kailangang isaalang-alang dito ang kalusugan ng ina, at desisyunan ito ng mga mag-asawa nang may panalangin.[22] Ang gayong mga desisyon ay hindi dapat husgahan ng mga hindi kasapi ng Simbahan. Ang ilang matatapat na Banal ay hindi nagkakaanak o maaaring walang pagkakataong makapag-asawa. Tatanggapin nila ang bawat pagpapala sa pinakamalaking piging ng mga resulta ng mga pagpili.[23]

Gayunpaman, sinuportahan na ni Lucifer ang pagpapalaglag at sa isang nakakatakot na pagbabago ng pananaw ay nakumbinsi niya ang maraming tao na ang pag-aanak ay hadlang sa mga oportunidad at hahantong sa pagdurusa sa halip na sa kagalakan at kaligayahan.

Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, dapat tayong manguna sa pagtulong na mabago ang puso at isipan ng mga tao tungkol sa kahalagahan ng mga anak. Ang mga pag-atake sa pamilya na kapapaliwanag ko ay hahantong sa kalungkutan at pagdurusa sa huli.

Ipinahayag na ng Panginoon na ang Kanyang gawain at Kanyang kaluwalhatian ay "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Ang plano ay itinatag sa pamamagitan ng mga pamilya. Bawat miyembro ng pamilya ay mahalaga, at ang mga tungkuling kanilang ginagampanan ay maganda, maluwalhati, at nakalulugod.

Ang plano ng Ama ay itinatag sa pamamagitan ng mga pamilya. Bawat miyembro ng pamilya ay mahalaga, at ang mga tungkuling kanilang ginagampanan ay maganda, maluwalhati, at nakalulugod.

Napakalinaw sa pagpapahayag tungkol sa pamilya ang mga resulta ng mga pagpiling hindi naaayon sa plano ng Ama. Maliwanag nitong ipinapahayag na, "Kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay magdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta."[24]

Malinaw nitong ipinaliwag kung ano ang magiging kalagayan sa piging ng mga resulta ng mga pagpili at ang pinagsama-samang epekto ng mga pagpiling hindi ayon sa plano ng kaligayahan ng Ama.

Sa lahat ng pag-aasawa at pagpapalaki ng mga anak, may mga hamon at sakripisyong kailangang gawin. Ngunit ang mga gantimpala kapwa sa buhay na ito at sa mga kawalang-hanggan ay talagang kamangha-mangha. Nagmumula ang mga ito sa isang mapagmahal na Ama sa Langit.

Pag-unlad sa Lupain

Ang isang pamilyar na talatang matatagpuan sa buong Aklat ni Mormon ay may dalawang bahagi. Sabi rito, "Habang sinusunod mo ang mga kautusan ng Diyos ikaw ay uunlad sa lupain." Nakasaad naman sa pangalawang bahagi, "Habang hindi mo sinusunod ang mga kautusan ng Diyos ikaw ay itatakwil mula sa kanyang harapan" (tingnan, halimbawa, sa Alma 36:30). Malinaw na ang pagpapalang makasama ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagsunod ay isang pangunahing bahagi ng pag-unlad sa lupain.

Mas malinaw ngayon ang pag-atake sa Biblia at sa kabanalan ni Jesucristo sa panahon ko nang higit kailanman. Tulad ng ipinropesiya sa mga banal na kasulatan, gumagamit si Lucifer ng maraming pamamaraan upang maisakatuparan ang kanyang layunin.

Dagdag pa rito, itinatakda ng mga sagradong turo ng Simbahan na pagkakaroon ng sapat para sa ating mga pangangailangan ang pinakamagandang sukatan ng ating pag-unlad sa temporal. Ang pagbabago ng pananaw ni Lucifer dito ay ang patindihin ang paghahangad sa malaking kayamanan at magkaroon ng kapansin-pansing maluluhong produkto. Ang ibang tao ay tila nahuhumaling sa paghahangad na tularan ang buhay ng mayayaman at mga sikat na tao. Ang pagkakaroon ng sobra-sobrang kayamanan ay hindi ipinangako sa matatapat ng miyembro, ni hindi rin ito kadalasang nagdudulot ng kaligayahan.

Bilang isang lahi, ang mga Banal sa mga Huling Araw ay tunay ngang umunlad. Ang matatalinong tuntunin sa pananalapi ay kinabibilangan ng:

- Paghahanap muna sa kaharian ng Diyos.
- Pagtatrabaho, pagpaplano, at paggastos nang buong talino.
- Pagpaplano para sa hinaharap.
- Paggamit ng kayamanan upang maitatag ang kaharian ng Diyos.

Ang Layunin ni Lucifer

Maliban sa paglalarawan sa mga pagpapala bilang pagdurusa, gustong pasamain ni Lucifer ang plano ng Ama at hangad niyang sirain ang pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang doktrina. Mas malinaw ngayon ang pag-atake sa Biblia at sa kabanalan ni Jesucristo sa panahon ko nang higit kailanman. Tulad ng ipinropesiya sa mga banal na kasulatan, maraming ginagamit si Lucifer para maisakatuparan ang layunin niyang ito.

Isang bagay ang malinlang ng kaaway. Ibang bagay ang maging isa sa kanyang mga bayarang kampon. Sabi ni Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Nakapanlulumo na maraming tao ang nagpapabayad para itaguyod ang layunin ng kaaway . . . at sila ay pumapayag na gawin ito sa napakaliit na halaga. Isang munting katayuan, kaunting pera, kaunting papuri, dagliang katanyagan, at handa silang tanggapin ang ipinagagawa niya na makapaghahandog ng lahat ng uri ng panandaliang 'pabuya,' ngunit walang halaga sa kahariang selestiyal."[25]

Marahil ay wala nang mas magandang halimbawa ng epekto ng mga bayarang kampon kaysa sa pangitain ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay at sa malaki at maluwang na gusali sa Aklat ni Mormon. Nakaturo ang mga daliri ng mga nasa gusali sa mga nakakapit sa gabay na bakal at nakatikim pa ng bunga ng punungkahoy. Ang mga nakatikim ng bunga ay "nahiya, dahil sa mga yaong humahamak sa kanila; at nangagsilayo sila patungo sa mga ipinagbabawal na landas at nangawala" (1 Nephi 8:27–28).

Kaya nga, ang masasamang pagpili ay hahantong sa isang piging na puno ng mapapait, malulupit, masasama, at malulungkot na resulta.

Ihambing ito sa maluwalhating piging ng mga resulta ng mga pagpili na ipinangako sa matatapat. Kayo ay "mapupuspos ng kaluwalhatian ng Panginoon" at "pababanalin sa pamamagitan ng Espiritu para sa pagpapanibago ng" inyong katawan, at lahat ng mayroon ang Ama ay ibibigay sa inyo (D at T 84:32, 33; tingnan din sa mga talata 34–38).

Sa gayong piging ng mga resulta ng mga pagpili, ang espirituwal na pagkaing pagsasaluhan natin ay masarap, malasa, matamis, makatas, masustansya, at nakabubusog at magpapagalak sa ating puso. Kapag tayo ay "lumapit sa

Banal ng Israel, at magpakabusog doon sa hindi nawawala, ni nasisira" (2 Nephi 9:51), masusundan natin ang maki-tid at tuwid na landas na maghahatid sa atin sa Banal ng Israel, "sapagkat Panginoong Diyos ang kanyang pangalan" (2 Nephi 9:41). ■

Mula sa isang mensahe sa debosyonal na, "A Banquet of Consequences: The Cumulative Result of All Choices," na ibinigay sa Brigham Young University noong Pebrero 7, 2017. Para sa buong mensahe sa Ingles, bisitahin ang speeches.byu.edu.

MGA TALA

1. *Merriam-Webster's Collegiate Dictionary,* ika-11 ed. (2003), "paradigm shift," merriam-webster.com.
2. Tingnan sa C. S. Lewis, *The Screwtape Letters* (1942).
3. Tingnan sa Jed Woodworth, "The Word of Wisdom," sa *Revelations in Context: The Stories behind the Sections of the Doctrine and Covenants,* Matthew McBride at James Goldberg, mga editor. (2016), 183–89; "The Word of Wisdom," Hunyo 1, 2013, history.lds.org.
4. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* (2002), 211–21.
5. *Smoking and Health: Report of the Advisory Committee to the Surgeon General of the Public Health Service,* PHS publication no. 1103 (1964), 33; tingnan din sa *The Health Consequences of Smoking—50 Years of Progress: A Report of the Surgeon General* (2014), surgeongeneral.gov.
6. Tingnan sa "Health Effects of Cigarette Smoking," Centers for Disease Control and Prevention, Mayo 15, 2017, cdc.gov.
7. Tingnan sa George E. Vaillant, *Triumphs of Experience: The Men of the Harvard Grant Study* (2012), 108–9.
8. Tingnan sa Alvin Powell, "Decoding Keys to a Healthy Life," *Harvard Gazette,* Peb. 2, 2012, news.harvard.edu.
9. Tingnan sa Vaillant, *Triumphs of Experience,* 292. Kung ikukumpara, ang hiwalay na matagalang pag-aaral tungkol sa mga aktibong miyembro ng Simbahan ay nagkaroon ng mga positibong resulta (tingnan sa James E. Enstrom at Lester Breslow, "Lifestyle and Reduced Mortality among Active California Mormons, 1980–2004," *Preventive Medicine,* tomo 46, blg. 2 [Peb. 2008], 133–36).
10. Kimberly Kindy at Dan Keating, "For Women, Heavy Drinking Has Been Normalized. That's Dangerous," *Washington Post,* Dis. 23, 2016, washingtonpost.com; sinipi sa pagtatapos ng artikulo si Robert D. Brewer na mula sa Centers for Disease Control and Prevention alcohol program.
11. Tingnan sa "Fact Sheets—Underage Drinking," Centers for Disease Control and Prevention, Okt. 20, 2016, cdc.gov.
12. Tingnan sa Anne Schuchat, "The CDC's Recommendations to Help Prevent Fetal Alcohol Spectrum Disorders," *American Family Physician,* tomo 95, blg. 1 (Ene. 1, 2017), 6–7, aafp.org.
13. Tingnan sa "Inside a Killer Drug Epidemic: A Look at America's Opioid Crisis," *New York Times,* Ene. 6, 2017, nytimes.com.
14. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
15. "Mahigit doble ang itinaas ng porsiyento ng mga nasa edad 25 hanggang 34 na walang anak na kasama sa bahay mula noong taong 1967" (Emily Schondelmyer, "No Kids in the House: A Historical Look at Adults Living without Children," U.S. Census Bureau, Dis. 20, 2016, census.gov).
16. Tingnan sa *World Fertility Patterns 2015,* United Nations, Department of Economic and Social Affairs, Population Division, 2015, 6, un.org; "Birth and Fertility of the Resident Population," Istat (Italian National Institute of Statistics), Nob. 28, 2016, istat.it; "The Future of World Religions: Population Growth Projections, 2010–2050, Buddhists," Pew Research Center, Abr. 2, 2015, 6–12, 102–111, pewresearch.org; Adam Taylor, "It's Official: Japan's Population Is Dramatically Shrinking," *Washington Post,* Peb. 26, 2016, washingtonpost.com; at Ana Swanson, "Japan's Birth Rate Problem Is Way Worse Than Anyone Imagined," *Washington Post,* Ene. 7, 2015, washingtonpost.com.
17. Tingnan sa *The New Economic Reality: Demographic Winter,* BYUtv, byutv.org.
18. Tingnan sa "Plight of Jewish Children," *Holocaust Encyclopedia,* United States Holocaust Memorial Museum, ushmm.org.
19. Tingnan sa Reproductive Health: Data and Statistics: "Abortion," Centers for Disease Control and Prevention, Mayo 10, 2017, cdc.gov. Nauunawaan ko na bumaba na ang bilang ng mga nagpapalaglag sa nakaraang mga taon, ngunit napakataas pa rin nito.
20. Iniuugnay kung minsan kay Thomas Carlyle (1795–1881); tingnan sa *Handbook 1: Stake Presidents and Bishops* (2010), 17.3.1. Ang bahaging ito ay nagbibigay ng limitadong mga eksepsyon sa pagpapalaglag na kinasasangkutan ng panggagahasa, incest, kalusugan ng ina, at matitinding kapansanan ng sanggol sa sinapupunan.
21. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* ed. Edward L. Kimball (1982), 328–29; tingnan din sa *Eternal Marriage Student Manual* (Church Educational System manual, 2003), 14–18, LDS.org.
22. Tingnan sa Gordon B. Hinckley, *Cornerstones of a Happy Home* (polyeto, 1984), 6, LDS.org.
23. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.3.3.
24. "Ang Mag-Anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 2.
25. Neal A. Maxwell, *Things As They Really Are* (1978), 42.

PAGLALAKBAY SA PAMAMAGITAN NG Sinaunang Tabernakulo

Tulad sa mga modernong templo, ang mga simbolo sa tabernakulo ay makapagtuturo sa atin tungkol sa ating paglalakbay pabalik sa kinaroroonan ng Diyos.

Sa loob ng libu-libong taon, ang mga templo ay naging isang lugar kung saan ginagamit ng Diyos ang mga ordenansa ng priesthood at mga sagradong tipan para ituro sa Kanyang mga anak ang mga walang-hanggang katotohanan tungkol sa Kanyang plano ng kaligtasan.

Sa kanilang mga paglalakbay sa ilang, inutusan ang mga tao ni Israel na magtayo ng tabernakulo para ang Diyos ay "tumahan sa gitna nila" (Exodo 29:46). "Ang literal na kahulugan ng *tabernakulo* ay 'lugar na tirahan' at tinawag nang gayon sa paniniwala na literal na nanirahan ang Diyos sa loob ng sagradong looban nito. Nang magkampo ang Israel, itinayo ang tabernakulo sa gitna mismo ng kampo (na sumasagisag sa ideya na ang Diyos ang magiging sentro ng buhay ng kanyang mga tao)."[1]

Isipin ang mga item na ito sa tabernakulo at kung ano ang maituturo nito sa atin tungkol sa pagbalik natin sa kinaroroonan ng Diyos.

MGA TALA

1. *The Life and Teachings of Jesus and His Apostles* (1979), 390.
2. Sa sulat ni Pablo sa mga Hebreo (mga kabanata 8–10), ang tabernakulo ay ginagamit para ituro kung paanong ang dakilang Mataas na Saserdote, si Jesucristo, "sa pamamagitan ng kaniyang sariling dugo, ay pumasok na minsan . . . sa dakong banal, na kinamtan ang walang hanggang katubusan" (9:12). Dahil sa pagtubos na ito, kaya rin nating "makapasok sa [kabanal-banalang dako] sa pamamagitan ng dugo ni Jesus" (10:19).

Tabernakulo: Ang tabernakulo ay binubuo ng tatlong dibisyon na kailangang daanan ng isang tao para makarating sa kinaroroonan ng Diyos: ang patyo sa labas, ang dakong banal, at ang Kabanal-banalang Dako (tingnan sa Exodo 25–30).



Dambana [Altar]: Itinakda ng batas ni Moises ang mga sakripisyong iaalay rito, na nagpapahiwatig sa Tagapagligtas at sa Kanyang "dakila at huling hain" (tingnan sa Alma 34:10). Ang sakripisyo ay maaari ding maging simbolo ng ating pagsisisi—pagtalikod sa ating mga kasalanan at pag-aalay ng bagbag na puso at nagsisising espiritu (tingnan sa 3 Nephi 9:19–20; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Sakripisyo").

Hugasang may tubig: Bago pumasok sa dakong banal, ginamit ng mga saserdote ang hugasang tansong may tubig para paghugasan ng kanilang mga kamay at paa (tingnan sa Exodo 30:19–21), na nagpapaalala sa atin na kailangan nating maging malinis habang naghahanda tayong bumalik sa kinaroroonan ng Panginoon (tingnan sa 3 Nephi 27:19–20).



Dulang ng Tinapay na Handog: Labindalawang tinapay na walang lebadura ang inilalagay tuwing Sabbath sa dulang ng tinapay na handog, isang salita na nangangahulugang "tinapay na handog sa harap" sa Hebreo (tingnan sa Exodo 25:30). Ang mga tinapay ay kinakain sa dakong banal tuwing Sabbath bilang "pinakatipang walang hanggan" (tingnan sa Levitico 24:5–9).

Kandelero: Ang pitong ilawan ay nagliliyab sa dalisay na langis ng olibo, na nagbibigay ng liwanag sa dakong banal (tingnan sa Levitico 24:2–4). Maaari nitong ipaalala sa atin ang Liwanag ni Cristo at ang Espiritu Santo, ang mga pinagmumulan ng espirituwal na liwanag.

Dambana ng Kamangyan: Nagsusunog ng kamangyan ang mga saserdote gabi't umaga sa isang dambanang nasa harapan ng tabing. Ang umaakyat na usok ay maaaring kumatawan sa mga panalanging umaakyat sa langit (tingnan sa Apocalipsis 5:8).



Tabing: Pumapasok ang mataas na saserdote sa Kabanal-banalang Dako sa pamamagitan ng tabing o lambong. Ang querubin, o mga anghel, ay nakaburda sa tabing o lambong (tingnan sa Exodo 26:31–33; D at T 132:19). Ang tabing o lambong ay maaaring magpaalala sa atin na ngayong natatabingan tayo mula sa kinaroroonan ng Diyos, mahahawi ng dakilang Mataas na Saserdote—si Jesucristo—ang tabing o lambong.

Kabanal-banalang Dako: Pumapasok ang mataas na saserdote sa pinakasagradong bahaging ito ng tabernakulo minsan sa isang taon, sa Araw ng Pagbabayad-sala. Ang Kabanal-banalang Dako ay kumakatawan sa kinaroroonan ng Diyos at naroon ang kaban ng tipan, na ang takip ay tinawag na luklukan ng awa. "Diya'y makikipagkita ako sa iyo," sabi ng Panginoon kay Moises, "at makikipanayam sa iyo" (Exodo 25:22; tingnan din sa Exodo 29:43; 30:36).[2] ■

MGA PAGLALARAWAN NI STEVE CREITZ / LISENSYADO MULA SA GOODSALT.COM

Ni Elder Erich W. Kopischke
Ng Pitumpu

Pamilya

ANG BUKAL NG KALIGAYAHAN

Ang konsepto ng pamilya at buhay-pamilya bilang tunay na pinagmumulan ng kaligayahan ay lubhang pinahina sa nakaraang mga dekada. Ang tradisyonal na pamilya ay inaatake ng maraming magkakaibang pangkat sa buong mundo. (Sa pahina 18 ng isyung ito, tinalakay ni Elder Quentin L. Cook ang ilan sa mga gayong pag-atake.) Ngunit may iba pang mga bitag at panganib na nauugnay kahit sa ilan sa atin na nakakaalam tungkol sa kahalagahan, kabanalan, at walang-hanggang tadhana ng pamilya.

Naimpluwensiyahan ng mundo at ng mga pang-akit nito, ng tumitinding hangaring bigyang-kasiyahan ang sarili, at ng pagkahilig na guminhawa o maging madali ang mga bagay-bagay, inilalagay natin sa alanganin ang pamilya at ang ating kaligayahan. Sa maraming pagkakataon, ang kaligayahan sa ating buhay ay itinatakda ng kalidad ng ating "buhay na lubos na walang inaalala," na inaasahan nating makamit at mapanatili sa pamamagitan ng "maliit-na-puhunan, malaking-kita" na paraan.

Ngunit hindi sa ganitong paraan tumatakbo ang buhay. Ito ay hindi kailanman nilayon upang maging madali. Sinabi ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith: "Sapagkat pagkatapos ng maraming kapighatian darating ang mga pagpapala. Dahil dito darating ang araw na kayo ay puputungan ng maraming kaluwalhatian" [D at T 58:4].

Pag-isipan ang doktrina ng mga walang-hanggang pamilya, at alamin sa inyong sarili kung ano talaga ang pinakamahalaga.

Inorden ng Diyos

Malinaw na ipinahayag ng Panginoon kung paano bumuo at magpanatili ng matatag na mga pamilya. Inaanyayahan tayong lahat na pag-aralan at isabuhay ang mga alituntuning itinakda sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo." Dagdag pa rito, kailangan nating kilalanin na ang paghugot ng personal na lakas at kaligayahan mula sa buhay-pamilya ay nangangailangan ng sakripisyo at pananampalataya.

Isinasaad sa pagpapahayag sa pamilya "na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay inorden ng Diyos at ang pamilya ang sentro sa plano ng Tagapaglikha para sa walang-hanggang tadhana ng Kanyang mga anak." Isinasaad pa nito "na ang kautusan ng Diyos na magpakarami at kalatan ang lupa ay nananatiling may bisa."[1]

Kailangan nating kilalanin na ang paghugot ng personal na lakas at kaligayahan mula sa buhay-pamilya ay nangangailangan ng sakripisyo at pananampalataya.

Para sa maraming tao, ang imahe at layunin ng pamilya ay lubhang nabago. Lalo pa, ang lipunan ay gumagamit ng tinatawag na "kapalagayang-loob (soul mate)" na modelo ng pag-aasawa, na nakatutok sa mga pangangailangan at damdamin ng mga nakatatanda sa halip ng sa mga bata. Bilang resulta, marami ang nagpapakasal pagkatapos ng matagalang relasyon sa halip na gawin ito pagkatapos ng isang angkop na pagliligawan. Ang paghahanap ng perpektong kabiyak, pagsubok sa isang relasyon sa pamamagitan ng pagsasama nang hindi kasal, o pagkakaroon ng magarbong pamumuhay na susuportahan ng isang matatag na kasunduan bago ikasal ay naging pangkaraniwang gawi ng marami bago magpasiyang magpakasal sa huli.

Iba ang itinuturo sa atin ng banal na kasulatan at modernong mga propeta. Itinatatag natin ang buhay may asawa na nakasalig sa kalinisang-puri at katapatan, na may layuning magtatag at mag-aruga ng isang pamilya. Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895-1985): "Maraming nagsasalita at sumusulat laban sa buhay may asawa. Kahit nga ang ilan sa atin ay inaantala ang pagpapakasal at nagtatalu-talo laban dito. . . . Tinatawagan natin ang lahat ng tao na tanggapin ang [tradisyonal] na pag-aasawa bilang batayan ng tunay na kaligayahan. . . . Ang pag-aasawa ay nangangahulugan ng pagpapapamilya."[2]

Noong bata pa kami ng asawa kong si Christiane, ito ang mga salita ng ating buhay na propeta, at nagtiwala at sumunod kami sa kanyang payo. Lumuhod kami sa altar ng Bern Switzerland Temple, noong 20 anyos siya at 22 ako. Naging karapat-dapat kaming pumasok sa tipan, wala kaming kaalam-alam kung ano ang aasahan, wala kaming karanasan sa trabaho o natapos na kurso, at medyo mahirap kami.

Ang tanging sagana sa amin ay ang aming pag-iibigan at walang-muwang na kasigasigan. Ngunit magkasama naming sinimulang buuin ang aming mundo. Hindi namin ipinagpaliban ang pagkakaroon ng mga anak, at kinailangan naming suportahan ang isa't isa sa aming pag-aaral. Lubos kaming naniwala sa pangako ng Panginoon na "kung inyong susundin ang kanyang mga kautusan, kayo ay kanyang pagpapalain at pauunlarin" (Mosias 2:22).

At ginawa nga Niya iyon. Nang magpakasal kami, nasa nursing school si Christiane. Kasama sa mithiin namin ang makatapos siya sa kanyang kurso, ngunit kasabay nito ay sinadya rin naming ipasiya na simulang tuparin ang aming pangarap na makabuo ng isang pamilya. Bilang resulta, ang aming unang anak ay isinilang mga dalawang linggo bago ipinasa ni Christiane ang kanyang huling pagsusulit bilang sertipikadong nars.

Ngayon, halos 40 taon na ang lumipas, nagpapasalamat kami na magkasama kaming makakabuo ng aming pamilya. Ang aming pananampalataya sa Diyos at ang aming relasyon sa isa't isa ay naging matatag dahil nakita namin ang kamay ng Panginoon na gumagabay sa amin sa proseso ng pagtatayo ng aming kaharian sa mortalidad. Ang kahariang ito ay patuloy na lalago magpakailanman.

Maging Handang Magsakripisyo

Para sa aming minimithing kaligayahan, pareho kaming handa at payag magsakripisyo. Tinanggap namin ang mga banal na tungkulin ng ama na "mangulo" at "maglaan" at ng ina na "mag-aruga sa kanilang mga anak."[3] Sinabi ni Julie B. Beck, dating Pangkalahatang Pangulo ng Relief Society: "Ang priesthood na tungkulin ng mga ama ay ang mamuno at magpasa ng mga ordenansa ng priesthood sa susunod na henerasyon. Ang priesthood na tungkulin ng mga ina ay manghikayat. Ang mga ito ay mahalaga, magkaayon, at magkakaugnay na mga responsibilidad."[4]

Ang pagtutulungan ng mag-asawa at ng pamilya bilang pantay na magkatuwang ay hindi nangangahulugan na pareho palagi ang ating ginagawa o ginagawa natin nang magkasama o magkapantay ang lahat ng bagay. Nauunawaan at tinatanggap natin ang iba't ibang mga tungkulin na ibinigay sa atin sa pamamagitan ng banal na disenyo na nakabalangkas sa pagpapahayag tungkol sa pamilya. Hindi namin sinusunod ang mundo sa kung ano ang inilalarawan bilang "pagpapalaya," kung saan ang kapwa lalaki at babaeng kabiyak ay nagsasama lamang upang matugunan ang

kanilang pansariling mga interes. Ipinamumuhay natin ang mga alituntunin ng ebanghelyo; pinupunan ng mga mag-asawa ang kakulangan ng isa't isa, at nagsisikap ang mga pamilya na magkaisa at hindi maging makasarili.

Maaaring sabihin ng ilan sa inyo: "Aba, iba naman ang sitwasyon natin. Ang mundo ngayon ay hindi perpekto. Dapat ay may lugar para sa mga eksepsyon." Totoo, pero sinusubukan kong ituro ang patakaran o ang banal na huwaran at hinahayaan ko kayong harapin ang mga eksepsyon habang tumatahak kayo sa landas ng inyong buhay.

Sa mithiin namin para sa aming pamilya, gusto naming mamalagi sa bahay si Christiane para arugain ang aming mga anak. Nangangahulugan ito ng sakripisyo. Ilang sandali lamang matapos naming malaman na isang sanggol ang isisilang, ipinaalala sa akin ni Christiane ang desisyon na ginawa namin bago pa ang araw ng aming kasal na kaagad siyang titigil ng pagtatrabaho sa labas ng bahay sa sandaling ipinanganak ang isang sanggol. Sinubukan kong takasan ang alam kong magiging karagdagang responsibilidad sa pagbanggit na siya ay nag-aambag ng ikatlong bahagi ng kita ng pamilya. Simple ang sagot niya, "Ako ang bahala sa mga bata, at ikaw ang bahala sa pagpakain sa amin."

Alam kong tama siya; matagal na naming pinag-usapan ito. Naaayon ito sa aming mithiin sa buhay-pamilya, naaayon ito sa mga salita ng mga buhay na propeta, at nadama kong tama ito. Kaya nagbitiw siya sa trabaho niyang malaki ang suweldo bilang nars para mapalapit sa mga bata at matugunan ang kanilang pang-araw-araw na mga pangangailangan, at kinailangan kong ayusin ang trabaho ko para makapaglaan ng pagkain at kanlungan. Pinagpala kami ng Panginoon na maisakatuparan ang aspetong ito ng aming mithiin.

Ang iba pang mahahalagang bagay, tulad ng pagiging magulang, pagtuturo, pagpapayo, paglilinis, o kahit pagpapalit ng lampin, ay magkasama naming ginawa hangga't maaari. Nangyari ang pagbibigayang ito sa trabaho dahil mula't sapul ay bahagi na ito ng pangarap namin sa aming buhay-pamilya.

Natuklasan namin ni Christiane na habang kami ay kumikilos nang may pananampalataya at nagtitiwala sa Panginoon, tinulungan Niya kaming gawin ang Kanyang kalooban sa Kanyang paraan at ayon sa Kanyang panahon. Ngayon, masasabi ko na ang Kanyang paraan ay hindi nangahulugan na lahat ay agarang nangyari sa paraang inakala namin. Kung minsan kailangan naming maging matiyaga, kung minsan kailangan namin ng dagdag na pagsisikap, at kung minsan ay tila sinusubok ng Panginoon ang aming kaseryosohan. Gayunman, ang aming mithiin ay laging nagpasigla sa amin at naging pundasyon ng aming pinakamahahalagang desisyon.

Ang isang bagay na palagi naming pinangarap ni Christiane ay ang makasama ang aming mga anak sa silid selestiyal ng isang templo para pasimulan ang walang-hanggang kagalakan at kaluwalhatiang inaasam naming maranasan balang araw. Sa nakalipas na ilang taon isinama namin ang bawat anak namin para tumanggap ng mga ordenansa sa templo, na simbolo na ibinabalik namin sila sa ating Ama sa Langit matapos ituro sa kanila ang mga alituntunin ng kabutihan. Sinamahan namin ang tatlo sa aming mga anak sa mga altar sa templo nang makasal sila sa kanilang kasintahan, at inaasam namin na mas marami pang kasal sa templo ang darating.

Walang nagbigay ng higit na kaligayahan at kasiyahan sa aming buhay kaysa sa kagalakan na natagpuan namin sa isa't isa at sa aming mga inapo. Nang maunawaan namin na ang mga ito ay simula lamang ng aming walang-hanggang pag-unlad at

samakatwid ay mga unang antas lamang ng aming kagalakan at kaligayahan, naging handa kami noon—at ngayon—na sakripisyo ang lahat ng mayroon kami para ipamuhay ang doktrina ng pamilya at makitang lubos na matupad ang aming mithiin.

Inaanyayahan ko kayong pagnilayan ang doktrinang ito at alamin sa inyong sarili kung ano talaga ang pinakamahalaga. Ang ganitong uri ng kaligayahan ay nasa puso ng ating pag-iral. At ang kaligayahang nagmumula sa matiwasay na pagsasama ng mag-asawa at mga anak ay palaging lumalago.

Ipatupad ang Inyong Mithiin

Matapos mong pag-aralan ang doktrina ng pamilya at maitatag ang isang mithiin para sa iyong kaligayahan, kailangan mong maging seryoso sa pagpapatupad ng iyong mithiin.

Ang unang mga pagtanggi na natanggap ko sa aking panliligaw kay Christiane ay bahagyang nakasira ng aking loob. Katatapos ko lang magdesisyon na magsimula ng isang matagumpay na propesyon bilang isang batang single adult sa Simbahan, ngunit isang araw ay nagkaroon ako ng isang espesyal na espirituwal na impresyon. Nakikilahok ako noon sa isang ordenansa sa Swiss Temple nang marinig ko ang isang tinig sa puso ko na parang ganito ang sinasabi: "Erich, kung hindi ka seryosong nagsikap na mag-asawa at pumasok sa bago at walang-hanggang tipan, lahat ng turo at ipinangakong mga pagpapalang ito ay talagang walang kaibhan para sa iyo." Ito ay isang pampagising na natanggap ko sa batang edad na 21, at mula sa sandaling iyon sinubukan kong mas lalong magsikap na maging karapat-dapat sa pagpapalang iyon.

Inaanyayahan ko kayong magtakda ng mga personal na layunin na nauugnay sa inyong mithiin. Sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* nababasa natin: "Nakikita sa mga mithiin ang mga hangarin ng ating puso at pagkaunawa sa maaari nating magawa. Sa pamamagitan ng mga mithiin at plano, ang mga inaasam natin ay naisasagawa. Ang pagtatakda ng mithiin at pagpaplano ay mga gawa ng pananampalataya."[5]

Huwag lapastanganin ang mga bagay na banal. Sa sandaling maabot mo ang edad na pwede ka nang magasawa, huwag mag-date para lamang magpakasaya. Huwag ikompromiso ang iyong walang-hanggang karapatan sa pagsilang sa pamamagitan ng paggawa ng anumang bagay na mag-aalis sa inyo ng pagkakataong gawin ang pinakamahalagang mga tipan sa templo. Kapag

itinuring mong potensyal na walang-hanggang kabiyak ang bawat kadeyt mo, hindi ka gagawa kailanman ng mga bagay na hindi nararapat na makakasira sa iyong kadeyt sa pisikal o espirituwal na paraan o magkokompromiso sa iyong personal na pagkamarapat at magpapalabo sa iyong mga mithiin. Habang ikaw ay nananatiling karapat-dapat, ang iyong espirituwal na pang-unawa ay hindi kailanman lalabo, at palagi kang magkakaroon ng karapatan sa mga bulong ng Espiritu. Hihikayatin ka ng Espiritu Santo at pagtitibayin ang katumpakan ng mga pinakamahahalagang desisyon sa iyong buhay, kahit na kung minsan ay lubha kang natatakot.

Panagutin ang iyong sarili sa Panginoon sa iyong mithiin at mga layunin sa buhay. Kung may isang bagay na kailangan mong pagsisihan, huwag mag-atubiling gawin ito. Ang buhay na ito at ang buhay na walang hanggan ay kapwa napakahalaga para "ipagpaliban ang araw ng inyong pagsisisi" (Alma 13:27; 34:33). Sundin ang paanyaya ng isang propeta ng Diyos na humimok sa atin na "humingi sa Ama sa pangalan ni Jesus ng anumang bagay na inyong kailangan. Huwag mag-alinlangan, kundi maging mapagpaniwala, at magsimula katulad noong unang panahon, at lumapit sa Panginoon nang buo puso ninyo, at isakatuparan ang inyong sariling kaligtasan nang may takot at panginginig sa harapan niya" (Mormon 9:27).

Nauunawaan ko na ang ilan sa inyo, dahil sa inyong mga kalagayan, ay maaaring kailangang iangkop ang magandang mithiin ng isang pamilya upang umakma sa iyong personal na sitwasyon. Ngunit natutunan ko na tutulungan tayo ng Panginoon habang kumikilos tayo nang may pananampalataya at sumusunod sa huwaran hangga't maaari.

Walang nagbigay ng higit na kaligayahan at kasiyahan sa aming buhay kaysa sa kagalakan na natagpuan namin sa isa't isa at sa aming mga inapo.

Ang Alituntunin ng Pagtapos

Kabilang sa ebanghelyo ni Jesucristo ang pinaka nakapagpapaginhawang bahagi. Ito ang aspeto na *pagtapos* o *pagkumpleto* ng ating pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Pinayuhan tayo ni Moroni na laging manatili sa tamang landas, "umaasa lamang sa mga gantimpala ni Cristo, na siyang may akda at tagatapos ng [ating] pananampalataya" (Moroni 6:4).

Dahil sa ating pananampalataya kay Jesucristo, maaari nating ipagpatuloy ang landasin sa buhay na kailangan nating tahakin. Ngunit kung natitisod tayo dahil sa kahinaan o lumampas na mga pagkakataon, Siya ay tutulong sa atin, pupunan ang puwang, at magiging tagatapos ng ating pananampalataya. Sinabi Niya, "Sapagkat ako, ang Panginoon, ay hahatulan ang lahat ng tao alinsunod sa kanilang mga gawa, alinsunod sa pagnanais ng kanilang mga puso" (D at T 137:9).

Mula sa *Handbook 2* mababasa natin, "Ang matatapat na miyembro na dahil sa sitwasyon ay hindi natanggap ang mga pagpapala ng walang-hanggang kasal at hindi naging magulang sa buhay na ito ay tatanggapin ang lahat ng ipinangakong pagpapala sa mga kawalang-hanggan, kapag tinupad nila ang mga tipang ginawa nila sa Diyos."[6]

Pinatototohanan ko na nilayon ng Panginoon kung ano ang sinabi Niya nang sabihin Niya na "Hindi mabuti na ang lalake ay magisa" (Genesis 2:18) at ang Kanyang lubos na pagnanais para sa lahat ng Kanyang anak na matanggap nila ang "ganap na kagalakan" (Moises 7:67). Samakatuwid, palaging panatilihin ang iyong mithiin sa harapan mo at "magsikap para sa magandang pamumuhay sa isang walang-hanggang pamilya. Ang ibig sabihin nito ay paghahanda upang maging karapat-dapat na mga kabiyak at mapagmahal na mga ama o mga ina. Sa ilang mga kaso, ang mga pagpapalang ito ay hindi matutupad hanggang sa susunod na buhay, ngunit ang tunay na layunin ay pareho para sa lahat."[7]

Alam ko na ang maraming iba't ibang pangyayari sa buhay ay kasindami ng mga tao sa mundo. Alam kong may mga pagkakaiba sa mga kultura, tradisyon, at inaasahan. Gayunman, ang mga doktrina at alituntuning ito ay walang hanggan at totoo, at hindi nakadepende sa ating mga personal na sitwasyon sa buhay. Lubos ang tiwala ko na kapag taimtim ninyong pinagnilayan at mapanalanging pinag-iisipan ang mga doktrina at alituntuning ito, magkakaroon kayo ng personal na mithiin para sa inyong buhay na magiging kasiya-siya sa Panginoon at hahantong sa inyong pinakamalaking kaligayahan. ■

Mula sa isang mensahe sa debosyonal na pinamagatang "What Do You Envision in Life?" na ibinigay sa Brigham Young University noong Disyembre 2, 2014. Para sa buong teksto sa Ingles, bisitahin ang speeches.byu.edu.

MGA TALA

1. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
2. Spencer W. Kimball, "Guidelines to Carry Forth the Work of God in Cleanliness," *Ensign,* Mayo 1974, 6.
3. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 129.
4. Julie B. Beck, mga komentong sinabi noong general conference training, Okt. 2009.
5. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 166.
6. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.3.3.
7. *Handbook 2,* 1.3.3.

Kabanata 2

Pakinggan Siya

Ito ang kabanata 2 ng bagong apat-na-tomong salaysay ng kasaysayan ng Simbahan na pinamagatang Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw. *Ang aklat na ito ay makukuha nang nakalimbag sa 14 na wika, sa Church History section ng Gospel Library app, at online sa mgabanal.lds.org. Ang susunod na ilang mga kabanata ay ilalathala sa mga paparating na isyu hanggang ang tomo 1 ay mai-release kalaunan sa taong ito. Ang mga kabanatang iyon ay makukuha sa 47 wika sa Gospel Library app at sa mgabanal.lds.org.*

Isang umaga noong tagsibol ng 1820 ay maagang gumising si Joseph at nagtungo sa kakahuyan malapit sa kanilang tahanan. Maaliwalas at maganda ang araw na iyon, at sumisilip ang sinag ng araw sa pagitan ng mga sanga ng mga nagtataasang punongkahoy. Nais niyang mapag-isa nang siya ay magdasal, at alam niya kung saan may tahimik na lugar sa kakahuyan na kamakailan lamang ay hinawan niya at pinutulan ng mga puno. Iniwan niya ang kanyang palakol doon, na nakakalso sa isang tuod.[1]

Nang makahanap siya ng lugar, luminga-linga si Joseph upang siguruhing mag-isa lamang siya. Nasasabik siyang magdasal nang malakas at ayaw niyang magambala.

Nasisiyahang siya ay nag-iisa, lumuhod si Joseph sa malamig na lupa at sinimulang ibahagi sa Diyos ang mga naisin ng kanyang puso. Humingi siya ng awa at kapatawaran at karunungan upang mahanap ang mga sagot sa kanyang mga tanong. "O Panginoon ko," dasal niya, "anong simbahan po ang dapat kong sapian?"[2]

Habang siya ay nagdarasal, tila namaga ang kanyang dila hanggang sa hindi na siya makapagsalita. Nakarinig siya ng mga yabag sa kanyang likuran ngunit wala siyang nakita sa kanyang paglingon. Sinubukan niyang magdasal muli, ngunit mas lumakas ang tunog ng mga yabag, na tila may papalapit sa kanya. Bigla siyang tumayo at pumihit, ngunit wala pa rin siyang nakita.[3]

Daglian, may hindi nakikitang kapangyarihan na sumunggab sa kanya. Sinubukan niyang muling magsalita, ngunit nakagapos pa rin ang kanyang dila. Nagtipon ang makapal na kadiliman sa kanyang paligid hanggang sa hindi na niya makita ang sikat ng araw. Mga alinlangan at kakila-kilabot na mga imahe ang sumagi sa kanyang isipan, nililito at ginugulo siya. Pakiramdam niya ay parang may isang kahila-hilakbot na nilalang, tunay at napakalakas, na nagnanais na wasakin siya.[4]

Gamit ang lahat ng kanyang lakas, muling tumawag sa Diyos si Joseph. Nawala ang pamamaga ng kanyang dila, at nagmakaawa siyang mailigtas. Ngunit nakita niya ang kanyang sarili na pumapailalim sa kawalan ng pag-asa, nanghihina dahil sa hindi makayanang kadiliman at nakahandang ipaubaya ang kanyang sarili sa pagkawasak.[5]

Sa sandaling iyon, lumitaw ang isang haligi ng liwanag sa kanyang ulunan. Unti-unti itong bumaba at tila susunugin ang mga kakahuyan. Nang tumuon sa kanya ang liwanag, naramdaman ni Joseph na pinakawalan siya ng hindi makitang kapangyarihan. Ang Espiritu ng Diyos ang humalili, pinupuno siya ng kapayapaan at galak na hindi masayod.

Nang tumingin siya sa liwanag, nakita ni Joseph ang Diyos Ama na nakatayo sa hangin sa kanyang itaas. Ang Kanyang mukha ay mas maliwanag at mas maluwalhati kaysa sa anumang bagay na nakita ni Joseph. Tinawag siya ng Diyos sa kanyang pangalan at itinuro ang isa pang nilalang na lumitaw sa tabi Niya. "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak," wika Niya. "Pakinggan Siya!"[6]

Tiningnan ni Joseph ang mukha ni Jesucristo. Kasingliwanag at kasingluwalhati ito ng sa Ama.

"Joseph," ang sabi ng Tagapagligtas, "ang iyong mga kasalanan ay pinatatawad na."[7]

Gumaan ang kanyang pasanin, inulit ni Joseph ang kanyang tanong: "Ano pong simbahan ang dapat kong sapian?"[8]

"Huwag sumapi sa alinman sa kanila," sabi ng Tagapagligtas sa kanya. "Itinuturo nila bilang mga doktrina ang mga kautusan ng tao, na may anyo ng kabanalan, datapwat tinatanggihan ang kapangyarihan nito."

Sinabi ng Panginoon kay Joseph na ang mundo ay puno ng kasalanan. "Walang gumagawa ng mabuti," paliwanag Niya. "Tinalikuran nila ang ebanghelyo at hindi sinunod

ANG UNANG PANGITAIN NI JOSEPH SMITH, NI GREG K. OLSEN

ang aking mga kautusan." Ang mga sagradong katotohanan ay nawala o naging tiwali, ngunit ipinangako Niya na ihahayag ang kabuuan ng Kanyang ebanghelyo kay Joseph sa hinaharap.[9]

Habang nagsasalita ang Tagapagligtas, nakita ni Joseph ang mga hukbo ng mga anghel, at ang liwanag na bumabalot sa kanila ay mas maliwanag pa sa araw sa katanghaliang tapat. "Masdan, at narito, Ako ay kaagad na darating," wika ng Panginoon, "nadaramitan ng kadakilaan ng Aking Ama."[10]

Inakala ni Joseph na lalamunin ng apoy ang kakahuyan, ngunit ang mga puno ay nagliyab lamang tulad ng palumpong noong panahon ni Moises at hindi natupok.[11]

Nang naglaho ang liwanag, natagpuan ni Joseph ang kanyang sarili na nakatihaya, nakatingin sa kalangitan. Naglaho ang haligi ng liwanag, at ang kanyang kasalanan at pagkalito ay wala na. Napuno ng banal na pagmamahal ang kanyang puso.[12] Nakipag-usap ang Diyos Ama at si Jesucristo sa kanya, at natutuhan niya sa kanyang sarili kung paano matatagpuan ang katotohanan at kapatawaran.

Hinang-hina mula sa pangitain kaya hindi makagalaw, nahiga si Joseph sa gubat hanggang sa nagbalik ang kanyang lakas. Pagkatapos ay nahirapan siyang umuwi at sumandig sa dapugan para may masandalan. Nakita siya ng kanyang ina at tinanong siya kung ano ang problema.

"Mabuti naman po ang lahat," pagtiyak niya sa ina. "Mabuti na po ang pakiramdam ko."[13]

Ilang araw pagkatapos niyon, habang nakikipag-usap sa isang mangangaral, ikinuwento ni Joseph ang kanyang nakita sa kakahuyan. Aktibo ang mangangaral na ito sa katatapos lamang na mga religious revival, at inasahan ni Joseph na seryosong pakikinggan nito ang kanyang pangitain.

Noong una ay binalewala lamang ng mangangaral ang pangitain. May mga tao noon na nagsasabi na paminsan-minsan ay nakakakita sila ng mga pangitain mula sa langit.[14] Ngunit pagkatapos ay nagalit siya at naging depensibo, at sinabi niya kay Joseph na ang kanyang kuwento ay mula sa diyablo. Ang mga araw ng mga pangitain at paghahayag ay matagal nang huminto, sabi niya, at hindi na babalik ang mga ito.[15]

Nagulat si Joseph, at hindi nagtagal ay nalaman niya na walang maniniwala sa kanyang pangitain.[16] Bakit naman sila maniniwala sa kanya? Labing-apat na taong gulang lamang siya at halos walang pinag-aralan. Nagmula siya sa isang maralitang pamilya at inaasahang iuukol ang buong buhay niya sa pagsasaka at sa kung anu-ano pang pinagkakakitaan upang kumita nang kaunti.

Alam ni Joseph na nakakita siya ng pangitain. Nagpakita sa kanya ang Diyos Ama at si Jesucristo sa isang nagniningning na liwanag.

Subalit, ang kanyang patotoo ay ikinabagabag ng ilang tao na humantong sa panlalait sa kanya. Lubos na nakapagtataka, naisip niya, na ang isang simpleng bata na di-kilala sa daigdig ay makakaakit ng pinakamapait na pang-uusig at panlalait. "Bakit ako inuusig sa pagsasabi ng katotohanan?" nais niyang itanong. "Bakit iniisip ng sanlibutan na ipagkakaila ko ang tunay kong nakita?"

Pinag-isipan ni Joseph ang mga tanong na ito sa buong buhay niya. "Ako'y tunay na nakakita ng liwanag, at sa gitna ng liwanag na yaon nakakita ako ng dalawang Katauhan, at sa katotohanan ay kinausap nila ako," ikinuwento niya kalaunan, "at bagaman kinamuhian ako at inusig dahil sa pagsasabi na nakakita ako ng pangitain, gayon man ito'y totoo."

"Ito'y alam ko, at nalalaman ko na ito'y alam ng Diyos," pagpatotoo niya, "at ito'y hindi ko maipagkakaila."[17]

Nang mapagtanto ni Joseph na ang pagbabahagi ng kanyang pangitain ay nagdulot lamang ng pagtuligsa sa kanya ng mga kapitbahay, iningatan niya ito nang halos sa sarili lamang niya, kuntento sa kaalamang ipinagkaloob ng Diyos sa kanya.[18] Kalaunan, matapos siyang lumipat mula sa New York, sinubukan niyang itala ang mga sagradong karanasan niya sa gubat o kakahuyan. Inilarawan niya ang kanyang pananabik para sa kapatawaran at ang babala ng Tagapagligtas sa mundong nangangailangan ng pagsisisi. Siya mismo ang nagsulat nito, sa simple at hindi perpektong pananalita, masigasig na sinusubukang maisalaysay ang kadakilaan ng sandaling iyon.

Sa sumunod na mga taon, isinalaysay niya ang pangitain nang mas hayagan, na nakaganyak ng mga eskriba na makakatulong sa kanyang ipahayag nang mas mainam ang lahat ng hindi maipaliwanag. Isinalaysay niya ang kanyang pagnanais na matagpuan ang totoong simbahan at inilarawan na unang nagpakita ang Diyos Ama upang ipakilala ang Kanyang Anak. Hindi niya gaanong itinala ang kanyang paghahanap ng kapatawaran bagkus ay mas itinala niya ang pangkalahatang mensahe ng Tagapagligtas ukol sa katotohanan at ang pangangailangan na maipanumbalik ang ebanghelyo.[19]

Sa bawat pagsisikap na itala ang kanyang karanasan, nagpatotoo si Joseph na narinig at sinagot ng Panginoon ang kanyang panalangin. Bilang isang binata, nalaman niya na ang simbahan ng Tagapagligtas ay wala na sa mundo. Ngunit nangako ang Panginoon na magpapahayag ng marami pa tungkol sa Kanyang ebanghelyo sa takdang panahon. Kaya nagpasiya si Joseph na magtiwala sa Diyos, manatiling tapat sa kautusan na natanggap niya sa kakahuyan, at matiyagang maghintay para sa karagdagang tagubilin.[20] ■

Sa kakahuyan na naroon pa rin ngayon malapit sa tahanan ng pamilya Smith, nanalangin nang nakaluhod si Joseph upang malaman kung aling simbahan ang sasapian.

Ang kumpletong listahan ng mga gawaing nabanggit ay makukuha sa English sa mgabanal.lds.org.

Ang salitang *Topic* sa mga tala ay nagpapahiwatig ng mga karagdagang impormasyon sa online sa mgabanal.lds.org.

MGA TALA

1. Joseph Smith—Kasaysayan 1:14; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 3, sa *JSP,* H1:212 (draft 2); Interbyu, Joseph Smith ni David Nye White, Ago. 21, 1843, sa [David Nye White], "The Prairies, Nauvoo, Joe Smith, the Temple, the Mormons, &c.," *Pittsburgh Weekly Gazette,* Set. 15, 1843, [3], matatagpuan sa josephsmithpapers.org.
2. Interbyu, Joseph Smith ni David Nye White, Ago. 21, 1843, sa [David Nye White], "The Prairies, Nauvoo, Joe Smith, the Temple, the Mormons, &c.," *Pittsburgh Weekly Gazette,* Set. 15, 1843, [3], matatagpuan sa josephsmithpapers.org; Joseph Smith History, circa Summer 1832, 3, sa *JSP,* H1:12.
3. Joseph Smith, Journal, Nov. 9–11, 1835, sa *JSP,* J1:88.
4. Joseph Smith—Kasaysayan 1:15; Hyde, *Ein Ruf aus der Wüste,* 15–16; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 3, sa *JSP,* H1:212 (draft 2).
5. Joseph Smith—Kasaysayan 1:16; Joseph Smith, Journal, Nov. 9–11, 1835, sa *JSP,* J1:88; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 3, sa *JSP,* H1:212 (draft 2).
6. Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17; Joseph Smith History, circa Summer 1832, 3, sa *JSP,* H1:12–13; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 3, sa *JSP,* H1:214 (draft 2); Joseph Smith, Journal, Nob. 9–11, 1835, sa *JSP,* J1:88.
7. Joseph Smith History, circa Summer 1832, 3, sa *JSP,* H1:13.
8. Interbyu, Joseph Smith ni David Nye White, Ago. 21, 1843, sa [David Nye White], "The Prairies, Nauvoo, Joe Smith, the Temple, the Mormons, &c.," *Pittsburgh Weekly Gazette,* Set. 15, 1843, [3], matatagpuan sa josephsmithpapers.org.
9. Joseph Smith—Kasaysayan 1:5–26; Joseph Smith History, circa Summer 1832, 3, sa *JSP,* H1:13; Levi Richards, Journal, June 11, 1843; Joseph Smith, "Church History," *Times and Seasons,* Mar. 1, 1842, 3:706, sa *JSP,* H1:494.
10. Joseph Smith History, circa Summer 1832, 3, sa *JSP,* H1:13.
11. Pratt, *Interesting Account,* 5, sa *JSP,* H1:523.
12. Joseph Smith—Kasaysayan 1:20; Interbyu, Joseph Smith ni David Nye White, Ago. 21, 1843, sa [David Nye White], "The Prairies, Nauvoo, Joe Smith, the Temple, the Mormons, &c.," *Pittsburgh Weekly Gazette,* Set. 15, 1843, [3], matatagpuan sa josephsmithpapers.org; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 3, sa *JSP,* H1:214 (draft 2); Joseph Smith History, circa Summer 1832, 3, sa *JSP,* H1:13.
13. Joseph Smith—Kasaysayan 1:20; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 3, sa *JSP,* H1:214 (draft 2).
14. Tingnan sa Bushman, "Visionary World of Joseph Smith," 183–204.
15. Joseph Smith—Kasaysayan 1:21; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 3, sa *JSP,* H1:216 (draft 2); Neibaur, Journal, May 24, 1844, matatagpuan sa josephsmithpapers.org. **Paksa:** Christian Churches in Joseph Smith's Day
16. Joseph Smith—Kasaysayan 1:22, 27; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 4, sa *JSP,* H1:216–18 (burador 2); Interbyu, Joseph Smith ni David Nye White, Ago. 21, 1843, sa [David Nye White], "The Prairies, Nauvoo, Joe Smith, the Temple, the Mormons, &c.," *Pittsburgh Weekly Gazette,* Set. 15, 1843, [3], matatagpuan sa josephsmithpapers.org.
17. Joseph Smith—Kasaysayan 1:21–25; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 4, sa *JSP,* H1:216–18 (draft 2).
18. Joseph Smith History, circa Summer 1832, 3, sa *JSP,* H1:13; tingnan rin sa Historical Introduction to Joseph Smith History, circa Summer 1832, sa *JSP,* H1:6.
19. Isinulat o pinamahalaan ni Joseph ang pagsusulat ng apat na tala ng karanasang ito ng kanyang buhay, ang una ay nasa Joseph Smith History, circa Summer 1832, 1–3, sa *JSP,* H1:11–13. Lima pang nakarinig sa kanyang kuwento tungkol sa karanasang iyon ang sumulat rin ng kanilang mga tala. Ang siyam na tala ay matatagpuan sa "Primary Accounts of Joseph Smith's First Vision of Deity," Joseph Smith Papers website, josephsmithpapers.org.josephsmithpapers.org. Para sa pagsusuri ng mga pagkakapareho at pagkakaiba ng mga tala, tingnan sa "First Vision Accounts," Gospel Topics, topics.lds.org. **Paksa:** Joseph Smith's First Vision Accounts
20. Joseph Smith—Kasaysayan 1:26; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 4, sa *JSP,* H1:218 (draft 2).

NYC
78

Nang matuklasan ni Christian ang mga journal ng kanyang lolo, wala siyang ideya na magiging napakahalaga nito sa kanya at sa kanyang pamilya.
CODY BELL, RETRATISTA

Christian Karlsson

Buskerud, Norway

Ibinigay sa akin ng aking ina ang isang kahon ng mga lumang larawan. Ang isa sa mga sorpresang nasa kahong ito ay ang mga journal ng aking lolo. Marami sa mga nilalaman ay maikli at malinaw at kasama ang mga simpleng bagay tulad ng presyo ng gasolina, saging, o isda.

Kasama ng kanyang mga journal, ang pinakamagandang handog ay ang maingat na mga tala ng mga mensaheng ibinigay ni Lolo sa simbahan.

Sa kanyang mga pagsasalita, ibinahagi ni Lolo ang kanyang mga saloobin at damdamin at ang mga pakikibakang naranasan niya sa pagsisiyasat sa Simbahan. Kinailangan niyang magpakumbaba upang manalangin tungkol sa pagsapi sa Simbahan. Nakatanggap siya ng sagot at kumilos ayon dito.

Nakakamanghang ibahagi ang mismong mga personal na kuwento ni Lolo sa aking asawa at mga anak. Hindi nila kailanman nakilala siya, ngunit ang kanyang mga salita ay umaabot sa kanila 30 taon pagkatapos ng kanyang kamatayan.

TUMUKLAS PA

Alamin pa ang tungkol sa paglalakbay ni Christian sa pananampalataya sa **liahona.lds.org.**

Hanapin ang iba pang mga kuwento ng pananampalataya sa Media Library sa LDS.org.

Alamin kung paano mo mapangangalagaan ang mga alaala at larawan ng iyong sariling pamilya sa **FamilySearch.org.**

PAGSASALIKSIK SA MGA NINUNO AT PAGHAHANAP NG KATOTOHANAN

Interesado ako noong matuto tungkol sa aking mga ninuno na Italyano, kaya ilang taon na ang nakalipas ay sinimulan ko ang pagsasaliksik sa aking genealogy. Walang araw na lumipas na hindi ko ginawa ang ilang pagsasaliksik upang mahanap sila. Kalaunan, nakita ko ang tala ng kapanganakan ng aking pangatlong lolo-sa-tuhod mula sa Italy. Ang pagkahanap sa kanyang tala ay umantig sa akin sa paraan na naramdaman ko na dapat kong ipagpatuloy ang pagsasaliksik sa aking mga ninuno.

Nang ginawa ko ito, natagpuan ko ang maraming mga ninuno na hindi ko pa narinig kailanman. Nakilala ko rin sa pamamagitan ng social media ang isang dalagang nagngangalang Ingrid Zanini. Naghinala kami na baka magkamag-anak kami kahit paano dahil pareho ang aming apelyido. Sa aming pag-uusap, sinabi ni Ingrid sa akin na siya ay miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nakipag-usap siya sa akin tungkol sa Simbahan, at sinabi na magpapadala niya sa akin ang isang kopya ng Aklat ni Mormon. Nang dumating ang aklat, sinimulan kong basahin agad ito.

Isang araw sa trabaho, napansin ng isang dalagang nagngangalang Erika na mayroon akong Aklat ni Mormon. Hindi ko kailanman malilimutan ang nakita ko sa kanyang mukha—siya ay masayang-masaya at tuwang-tuwa. Itinanong niya kung nasisiyahan ako sa aklat at kung gusto kong sumama sa kanyang magsimba kasama ang kanyang kapatid na lalaki. Dalawang linggo pagkatapos matanggap ang Aklat ni Mormon, dumalo ako sa simbahan sa unang pagkakataon.

Ang pagkahanap sa tala ng kapanganakan ng aking pangatlong lolo-sa-tuhod ay umantig sa akin sa paraan na patuloy akong nagsasaliksik sa aking mga ninuno. Habang nagsasaliksik ako, nakita ko ang marami pang iba.

Ang lesson sa araw na iyon sa Sunday School ay tungkol sa pagbibinyag para sa mga patay at ang kahalagahan ng family history. Masyado akong naging interesado. Nakilala ko ang mga missionary at dumalo ako sa isang miting tungkol sa family history nang hapon na iyon sa stake center. Habang sinisiyasat ko ang Simbahan, nararamdaman ko ang presensya ng aking mga ninuno, at nahikayat na matuto nang higit pa.

Nang inanyayahan ako ng mga missionary na magpabinyag, sandali akong nagisip tungkol sa lahat ng mga nangyari mula nang simulan kong gawin ang aking family history. Ang pagkamulat sa ebanghelyo at pag-aaral tungkol sa walang hanggang kahalagahan ng family history ay hindi maaaring nagkataon lamang. Tinanggap ko ang imbitasyon ng mga missionary na magpabinyag.

Ginagawa ko pa rin ang family history, at nagpapasalamat akong malaman na ang aking mga pagsisikap sa paghahanap sa aking mga ninuno ay maaari na ngayong magdala ng mga walang hanggang pagpapala sa kanila dahil natagpuan ko ang ebanghelyo ni Jesucristo. ■

Yuri Siqueira Zanini, Rio de Janeiro, Brazil

PAGLALARAWAN NI TRUINA DAIZIEL/LILLA ROGERS STUDIO

PAGPAPAABOT NG TULONG KAY ANNA

Ilang taon na ang nakalipas, nagturo ako sa mga batang anim na taong gulang sa Primary. Si Anna ay kabilang sa aking listahan. Kilalang-kilala ko ang pamilya nila kaya alam kong nag-hiwalay ang kanyang mga magulang at siya ay naninirahang kasama ng kanyang ama. Bihira silang magsimba.

Dumaan ako sa bahay upang maki-pagkita kay Anna at sa kanyang ama at anyayahan si Anna sa Primary. Tila interesado si Anna, ngunit hindi siya kailanman dumating. Tuwing umaga ng Linggo sa loob ng maraming ling-go, tinawagan ko siya sa bahay upang anyayahan siya sa Primary. Walang sumasagot sa telepono, ngunit pala-gi akong nag-iiwan ng mensahe na nagsasabi kay Anna kung gaano ako masisiyahan na makita siya sa Primary.

Isang umaga ng Linggo, naroon si Anna. Tinulungan siya ng kanyang ama na maghanda para sa Primary suot ang kanyang pinakamagandang damit pangsimba at pagkatapos ay inihatid sa simbahan. Masayang maki-ta siya, malugod ko siyang tinanggap at tinulungang makilala ang iba pang mga bata sa klase.

Nagkaroon kami ng lesson, kuman-ta ng mga awitin, at nagkaroon ng aktibidad na pagkukulay sa pagtata-pos ng klase. Habang papaalis ang mga bata, lumapit si Anna sa akin at inilagay ang isang lukot na piraso ng papel sa aking mga kamay. Noong una, akala ko ay basura ito. Itatapon ko na sana ito, ngunit inudyukan ako ng Espiritu na buklatin ito. May isinu-lat si Anna sa papel para sa akin. Sa sulat-kamay ng isang anim na taong gulang, sinabi rito, "Mahal kita."

Hindi ako gaanong kilala ni Anna para mahalin niya ako. Ang alam lang niya sa akin ay isang tinig sa kanyang answering machine na nag-aanyaya sa kanya sa Primary. Ngunit ang munting pagsisikap na iyon na magpaabot ng tulong sa kanya ay nakatulong kay Anna na malaman na may nagmama-lasakit sa kanya at nais siyang matulu-ngan na madama ang pagmamahal ng Tagapagligtas.

Nakikita ko si Anna sa Primary paminsan-minsan at ang kanyang ama ay nagsimulang dumalo rin nang pasulpot-sulpot sa simbahan. Ngunit nang magbago muli ang mga pang-yayari sa kanilang pamilya, hindi na namin sila nakita nang madalas.

Naisip ko ang tungkol kay Anna sa paglipas ng mga taon. Buong puso akong umaasa na naaalala niya ang kanyang panahon sa Primary. Maa-aring matandaan niya ang ilan sa natutuhan niya, ngunit umaasa akong higit na naaalaala niya na nadama niya ang pag-ibig ng Panginoon, ang kapanatagang hatid ng Espiritu, at ang pagmamahal ng isang guro. ■

Margaret S. Lifferth, Utah, USA

May isinulat si Anna sa papel para sa akin. Sa sulat-kamay ng isang anim na taong gulang, sinabi rito, "Mahal kita."

LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

NAKALIMUTAN BA AKO NG DIYOS?

Naghanap na ako sa lahat ng lugar. Dalawang beses akong nagmaneho mula sa opisina patungo sa fabrication yard na naghahanap ng mahahalagang piyesa na kailangan upang makumpleto ang isang crane na ipadadala namin sa isang base-militar. Naka-iskedyul itong ipadala sa loob ng dalawang araw—tamang oras lamang para matugunan ang deadline sa aming kontrata. Mahaharap ang aking kumpanya sa mabigat na kaparusahan kung hindi namin matutugunan ang aming ipinangako.

Pumasok ako sa bodega ng opisina at muling naghanap ng mga nawawalang piyesa. Sinuri ko ang bawat kahon at muling napagtibay na ang mga bahagi ay talagang na-order. Huling-huli na upang mag-order muli ng mga piyesa at matugunan pa rin ang deadline. Pinanghinaan ako ng loob. Umuwi ako sa bahay, sinisikap pa ring malaman kung paano lulutasin ang problema.

Nagdasal ako nang mabilis at hindi mula sa puso bago humiga at sinubukang matulog. Sa aking isipan ay inalala kong muli ang mga ginawa ko nang maaga pa ng araw na iyon, umaasa na matatandaan ko ang isang bagay na hindi ko napansin. Gumulong-gulong at bumaling-baling ako sa higaan hanggang alas-3:00 n.u.

Sa wakas ay umupo ako. Tumingin ako pababa sa unan na inilagay ko sa sahig upang paalalahanan ako na manalangin. Hindi ko naramdaman na magdasal. Buong araw akong nanalangin ngunit nadama na wala sa sinabi ko ang nagbibigay ng anumang kaibhan. Nakalimutan ba ako ng Diyos?

Dahil wala nang iba pang mapupuntahan, lumuhod ako at nagsimulang manalangin. Tinanong ko ang Ama sa Langit kung alam Niya ang aking kalagayan. "Ama sa Langit," samo ko, "Alam po *Ninyo* kung nasaan ang nawawalang bahagi. Maipaaalam din po ba Ninyo sa akin—ngayon?"

Kalaunan ng umagang iyon, pumasok na ako sa opisina ko. Ipinatong ko ang aking portpolyo sa mesa ko at naramdaman na dapat kong siyasatin ang bodega sa huling pagkakataon. Pumasok ako sa bodega at tiningnan ko ang mga kahon na sinuri ko muli't-muli nang nagdaang araw. Natuon ang pansin ko sa isang malaking kahon.

May isang bagay na hindi tama.

Sinuri ko ang bawat kahon sa bodega at hindi pa rin makita ang mga nawawalang piyesa. Hindi ko alam kung paano malulutas ang problema at matugunan pa rin ang deadline.

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

Natuklasan ko sa malapitang pagtingin na ito ay hindi isang kahon kundi dalawang kahon na magkapatong. Inangat ko ang kahon sa ibabaw mula sa nasa ibaba nito. Sa kahon sa ilalim, nakita ko ang mga piyesa! Nanalangin ako ng pasasalamat at bumalik sa aking opisina upang ipaalam sa mga fabricator na ang mga nawawalang piyesa ay natagpuan.

Biglang kong natanto na hindi ko lang nahanap ang mga piyesa, kundi natuklasan ko din na alam ng Ama sa Langit kung nasaan ako at na mahalaga ako sa Kanya. Hindi ako nakalimutan ng Diyos, at hindi Niya gagawin kailanman. ■

Edwin F. Smith, Utah, USA

ANG AKING PANGARAP NA NAGKATOTOO

Ipinanganak ako sa Hong Kong, China. Noong bata pa ako, pinangarap ko na manirahan sa isang magandang bansa na napapalibutan ng kalikasan.

Matapos akong lumaki at makapagasawa, lumipat kaming mag-asawa sa Australia. Siya ay isang dalubhasang mekaniko at binigyan ng visa para makapagtrabaho, na nagpapahintulot na manatili kami sa Australia sa loob ng apat na taon. Nang pareho kaming nagtatrabaho, nakatanggap kami ng karagdagang apat na taon na palugit sa aming mga visa.

Sa panahong ito, nagtrabaho kami para mapabuti ang aming sitwasyon upang makapag-aplay kami para sa permanenteng paninirahan. Hindi namin kayang bayaran ang mga klase sa Ingles, ngunit tinutulungan kami ng isang kasamahan sa aming ward na matuto. Gayunman, sa pagtatapos ng walong taon, mukhang kailangan pa rin naming umalis sa Australia. Nag-ayuno at nanalangin kami upang makahanap ng paraan upang manatili doon. Nag-ayuno at nanalangin din ang aming ward para sa amin.

Tila wala ng pag-asa ang aming kalagayan. Nagsimula kaming magimpake at magplano para sa aming pagbabalik sa Hong Kong. Isang gabi tumawag ang isang kaibigan at nagtanong tungkol sa aming mga visa. Ipinaliwanag namin ang aming sitwasyon at sinabi niya sa amin na may kilala siya na isang ahente ng imigrasyon na maaaring makatulong.

Kinabukasan ay nakipagkita kami sa ahente. Agad na pinayapa niya ang aming pag-iisip. Isusumite niya ang mga papeles para sa isang extension sa ibang visa—isang permanent-residency visa na nangangailangan ng paglipat namin mula Sydney patungong kabukiran.

Lumipat kami sa isang lungsod na mga isa't kalahating oras ang layo sa hilaga ng Sydney. Natagpuan namin ang isang bahay na malapit sa isang kapilya, na napapalibutan ng mga luntiang berdeng dahon ng Australia. Mahal namin ang aming bagong tahanan at ward.

Di nagtagal kami ay nabigyan ng pansamantalang visa. Patuloy kaming nanalangin ng aking asawa. Nagayuno siya tuwing Linggo sa loob ng anim na buwan. Binasa namin ang mga banal na kasulatan araw-araw at dumalo sa templo bawat linggo.

Pagkatapos, isang araw ay nakatanggap kami ng tawag mula sa ahente ng imigrasyon. Kinailangan naming bumalik sa opisina sa Sydney at ibigay ang aming mga pasaporte. Ibinalik ang mga iyon sa amin na natatakan ng pag-apruba para sa permanenteng paninirahan. Nagpasalamat kami sa Ama sa Langit para sa pagpapalang ito. May pananampalataya kami na sasagutin ang aming mga panalangin, at nangyari nga. At ang pangarap kong manirahan sa isang bansa na napapalibutan ng kalikasan ay nagkatotoo. ■

Valencia Hung, New South Wales, Australia



Pagtawid sa mga Baybayin: Ang Aming Paglalakbay Papunta sa Templo

Paunawa ng editor: Ang kuwentong ito ay isang paalala kung ano ang isinakripisyo ng isang bata pang mag-asawa upang mabuklod sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Umaasa kami na magbibigay-inspirasyon ito sa inyo na gawing prayoridad ang kasal sa templo sa inyong buhay.

Ni Efraín Rodríguez

Noong Oktubre 1979, isang araw pagkatapos ikasal kaming mag-asawa sa isang sibil na seremonya, ang aking asawa, si Maria Ondina, at ako ay umalis sa aming bayan sa Arequipa, Peru, malapit sa baybayin ng Karagatang Pasipiko, upang maglakbay papunta sa São Paulo Brazil Temple, sa baybayin ng Atlantiko, upang mabuklod. Kami ang unang mag-asawa mula sa Arequipa na naglakbay sa lupa upang mabuklod sa bagong inilaang templo—ang unang itinayo sa Timog Amerika. Nagplano kaming gawin ang papunta at pabalik na paglalakbay sa loob ng 10 araw, ngunit sa huli, nangailangan kami ng halos 30 araw dahil sa isang mapanganib na situwasyong pampulitika. Hindi ko alam kung paano ito matutupad—ang alam ko lang ay nangako ako sa Diyos na pagkatapos ng aking misyon, ako ay mabubuklod sa isang karapat-dapat na babae.

Mula Arequipa patungong Juliaca hanggang Puno

Pagkatapos ng siyam na oras na paglalakbay sa gabi, dumating kami sa Juliaca, Peru. Huwebes noon, at kailangan pa naming mapatatakan ang aming mga pasaporte at mga exit permit upang makaalis kami

Bagama't kaunti lang ang pera namin at isang mapanganib na paglalakbay ang susuungin namin, alam naming mag-asawa na dapat kaming mabuklod sa templo.



ng bansa. Ang sumunod na araw ay isang pista-opisyal, at ang mga tanggapan ng pamahalaan ay isasara para sa pagtatapos ng linggo, kaya dumating kami sa pila sa Bank of the Nation ng umagang iyon upang matiyak na magkakaroon kami ng sapat na oras bago magsara ang lahat ng opisina sa tanghali.

Nang sa wakas ay narating namin ang counter alas-11:00 n.u., ang ginoo ay nagpakita ng pag-aalala. "Sori," sabi niya. "Hindi namin pinoproseso ang mga ganitong uri ng mga dokumento dito. Kailangan ninyong pumunta sa aming opisina sa Puno." Pareho kaming nagulat at nasiphayo—ang Puno ay 45 minuto ang layo.

Mula Puno patungong La Paz hanggang Cochabamba

Matapos ang mahirap na paghahanap ng taxi, nakarating kami sa opisina sa Puno nang ala-1:30 n.h. Sarado na ang mga pinto. Kinatok ko ang mga doorknocker na bakal nang malakas sa abot-kaya ko. Isang taong lubhang nabalisa ang nagbukas ng pinto at nagtanong, "Anong gusto ninyo?" Sinambit ko ang isang tahimik, taimtim na panalangin at tinitigan ang estranghero. "Sir," sabi ko, "Isa akong Mormon, ikakasal ako sa templo sa São Paulo, Brazil, at matutulungan mo ako." Nagbago ang pagalit niyang saloobin. "Ikinalulungkot ko, Sir," sabi niya, "pero lampas isang oras nang sarado ang lahat, at halos lahat ay umalis na." Sumagot ako, "Papasukin mo ako at hayaang tulungan ako ng aking Diyos na makita ang aking hinahanap." Pinapasok niya ako.

Matapos mahanap ang manager, si Rosa, ipinaliwanag ko ang aming sitwasyon. Magalang siyang tumugon, "Ang mga form na iyan ay pinoproseso ng tatlong magkakaibang empleyado, at sa palagay ko ay umalis na sila." Ngunit ang tatlong lalaki ay nandoon pa rin, at sinabihan niya sila na magpahuli upang tulungan ako.

Ang unang lalaki ay nagtanong sa akin ng mga form na wala ako. "Dapat sana pumunta ka sa Ministri ng Ekonomiya, bumili ng anim na form, at dinala dito para maproseso," paliwanag niya. "Kailangan mong maghintay hanggang Lunes."

Natigilan ako—Hindi ako makapaniwala! Muli akong bumanggit ng tahimik na panalangin. "Sir," sabi ko, "Isa akong Mormon, at pupunta ako sa templo sa São Paulo, Brazil, upang makasal. At matutulungan mo ako." Hindi na siya parang nagmamadali. Naghanap siya sa bawat drawer at sa wakas ay natagpuan ang inaasam na mga form. Mabilis na siniyasat ng sumunod na clerk ang mga ito at tinatakan ang aming mga pasaporte.

Sa kasunod na window, nang binabayaran ko ang exit tax sa US dollars, ang cashier ay tila nagagalak sa pagsasabi, "Sori po. Nakikita mo ba ang karatulang ito?" Isang abiso sa pader ang nakasulat, "Hindi tinatanggap ang mga dolyar." Mabibigo na ang aming plano—wala na akong magagawa pa.

"Tanggapin mo ang bayad," narinig kong sinabi ni Rosa mula sa aming likuran. Tinanggap ng kahera ang pera at ibininigay sa akin ang mga dokumento. Papunta na kami!

Habang papunta sa downtown ng La Paz, Bolivia, dumidilim na nang nagsimulang pukulin ng mga bato ang aming bus. Nakikita namin sa

bintana ang galit na mga tao sa mga kalye na naghahagis ng mga bato at naglalagay ng mga hadlang upang ihinto ang trapiko. Patuloy na tumakbong mabilis ang aming bus patungo sa kalagitnaan ng bayan. Ang gabing iyon ang simula ng isang rebolusyon sa Bolivia.

Bumaba kami ng bus at nagsimulang maghanap ng isang hotel. Ang tanging nakita namin ay napakamahal, ngunit pagkatapos na paulit-ulit kong paliwanag sa isang mabuting tao na nagtrabaho doon, pinatuloy niya kami sa supply room ng paglilinis ng hotel na mas mura ang bayad. Naglatag siya ng kutson sa sahig at binigyan kami ng mga kumot upang protektahan kami mula sa lamig at ingay ng mga putok ng baril na umalingawngaw sa labas sa buong magdamag.

Umalis kami nang maaga kinaumagahan, takot at nagmamadali. Sa pagpunta namin sa bus stop, nakita namin ang mga sundalo na suportado ng mga tangke na pinapuputukan ang mga nagpoprotesta sa rebolusyon.

Nagsisimula nang maubos ang gasolina, at sa halip na tatlong biyahe ng bus sa isang araw gaya ng dati, isa lamang ang inanunsyo. Nabili nang lahat ang mga tiket sa upuan nang maaga pa. Natagpuan ko ang manager at sinabi ang mga salitang ginamit ko sa iba: "Sir, kami ay mga Mormon, at pupunta kami sa templo upang makasal. At matutulungan mo kami." Tanong niya, "Saan ninyo kailangang pumunta?" "Cochabamba, sir." Binuksan niya ang isang drawer at inilabas ang dalawang tiket. Nakikita ko na wala na. "Bilisan ninyo," sabi niya, "papaalis na ang bus." Tila walang bigat ang aming mga maleta, at ang aming mga paa ay halos hindi sumasayad sa lupa—hawak-hawak sa aming mga kamay ang pagpapala ng araw na iyon.

Mula Cochabamba hanggang Santa Cruz

Dumating kami sa Cochabamba sa gitna ng mas marami pang kaguluhan dahil sa rebolusyon. Natagpuan namin ang isang palengke na puno ng mga tolda, kung saan hinayaan kami ng isang mabait na kapwa Peruvian na maghilamos at pagkatapos ay maghabilin ng aming mga maleta habang papunta kami sa bus terminal. Gamit ang aming parehong pakiusap, nakapaghintay kami sa isa pang bus at makalipas ang ilang araw ay dumating sa Santa Cruz, Bolivia, malapit sa hangganan ng Brazil. Sa tatlong umaga, nagpunta ako sa istasyon ng tren upang magtanong kung mayroon bang aalis. Ang sagot ay laging wala. Ngunit sa ikaapat na araw, kumalat ang balita na isang tren ang aalis sa lalong madaling panahon papuntang Brazil.

Sa puntong ito, kinukulang na kami ng pera. Sinabi ko ang aking mga alalahanin sa aking asawa, na matatag na tumugon, "Kahit na kailanganin nating dumating na naglalakad o sakay ng isang asno, makakayanan natin ito." Naging masaya ako sa sagot niya. Hindi ako nababagabag tungkol sa pera sa natitirang bahagi ng paglalakbay dahil ang aming pagtitiwala ay nakabatay sa aming pananampalataya.

Habang nag-uusap kami, lumapit sa amin ang isang matandang babae. Tumigil siya sa harap ng aking asawa at sinabi, "Ne, baka gusto mo ng dalawang tiket para sa ngayon?" Halos hinablot ng aking asawa ang mga tiket sa kanyang kamay. Binayaran ko ang matandang babae, at

nawala siya sa pulutong ng mga tao. Ilang segundo lang ang lumipas nang matanto namin na ang Panginoon at ang Kanyang mga anghel ay nasa tabi pa rin namin.

Mula Santa Cruz hanggang São Paulo

Nang sa wakas ay dumating kami sa São Paulo Temple, salamat sa isang huling biyaheng kaloob ng isang naging kaibigan namin sa tren, sarado na ang patuluyan ng templo. Wala na kaming magawa pa ngunit masaya, ginawa naming komportable ang aming sarili sa dalawang bangko sa labas ng templo. Hayun siya, maganda tulad ng aming pinangarap, may estatwa ng anghel na si Moroni sa itaas. Hatinggabi na, at kami ay umiyak habang magkayakap, pagod at basa dahil sa patak ng ulan. Hindi namin naramdaman ang halumigmig, ang gutom, o ang lamig, kundi isang di-mailalarawan na damdamin ng kaligayahan lamang sa pagiging malapit sa bahay ng Panginoon. Kami ay naging masunurin, at hayan ang aming gantimpala.

Habang kami ay nagpapainit ng katawan nang sandaling iyon, may isang taong tumapik sa aking balikat. Siya ay isang kasama ko dati sa misyon, na nabuklod sa templo nang araw na iyon at bumabalik mula sa hapunan kasama ang kanyang asawa. Hinayaan niya kaming makituloy sa kanilang apartment noong gabing iyon, at nang sumunod na araw ay naging saksi siya sa aming pagbubuklod, na isinagawa ng temple president mismo. Napakagandang pagmasdan ang aking asawa sa silid na selestiyal, lahat ay nakasuot ng puti.

Sa pamamagitan ng pautang mula sa aking kaibigang missionary at tulong mula sa temple president, nakapaglalakbay kaming pabalik nang wala pang limang araw, nang walang anumang pagkaantala—at may $20 lamang upang simulan ang isang buhay kasama ang aking asawang si Maria Ondina, bilang aking walang hanggang kabiyak. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

SULIT ANG BAWAT SAKRIPISYO

"Alam ng mga nakauunawa sa walang hanggang mga pagpapalang nagmumula sa templo na walang sakripisyong napakalaki, walang kapalit na napakabigat, walang pagsisikap na napakahirap upang matanggap ang mga pagpapalang iyon. Walang paglalakbay na napakalayo, walang maraming balakid na hindi malalagpasan, o napakaraming hirap na hindi mapagtitiisan. Nauunawaan nila na ang nakapagliligtas na mga ordenansang natanggap sa templo na nagtutulot sa atin na makabalik balang-araw sa ating Ama sa Langit sa ugnayan ng pamilyang walang hanggan at mapagkalooban ng mga pagpapala at kapangyarihan mula sa itaas ay sulit sa lahat ng sakripisyo at pagsisikap."

Thomas S. Monson (1927-2018), "Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2011, 93.

Pagtatanim ng mga Binhi ng Ebanghelyo sa Puso ng Aking Ina

Ni Sonia Padilla-Romero

Sumapi ako sa Simbahan noong 14 taong gulang ako. Pinayagan ako ng aking mga magulang na magpabinyag, ngunit wala ni isa sa kanila ang interesado sa pagsapi o kahit mag-aral tungkol sa Simbahan.

Sa mahigit na 10 taon, ninais kong malaman ng aking pamilya ang kaligayahan na naramdaman ko sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, ngunit noong dekadang iyon, nagsimba ako, natanggap ang aking endowment, at naglingkod sa full-time mission nang walang suporta ng pamilya.

Nang bumalik ako sa Mexico kasunod ng aking misyon sa Temple Square sa Salt Lake City, Utah, USA, nanirahan ako kasama ang aking ina. (Nagdiborsiyo ang mga magulang ko habang nasa high school ako.) Nagsimula akong magtrabaho sa Mexico Missionary Training Center, kaya matalinong inanyayahan ko siya upang makilala ang mga elder at sister na tinuturuan ko. Hindi kapansin-pansin (at paminsan-minsan ay kapansin-pansin) kong inanyayahan ang mga missionary na naglilingkod sa aking ward na samahan kami ng aking ina sa paghahapunan. Ginawa ko ang lahat ng magagawa ko upang makasalamuha niya ang mga missionary, umaasa na maaari siyang magtanong nang higit pa tungkol sa ebanghelyo, ngunit ang aking mga pagsisikap ay tila walang kabuluhan.

Sa palagay ko nakilala niya ang bawat magkasamang missionary na nakaugnayan ko sa tatlong taon na iyon, at wala pa ring nangyari.

Noong 2008, lumipat ako sa Estados Unidos upang matamo ang isang degree sa nursing. Sa pagtatapos ng taon, kasunod ng malawakang pagbabago, nagdaos ang Mexico City Mexico Temple ng isang open house. Hinimok ko ang aking ina na magpunta at makita kung ano ang lahat tungkol sa templo habang may pagkakataon siya. Pagkatapos ng labis na paghimok na ginawa ko, sumang-ayon siya na magbiyahe ng 70-milya (113 km) upang dumalo sa open house.

Nang muli ko siyang makausap, ibinulalas niya ang tungkol sa kamangha-manghang karanasan niya. Sinabi niya sa akin na may plano siyang bumalik muli. Sa katunayan, nagawa niyang pumunta nang maraming beses pa sa loob ng natitirang linggo ng open house. Dumalo pa nga siya sa kultural na pagdiriwang bago ang muling paglalaan ng templo.*

Ginawa ko ang lahat na maiisip ko upang turuan ang aking ina tungkol sa Simbahan, ngunit isang open house sa templo ang nagdulot ng lahat ng kaibhan.

Nang sumunod na pag-uusap namin sa telepono, sinabi ni Inay na aanyayahan niya ang mga missionary

MGA IMAHE MULA SA GETTY IMAGES

na turuan siya. Tila mula sa kawalan, nagtatanong siya at nagtutuon ng pansin sa mga paraan na matagal nang inaasahan ko. Nang umuwi ako sa Kapaskuhan habang wala akong pasok sa eskuwela, napansin ko na siya ay naiiba. Bagamat siya ay palaging mabait at mahabagin, nagkaroon ng malalim na pagbabago sa kanya—isang pagbabagong-loob.

Nagbalik ako sa paaralan na namamangha sa kung ano ang nagaganap. Pagkaraan ng isang linggo, tumawag si Inay at sinabing, "Sonia, nais ko lang malaman kung kailan ka babalik sa Mexico, dahil bibinyagan ako."

Labis-labis ang tuwa ko, masayang-masaya! Umuwi ako noong Pebrero para sa kanyang binyag. Kamanghamangha sa akin na makita siyang dumadalo sa simbahan, makita siyang tumatanggap at naglilingkod sa isang tungkulin, at lumalago sa ebanghelyo. Alam ko na alam niya na totoo ito.

Nakapagbibigay-lakas ding marinig siyang nagdarasal. Naantig akong marinig lalo na ang kanyang panalangin para sa akin at sa aking kaligtasan bago ako bumalik sa Estados Unidos. Walang katulad ang panalangin ng isang magulang para sa isang anak.

Bakit hindi agad naganap ang mga bagay-bagay? Hindi ko alam. Marahil ay kailangan muna ng aking ina na magkaroon ng mga binhi na naitanim sa kanyang buhay bago niya matanggap ang ebanghelyo. Marahil naantig siya ng templo sa isang paraan at sa isang pagkakataon na hindi magagawa ng aking mas maagang pagsisikap. Ang makita ang pagkilos ng Panginoon sa buhay ng aking ina ay nagpapaalala sa akin ng mga oras na nakita ko ang Kanyang kamay sa sarili kong buhay, at ito ay nagbibigay sa akin ng malaking pag-asa para sa kung ano ang maipahahayag Niya sa buhay ng iba pang mga miyembro ng aking pamilya.

Alam ko na alam ng Panginoon ang nangyayari sa atin at pinapatnubayan Niya ang ating buhay. Kapag pinahihintulutan ko Siyang patnubayan ang aking buhay, napupunta ako sa mga tamang lugar. Kapag sinusunod ko ang aking sariling kalooban, nagiging mas matagal at karaniwang mas mahirap. Mas gusto kong sorpresahin ako ng Panginoon at ipakita sa akin kung anong mga dakilang bagay na mayroon Siya na nakalaan sa akin. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

* Ang Mexico City Mexico Temple ay muling inilaan noong Nobyembre 16, 2008, ni Pangulong Thomas S. Monson at, kasunod ng pangalawang renobasyon, ay muling inilaan noong Setyembre 15, 2015, ni Pangulong Henry B. Eyring.



ANG MGA PAGPAPALA NG BANAL NA TEMPLO

"Inaanyayahan ko kayo na gawin ang mga pagpapala ng banal na templo na simula at dulo ng karanasan ng bawat missionary, kabilang ang sa inyo. Tanging sa pamamagitan ninyo, ang templo ay magiging isang lugar ng pagtitipon para sa lahat ng mga sumapi sa kawan ni Kristo."

Bishop Gérald Caussé, Presiding Bishop, seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 27, 2015.

SI JESUS ANG CRISTO

ANG PATOTOO NG *mga* PROPETA SA MGA HULING ARAW



MGA PAGLALARAWAN NI JIM MADSEN

BUHAY BAGO TAYO ISINILANG

Nag-anyaya ang Panginoong Jesucristo, "Matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita; lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan sa akin" (D at T 19:23). Gaya ng alam ninyo, ang talatang ito sa banal na kasulatan ang tema ng Mutwal sa taong ito. Naisip ba ninyo kung paano kayo matututo sa Kanya at makikinig sa Kanyang mga salita?

Ang isang paraan na matututo tayo sa Kanya ay sa pamamagitan ng mga Pangulo ng Simbahan; bilang mga propeta sa mga huling araw na tinawag na maging mga natatanging saksi ni Cristo, nagpatotoo sila, at patuloy na nagpapatotoo, sa mga banal na tungkulin ng Tagapagligtas sa walang hanggang plano ng Ama sa Langit sa buhay bago tayo isinilang, sa buhay sa mundo, at sa kabilang-buhay.

"Alam natin na ang kaligtasan ay na kay Cristo; na Siya ang Panganay na Anak ng Amang Walang Hanggan; na Siya ay pinili at inorden noon pa man sa mga kapulungan ng langit na magsagawa ng walang-katapusan at walang-hanggang Pagbabayad-sala; na Siya ay isinilang sa mundo bilang Anak ng Diyos; at na dinala Niya ang buhay at imortalidad sa mundo sa pamamagitan ng ebanghelyo."[1]

Pangulong Joseph Fielding Smith (1876–1972), ika-10 Pangulo ng Simbahan

"Ang Anak ng Diyos . . . ay may kapangyarihang lumikha ng mga daigdig, at pangasiwaan ang mga ito. Pumarito Siya bilang Bugtong na Anak upang isakatuparan ang isang misyon, . . . upang magdala ng kaligtasan sa buong sangkatauhan. Sa pag-aalay ng Kanyang buhay binuksan Niya ang pinto ng pagkabuhay na mag-uli at nagturo sa paraang matatamo natin ang buhay na walang hanggan."[2]

Pangulong Harold B. Lee (1899–1973), ika-11 Pangulo ng Simbahan

"Si Jesucristo noon at ngayon ang *Panginoong Makapangyarihan*. (Tingnan sa Mosias 3:5.) Siya ay pinili bago Siya isinilang. Siya ang makapangyarihang Maylalang ng langit at lupa. Siya ang pinagmumulan ng buhay at liwanag sa lahat ng bagay."[3]

Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994), ika-13 Pangulo ng Simbahan

SIYA ANG ATING MANUNUBOS

"Buong puso at sigla ng aking kaluluwa na itinataas ko ang aking tinig sa pagpapatotoo bilang natatanging saksi at ipinahahayag na talagang buhay ang Diyos. Si Jesus ay Kanyang Anak, ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman. Siya ang ating Manunubos; Siya ang ating Tagapamagitan sa Ama. Mahal Niya tayo sa paraang hindi natin lubos na mauunawaan, at dahil mahal Niya tayo, ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa atin. Hindi mailalarawan ang pasasalamat ko sa Kanya."[11]

Pangulong Thomas S. Monson (1927–2018), ika-16 na Pangulo ng Simbahan

BUHAY SA MUNDO



"Ang layunin ng misyon ni Cristo sa mundo ay ialay ang Kanyang sarili bilang sakripisyo upang tubusin ang sangkatauhan sa walang hanggang kamatayan. . . .

"Walang nilalang na may kapangyarihang iligtas ang mga kaluluwa ng tao at bigyan sila ng buhay na walang hanggan, maliban kay Jesucristo, sa utos ng Kanyang Ama."[4]

Pangulong Wilford Woodruff (1807–98), ika-4 na Pangulo ng Simbahan



"Si Jesus ang Manunubos ng daigdig, ang Tagapagligtas ng sangkatauhan. . . .

"Pumarito Siya upang ituro sa atin ang pagkatao ng Diyos, at sa pamamagitan ng halimbawa at tuntunin ay itinuro ang landas, na kung ating tatahakin, ay aakay sa atin pabalik sa Kanyang kinaroroonan. Pumarito Siya upang kalagin ang mga gapos ng kamatayan na gumagapos sa atin, at ginawang posible ang pagkabuhay na muli kung saan napagtagumpayan ang kamatayan."[5]

Pangulong Heber J. Grant (1856–1945), ika-7 Pangulo ng Simbahan

"Naimpluwensiyahan ni Jesucristo ang sangkatauhan nang higit sa sinumang nabuhay sa mundo. . . .

". . . Pinagaling Niya ang mga maysakit, ipinanumbalik ang paningin ng bulag, pinalayas ang masasamang espiritu, binuhay ang mga patay, nagbigay aliw sa mga naaapi, ikinalat ang mabuting balita ng ebanghelyo ng pag-ibig, nagpatotoo tungkol sa Ama, itinuro ang walang hanggang plano ng kaligtasan, at inilatag ang batayan para sa isang organisasyon na makapagbibigay ng kaligtasan ng tao—ang Kanyang Simbahan."[6]

Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), ika-12 Pangulo ng Simbahan

KABILANG-BUHAY

"Ang mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo, na Siya'y namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit; at ang lahat ng iba pang mga bagay na may kaugnayan sa ating relihiyon ay mga kalakip lamang nito."[7]

Pangulong Joseph Smith (1805-44), unang Pangulo ng Simbahan

"Kanyang napanagumpayan ang kamatayan, impiyerno at libingan, at tumayong matagumpay bilang Anak ng Diyos, na siya ring Amang walang hanggan, ang Mesiyas, ang Prinsipe ng kapayapaan, ang Manunubos, ang Tagapagligtas ng sanglibutan. . . . Napanagumpayan Niya ang lahat, at umakyat sa may kanang kamay ng Diyos magpakailanman."[8]

Pangulong John Taylor (1808–87), ika-3 Pangulo ng Simbahan

"Taimtim at may pasasalamat na nagpapatotoo ako na si Jesus ang Cristo, ang Tagapagligtas ng mundo. Tunay na Siya ang sentro ng ating pagsamba at ang susi sa ating kaligayahan. Sundin natin ang Anak ng Diyos sa lahat ng bagay at aspeto ng ating buhay. Gawin natin Siyang ating huwaran at ating gabay."[9]

Pangulong Howard W. Hunter (1907–95), ika-14 na Pangulo ng Simbahan

"Hindi sapat ang aking pasasalamat para sa Pagbabayad-sala na ginawa ng aking Tagapagligtas at aking Manunubos. Sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyo sa pagtatapos ng isang buhay ng pagiging perpekto—ang sakripisyong iyon na inialay sa hindi masambit na pagpapakasakit—ang mga bigkis ng kamatayan ay nakalag, at ang pagkabuhay na muli ng lahat ay natiyak. Higit pa rito, nabuksan ang mga pintuan ng selestiyal na kaluwalhatian sa lahat na tatanggap ng banal na katotohanan at susunod sa mga tuntunin nito."[10] ■

Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), ika-15 Pangulo ng Simbahan

LARAWAN NI JOSEPH SMITH JR. NI ALVIN GITTINS; LARAWAN NI JOHN TAYLOR SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY AND ARCHIVES

MGA TALA

1. Joseph Fielding Smith, "Out of the Darkness," *Ensign,* Hunyo 1971, 2 (isinunod sa pamantayan ang malalaking titik).
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* (2001), 52.
3. Ezra Taft Benson, "Jesus Christ: Our Savior and Redeemer," *Ensign,* Nob. 1983, 6.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2004), 73, 80 (isinunod sa pamantayan ang malalaking titik).
5. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* (2002), 252–53. (isinunod sa pamantayan ang malalaking titik).
6. Spencer W. Kimball, "The True Way of Life and Salvation," *Ensign,* Mayo 1978, 6 (isinunod sa pamantayan ang malalaking titik).
7. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 58.
8. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* (2002), 53–54.
9. Howard W. Hunter, "Follow the Son of God," *Ensign,* Nob. 1994, 87 (isinunod sa pamantayan ang malalaking titik).
10. Gordon B. Hinckley, "Ang Aking Patotoo," *Ensign,* Nob. 1993, 52.
11. Thomas S. Monson, "Paglingon at Pagsulong," *Liahona,* Mayo 2008, 90.

Mga Katotohanan Tungkol kay JESUCRISTO,



Jesucristo . . .						Kayo . . .
"Nasa simula, bago pa itinatag ang daigdig" (D at T 93:7).	"Lumalakas at napupuspos ng karunungan [sa espiritu]" (Lucas 2:40).	"Lumalaki sa karunungan . . .	"At panga-ngatawan,	"At sa pagbi-bigay lugod sa Diyos . . .	"At sa mga tao" (Lucas 2:52).	"Nagpatuloy nang biyaya sa biyaya, hanggang sa tanggapin niya ang kaganapan" (D at T 93:13).
"Sa simula [rin] ay kasama ng Ama" (D at T 93:23).	Lumalakas sa espiritu sa pamamagitan ng *pag-aaral* at *pagsasabuhay* ng mga alituntunin ng ebanghelyo.	Lumalawak ang karunungan sa pamamagitan ng edukasyon, mabuting pagpapasiya, at karanasan.	Lumalaki ang pangangatawan.	Kalulugdan ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagtupad sa mga kautusan.	Mapagkakati-walaan ng mga magulang at iba pang tao sa pamamagitan ng pagpapakita na nasa wasto nang isipan at responsable.	Makatatanggap din ng kaganapan sa pamamagitan ni Jesucristo—kung susundin ninyo ang mga kautusan ng Diyos (tingnan sa D at T 93:27).

DETALYE MULA SA *SIYA AY NAGBANGON*, NI DEL PARSON; BACKGROUND MULA SA GETTY IMAGES

Mga Katotohanan Tungkol sa INYO

Ang pag-unawa sa ilang mga katotohanan tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang buhay ay makahihikayat sa ating maniwala na posible talagang tularan Siya.

Ni David A. Edwards
Mga Magasin ng Simbahan

Sa lahat ng bagay, si Jesucristo ay nakahihigit sa sinuman sa atin (Tingnan sa Isaias 55:8–9; Abraham 3:19). Hindi nagkataon lamang na Siya ang "Minamahal at Pinili mula pa sa simula" ng Ama (Moises 4:2) at na natamo Niya ang Kanyang kaluwalhatian.

Ngunit hindi natin dapat isipin na dahil sa layo ng agwat ng kadakilaan ng Tagapagligtas sa atin na napaka-imposibleng gawin ang paanyaya Niyang tularan Siya. Tumutulong ang makabagong paghahayag na makita natin na kayang abutin ang mithiing tularan ang mga halimbawa ng Tagapagligtas.

Narito ang ilang katotohanan tungkol kay Jesucristo at ang ilang katotohanan tungkol sa inyo. Makatutulong ang mga ito na makita ninyo na totoong masusundan ang parehong pangunahing landas na tinahak Niya upang matamo ang ganap na mga pagpapala ng Ama sa Langit na nakalaan para sa inyo.

TALUDTOD SA TALUDTOD

"Kung si Jesus, na Anak ng Diyos, at ang Ama ng Kalangitan at ng mundo kung saan tayo nananahan, ay hindi natanggap ang kaganapan sa simula, subalit umunlad sa pananampalataya, kaalaman, pang-unawa at biyaya hanggang sa matanggap niya ang kaganapan, hindi imposible para sa lahat ng kalalakihan na isinilang ng mga kababaihan na tumanggap nang kaunti rito, kaunti roon, taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin, hanggang sa matanggap nila ang kaganapan, katulad ng natanggap niya ang kaganapan, at madakila kasama niya sa kinaroroonan ng Ama?"

***Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 198.**

"Hindi [Niya] tinanggap ang kaganapan sa simula, subalit nagpatuloy nang biyaya sa biyaya" (D at T 93:12). Ibig sabihin nito, Siya ay walang ganap na kaalaman tungkol sa Kanyang sarili at sa misyon Niya noong una Siyang pumarito sa lupa, ni taglay man ang buo Niyang kapangyarihan. Lumawak ang Kanyang kaalaman at kapangyarihan mula sa Diyos dahil sa Kanyang pagsunod.	"Tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin, . . .	"Gayon ma'y walang kasalanan" (Mga Hebreo 4:15).
Wala kayong ganap na kaalaman tungkol sa inyong pagkatao at layunin nang isilang kayo ngunit unti-unting yumabong ang kaalaman ninyo rito. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, binibigyan tayo ng espirituwal na kaalaman at kapangyarihan ng Diyos "ng taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin" (2 Nephi 28:30).	Tinutukso.	Nagkakasala (gaya ng lahat ng tao)—ngunit maaaring maging malinis sa kasalanan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo kung magsisisi, magpapabinyag, tatanggapin ang Espiritu Santo, at makikibahagi ng sakramento.

Mangyari pa, may iba pang katotohanan tungkol kay Jesucristo na nagpapakita kung paano kayo o nagagawang tularan Siya (halimbawa, Siya ay bininyagan, at gayundin naman kayo—o maaari—rin). At makatutulong ang pagkakaroon ng kaalaman tungkol kay Jesucristo para makita ninyo na sa landas ng buhay ninyo rito, tunay na "Namuno S'ya at landas ay 'tinuro" ("Dakilang Karunungan at Pagibig," *Mga Himno,* blg. 16). ■

Ni Elder
Claudio R. M. Costa
Ng Pitumpu

SUNDIN ANG PROPETA

Lahat ng pagpapalang natatanggap ko ngayon ay nagsimula sa pagkakaroon ng patotoo tungkol sa mga makabagong propeta.

Nabinyagan ako noong ako'y 28 taong gulang. Tinanggap ko ang ebanghelyo dahil sa pananampalataya at kaalamang natamo ko tungkol sa mga makabagong propeta.

Noong 12 taong gulang ako, ang mga missionary ay nakilala namin ng pamilya ko—ng mga magulang ko, isang kapatid na lalaki, at dalawang kapatid na babae—at nagbahagi sila tungkol sa pamilya. Sinabi nila na ang mga miyembro ng Simbahan ay may isang gabi para sa pamilya at ipinaliwanag ang family home evening.

Sinabi ng aking ama, "Maraming salamat sa pagdalaw ninyo sa amin, pero hindi kami interesado." Nalungkot ako nang husto, pero



Nabasa ko ang tungkol sa Unang Pangitain . . .



MGA PAGLALARAWAN NI DAVID MALAN

ipinaliwanag niya: "Anak, mayroon tayong *pitong* araw na gabi ng pamilya, at ang sabi nila sa atin na kailangan lamang natin ng *isa*. Wala silang maituturo sa atin."

Lumipas ang limang taon, noong ako'y 17 taong gulang na, nagkatrabaho ako sa ibang lungsod at namuhay nang mag-isa. Noong panahong malayo ako sa aming tahanan, muling kumatok ang mga missionary sa pintuan ng mga magulang ko. Sa pagkakataong ito, nakinig ang pamilya ko at nabinyagan. Nang ipaalam ito sa akin ng mga magulang ko, sinabi ko, "Hindi ako interesado sa relihiyon sa ngayon."

Lumipas muli ang limang taon, at namalagi ako sa tahanan ng mga magulang ko samantalang nagpapalit ako ng trabaho. Ang aking ama ang ward mission leader, at dinadalaw siya saglit ng mga missionary tuwing hapon para mag-update at i-coordinate ang mga plano. Isang araw tinanong nila siya, "Sino ang binatang iyon?"

Sinabi niya, "Siya ang anak ko na nakatatanda."

"Miyembro ba siya?"

"Hindi."

"Kailangan namin siyang makausap."

Pero ang sabi ko, "Hindi ako interesado."

NALAMAN ANG TUNGKOL KAY JOSEPH SMITH

Isang araw, pumayag ang aking ama na turuan ng mga missionary sa aming bahay ang isang babae. Dumating sila ng mga alas-5:00 nang hapon at nagsimulang turuan ito—at alam nila na nasa kabilang kuwarto ako't gumagawa ng sandwich bago umalis para makipagkita sa mga kaibigan ko. Itinuro nila ang tungkol sa isang batang propeta—si Joseph Smith—at ang Unang Pangitain. At mula sa kabilang kuwarto, ako ay nakinig.

Nang sa wakas ay umalis ako ng bahay, nagsimulang kumilos ang Espiritu sa aking puso at may ilang katanungang pumasok sa isipan ko: "Bakit hindi mo gawin ang itinuro ng mga sister sa babaing iyon? Bakit hindi mo pagaralan ang kasaysayan ni Joseph Smith at tanungin ang Panginoon kung totoong isa siyang propeta?" At sinabi ko sa aking sarili, "Masaya ako. Gumagawa ako ng mabubuting bagay. Hindi ko kailangan iyan." Pero nagsimula akong bagabagin ng Espiritu, at nagpasiya akong huwag makipagkita sa mga kaibigan ko nang gabing iyon. Umuwi ako ng bahay.

at ang binyag nina Joseph Smith at Oliver Cowdery at ang patotoo ni Propetang Joseph Smith.

Tinanong ko ang aking ina, "Saan ko po mababasa ang kasaysayan ni Joseph Smith?" Ibinigay niya sa akin ang kanyang mga banal na kasulatan at ipinakita sa akin ang Joseph Smith—Kasaysayan, at binasa at ipinagdasal ko. Binasa ko ang unang talata, pinagnilayan ito, at tinanong ang Ama sa Langit kung totoo ang nakasulat dito. Ginawa ko ito sa bawat talata hanggang sa matapos ko itong basahin. Sabik ang puso ko sa kasagutan. Nagbasa at nagdasal ako buong gabi, hanggang sa alas 9:20 nang sumunod na umaga.

Inihayag ng Panginoon sa akin na si Joseph Smith ay isang propeta. Napakasagrado ng naging karanasan ko. Nang matapos ako sa pagdarasal, nangako ako na hahanapin ko ang mga missionary at magpapabinyag dahil nakatitiyak ako sa kaalamang ito.

Sinabi ko sa mga sister, "Kailangan akong mabinyagan ngayon." Ipinaliwanag nila ang mga lesson na kailangan kong pakinggan at ang mga pangakong kailangan kong gawin. Pero ang sabi ko, "Ayokong sayangin ang isang araw na ipinaalam ng Panginoon sa akin na si Joseph Smith ay isang propeta."

Tinawagan ng mga sister ang zone leader nila. Pumayag ito sa mabilis na pagtatakda ng mga lesson. Itinakda niya ang interbyu sa binyag at sinabi sa akin na kailangan din niyang kausapin ang ward mission leader, at sinabi kong, "Huwag mo nang alalahanin iyon, ako ang kakausap sa ward mission leader. Tatay ko siya. Maraming taon na niyang ipinagdarasal na mabinyagan ako."

Ang binyag ko ay isang karanasang maaalala ko magpakailanman. Kaytamis at kayganda ng pakiramdam. Nadama ko na ibang tao na ako. Malinis ako. Pakiramdam ko'y napakalapit ko sa Diyos, at napakasaya ko.

PAGSUNOD SA BUHAY NA PROPETA

Dahil matibay ang patotoo ko tungkol sa nangyari sa Sagradong Kakahuyan noong 1820, noon pa ma'y aktibo na ako sa ebanghelyo at sa Simbahan. Nagsimula akong maglingkod, gumanap ng mga calling, at ibigay ang lahat ng makakaya ko sa Simbahan.

Dalawang linggo matapos akong mabinyagan, tinawag ako ng aking stake president bilang pinuno ng young single adults sa aking stake (kahit pa kinailangan kong itanong sa kanya kung ano ang isang stake). Dalawang linggo pa ang lumipas, nag-organisa ako ng isang singles conference sa rehiyon. Ito ang pinakamagandang singles conference sa kasaysayan ng Simbahan, dahil dito ko nakilala ang aking asawa.

Pagkalipas ng isang taon kami ay ikinasal. Kami ay 38 taon nang masayang nagsasama ng asawa ko. May apat kaming anak at 10 apo, at lahat ng pagpapalang tinatamasa namin ay dahil sa pagpapasiyang ginawa namin. Bago kami nagpakasal, tinanong ko siya, "Susuportahan mo ba ako na maging ganap na 100 porsiyentong masunurin sa mga buhay na propeta?" Sinabi niyang, "Oo."

Matapos akong mabinyagan, ang unang mensaheng narinig ko mula sa propetang si Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), ay tungkol sa pagiging self-reliant at matalino sa paghawak ng pera. Sinabi rin niya na bigyan ng magandang edukasyon ang inyong mga anak.[1] Ang dalawang dakilang bagay na ito ay itinuro namin sa aming

Sinunod ko ang payo ni Pangulong Kimball.

Nakatulong ito sa akin na mabigyan ng magandang edukasyon ang aking mga anak.

pamilya at naging malaking pagpapala. Maayos ang lagay ng mga anak ko ngayon—hindi dahil sa napakatalino ko; dahil pinili kong sundin ang mga propeta.

Gustung-gusto kong pinaglilingkuran ang Panginoon at ang aking kapwa dahil iyon ang natutunan ko mula sa mga propeta.

PAGKAKAROON NG SARILI MONG PATOTOO

Sundin ang mga propeta. Pakinggan ang kanilang mga salita at isabuhay ang kanilang itinuturo, at magiging maligaya kayo. Nagmula ang aking pananampalataya at kaalaman tungkol sa Simbahan at sa ebanghelyo sa aking patotoo na si Joseph Smith ay isang propeta.

Mahal ko ang Ama sa Langit at si Jesucristo. Hangad kong makasama Sila magpakailanman. Kaya nga mahalagang makinig sa mga propeta—alam nila ang daan pabalik sa kinaroroonan ng Diyos.

Sa palagay ko kailangang basahin ng bawat kabataan ang kasaysayan ni Joseph Smith nang may tunay na layunin, bukas ang puso at isipan, at tanungin ang Ama sa Langit. At nakatitiyak ako na sasagutin ito ng Panginoon, gaya ng pagsagot Niya sa akin. Kung babasahin ninyo ang bersyon na mayroon tayo sa mga banal na kasulatan, magkakaroon kayo ng malakas na patotoo. Pagkatapos ay maaari na ninyong basahin ang iba pang bersyon nito.[2]

Nakita ni Joseph Smith ang liwanag, nakita niya ang Diyos Ama at si Jesucristo, at nakipag-usap Sila sa kanya. Ito ay banal na kaalamang nagmumula sa Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu.

Matapos ninyong matanggap ang pagpapatibay na ito sa inyong puso, magtakda ng mithiin na malaman ang mga salita ng mga buhay na propeta. Pag-aralan ang kanilang mga salita sa mga banal na kasulatan, sa pangkalahatang kumperensiya, *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* mga magasin ng Simbahan, at LDS.org. Alamin ang kanilang mga payo sa seminary, Sunday School, at sa mga miting ng korum o klase. Gumawa ng mga mithiing nakabatay sa mga prayoridad na inilatag ng mga propeta. Pagkatapos ay gawin lamang ito.

Madarama ninyong mas napapalapit kayo sa Panginoon. Madarama ninyong lumalawak ang inyong pang-unawa sa paaralan at sa lahat ng bagay. At tandaan na hindi kayo kailanman nag-iisa. May mga matulunging tao sa paligid ninyo na handang tumulong, kabilang na ang inyong bishop o branch president. At ang Panginoon at Kanyang Espiritu ay mapapasainyo. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Spencer W. Kimball, "Welfare Services: The Gospel in Action," *Ensign,* Nob. 1977, 76–79.
2. Tingnan sa "First Vision Accounts," Gospel Topics, topics.lds.org.

Pinagpala ang aking pamilya sa pagsunod sa mga propeta.

ANG SUSI SA PAGPAPATAWAD SA SARILI

Limang buwan na ang nakalilipas, at hindi ko pa rin mapatawad ang sarili ko. Magmula noong nagkamali ako at nakagawa ng isang bagay na ikinahihiya ko, pakiramdam ko'y tila bumubulusok pababa ang buhay ko. Palala nang palala ang pagkahiya ko sa tuwing nakagagawa ako ng isang bagay na sa tingin ko ay mali. Hindi ako matahimik.

Ni Madison Child

Hindi ko kailangang patuloy na parusahan ang sarili ko dahil nagbayad-sala na si Jesucristo para sa aking mga kasalanan.



LARAWANG KUHA MULA SA GETTY IMAGES; *IMAHE NI CRISTO*, NI HEINRICH HOFMANN

Nagdasal ako para humingi ng kapatawaran at sa pakiramdam ko nama'y pinatawad na ako ng Diyos. Pero hindi ko magawang patawarin ang sarili ko. Paano ko magagawa iyon samantalang nagkasala ako? Paulit-ulit kong kinakastigo ang sarili ko, na pumipigil sa aking magsimulang muli.

Kahit ganito ang nararamdaman ko, sumama ako sa isang summer youth conference kung saan itinuon namin ang lahat ng aming mga pag-aaral sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Isang araw, hindi sinasadyang nabasa ko ang isang talata sa Aklat ni Enos na nagsasabing: "Enos, ang iyong mga kasalanan ay pinatatawad na, at ikaw ay pagpapalain.

"At ako, si Enos, nalalaman na ang Diyos ay hindi makapagsisinungaling, kaya nga, ang aking pagkakasala ay napalis" (Enos 1:5–6).

Ang lakas ng dating nito sa akin. Napag-isip-isip ko na, gaya ko, nakagawa rin si Enos ng isang pagkakamali at nangailangan ng kapatawaran. Inilarawan pa niya ang pagsisikap niyang mapatawad bilang isang pakikipagbuno sa Diyos (tingnan sa Enos 1:2). Ngunit kalaunan, matapos ang buong maghapon at magdamag na pagdarasal, napayapa si Enos. At nang magtanong siya, "Panginoon, paano ito nangyari?" sumagot ang Panginoon, "Dahil sa iyong pananampalataya kay Cristo" (Enos 1:7, 8).

Iyon pala! Sumampalataya si Enos kay Jesucristo. Kung pinahintulutan ni Enos na linisin ng Tagapagligtas ang kanyang pagkakamali, bakit hindi ko Siya mapahintulutang magbigay ng kapayapaan sa aking buhay? Magmula noon, tuwing sa pakiwari ko ay hindi ko mapapatawad ang sarili ko, isinasa-isip ko ang pagmamahal at kapatawaran ni Jesucristo. Ipinagdarasal ko na bigyan ako ng kakayahang pakawalan ang masasamang saloobin at tigilang ikahiya ang sarili. Matagal-tagal din ito, ngunit matapos ang maraming pagdarasal, tumigil na ang nararamdaman kong hindi maganda sa tuwina. Sa wakas ay nadama ko ang kapayapaan.

Ang karanasang ito ang nagturo sa akin ng maraming bagay tungkol sa biyaya ni Cristo. Matapos akong magkasala, nakadama ako ng makadiyos na kalumbayan, nagdasal, nagsisi, at nakatanggap ng pagpapatibay na napatawad na ako ng Diyos. Gayunman patuloy kong pinarusahan ang sarili ko. Kalaunan ay natanto ko na hindi ko kailangang patuloy na parusahan ang sarili ko sa kasalanang iyon dahil pinagbayaran na ito ni Jesucristo sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala. Marahil ay napakahirap at napakasakit noon para sa Kanya, ngunit naging handa pa rin Siyang magdusa para hindi ako magdusa.

Natuto ako magmula noon na umasa kay Jesucristo at hayaang mapuspos ng Kanyang kapayapaan ang aking buhay sa pamamagitan ng pagpapatibay ng aking kaugnayan sa Kanya at sa aking Ama sa Langit. Sinisikap kong magdasal at basahin ang mga banal na kasulatan, lalo na ang Aklat ni Mormon, araw-araw. Sinisikap kong makilahok sa mga kaaya-ayang aktibidad at mabubuting media.

Nagkakamali pa rin ako, ngunit alam ko na kung magsisisi at patuloy na magsisikap na gawin ang abot ng makakaya ko, bibiyayaan ako ni Jesucisto. Kapag umaasa ako sa Kanya at sa Ama sa Langit, ang pagkakasala at kahihiyan ay nagtatapos. Alam ko na ngayon ang kapayapaang nagmumula sa pagsampalataya kay Jesucristo, at mas malakas ako dahil dito. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

"Dahil sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, si

JESUCRISTO

AY MAY KAPANGYARIHAN AT AWTORIDAD

NA TUBUSIN

ang buong sangkatauhan."

RESURRECTED CHRIST, NI J. KIRK RICHARDS, © J. KIRK RICHARDS, BAWAL KOPYAHIN

Elder Dale G. Renlund,
ng Korum ng Labindalawang Apostol
"Ang Priesthood at ang Nagbabayad-salang Kapangyarihan ng Tagapagligtas,"
pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2017.

TUWIRANG SAGOT

Paano ko malalaman kung lubos akong nagsisisi?

Itinuro ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol na "ang ibig sabihin ng pagsisisi ay pagsisikap na magbago" at na "ang tunay na pagbabago ay maaaring mangailangan ng paulit-ulit na pagsisikap." Sinabi rin niya na "upang lubos tayong makabaling sa Panginoon, dapat itong kapalooban ng isang tipan na susundin natin Siya," na nilalaman ng tipan sa binyag at sakramento ("Ang Banal na Kaloob na Pagsisisi," *Liahona,* Nob. 2011, 39). Ang ibig sabihin din ng ganap na pagsisisi ay pagbawi sa anumang pinsalang naidulot ninyo sa ibang tao. Bukod dito, sinabi ng Panginoon na ang isang taong ganap na pinagsisisihan ang kanyang mga kasalanan ay "aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon" (D at T 58:43). Kailangan ninyong ipagtapat ang lahat ng kasalanan sa Ama sa Langit at pati na ang mabibigat na kasalanan sa bishop. (Kung nag-aalangan, kausapin ang bishop. Nariyan siya para tumulong.)

Matapos gawin ang mga bagay na ito, isa sa mga paraan para malaman ninyo na ganap kayong nagsisisi ay ang makita at madama ang mga epekto ng pagsisisi—mga pagbabago sa inyong mga hangarin, nararamdaman, pananaw sa buhay, pakikipag-ugnayan, at pag-uugali. At, pinakamahalaga sa lahat, makakasama natin ang Espiritu Santo kapag ganap ang pagsisisi. ■

MGA BAGONG KASAL SA HARAPAN NG MANILA PHILIPPINES TEMPLE

Ang pagpili ng mapapangasawa ay magiging isang malaking desisyon, at kinakabahan ako rito. Paano ko malalaman na tama ang pinili ko?

Ang pagdesisyon kung sino ang pakakasalan ay isang bagay na makakaapekto sa inyong kaligayahan sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Ngunit hindi ito dapat magdulot sa inyo ng uri ng pagkabalisa na kalauna'y paparalisa sa inyo. Makadarama kayo ng kapayapaan at kagalakan sa desisyong ito kung susundin ninyo ang mga kautusan at mabubuting payo. Narito ang ilan sa mga bagay na kalimitang itinuturo ng mga lider ng Simbahan tungkol dito:

Maraming potensyal na "tamang" pagpipilian kung sino ang mapapakasalan ninyo. Makipagkilala sa maraming tao. Makipagdeyt sa mga taong may mataas na pamantayan. Mamuhay nang karapat-dapat. Kung ikaw ay young adult, makipagdeyt sa mga klase ng tao na maaari mong makasama sa templo. Ang potensyal na mapapangasawa ay isang taong sapat nang kilala para malaman kung magagawa ba ninyong makipagtipan sa Ama sa Langit nang magkasama. Humingi ng payo sa iyong mga magulang. "Pag-aralan ito sa iyong isipan" at pagkatapos "itanong [sa Diyos] kung ito ay tama" (D at T 9:8). Matatanggap mo ang pagpapatibay sa iba't ibang paraan, ngunit kailangan ding makatanggap ng pagpapatibay ang taong itinatangi. Sa sandaling mangako kayo sa isa't isa, pagsikapan ninyong maging "soul mate" ng isa't isa." ■

ANG BAHAGING PARA SA ATIN

"MASAYA AKO'T INANYAYAHAN MO AKO"

Noong unang makipagdeyt ako kay Nate, nagulat ako nang malaman kong hindi siya Latter-day Saint. Napakagalang niya, ngunit pagdating ko sa bahay, hindi ako sigurado kung makikipagdeyt ulit ako sa kanya.

Nang sumunod na linggo, tumawag si Nate na inaalam kung nais kong lumabas kami sa New Year's Eve. "Sori, Nate," sabi ko. "Linggo ng gabi iyan, at manonood kami ng pamilya ko ng isang broadcast mula sa Unang Panguluhan." Naramdaman ko ang isang kislap ng pahiwatig at idinagdag, "Maaari mo kaming samahan sa panonood kung gusto mo." Nagulat ako nang sumagot siya ng oo.

Nadama ko ang Espiritu nang buong lakas dahil hinihikayat tayo ng propeta na magtakda ng mga mithiing maglalapit sa atin kay Cristo. Nakinig si Nate sa lahat ng salitang binigkas. Nang makauwi na siya, napanatag at napayapa ako. Kinabukasan, tinawagan niya ako.

"Gusto kong magpasalamat sa paganyaya mo sa akin kagabi," sabi niya. "Lahat ng kaibigan ko ay magpa-party, at ayokong pumunta dahil alam kong may hindi magagandang bagay na mangyayari roon. Masaya ako't inanyayahan mo ako. Ang ganda ng pakiramdam ko."

Nadama ko na sinasabi sa akin ng Espiritu na tama ang ginawa ko. Ang pagiging palakaibigan ang nakatulong kay Nate na madama ang mga pagpapala ng pamumuhay nang matuwid. Alam kong may malasakit ang Diyos sa ating lahat at lagi Niya tayong tutulungang piliin ang tama. ■

Rachel H., Texas, USA

NALIGAW SA TIJUANA

Isang taon, nagpunta kami ng pamilya ko sa Tijuana, Mexico, para dalawin ang ilang miyembro doon at ihatid ang ilang mga gamit sa mission home. Gayunman, nang matawid namin ang hangganan sa pagitan ng California, USA, at Mexico, kami ay naligaw. Wala ni isa man sa amin ang may dala ng cell phone, kaya naman walang paraan para matawagan namin ang sinuman upang hingan ng tulong.

Sa huli, nagmungkahi ang kapatid ko na pumarada muna kami sa tabi ng kalsada at magdasal. Pumikit kaming lahat at nagsiyuko nang magdasal siya. Nang matapos siya, nagmulat ako at ang una kong nakita ay isang taxi na may sticker—ng San Diego California Temple! Napasigaw ako, "Ang templo!"

Isa sa mga kapatid kong babae ang dali-daling lumabas ng kotse at tinakbo ang taxi, na huminto sa daloy ng trapiko. Sandali niya itong kinausap at pagkatapos ay tumakbong pabalik at sinabi sa amin na sinabi nitong sundan namin siya. Sinundan namin siya sa pagsikut-sikot niya sa daloy ng trapiko at sa pagbagtas sa mga kalsada sa Tijuana hanggang sa makarating kami sa mission home.

Pinatibay ng karanasang ito ang patotoo ko na buhay ang Ama sa Langit at binabantayan tayo. Napakasarap ng pakiramdam ng matapat na nagdarasal bilang isang pamilya, at tunay ngang pinakikinggan ng Diyos ang ating mga dalangin. ■

Corbin D., California, USA

MGA PAGLALARAWAN NI ALYSSA PETERSEN

GAWA NA BA TALAGA ANG FAMILY HISTORY KO?

Gusto ko talagang makatulong sa paggawa ng family history ko, ngunit ang aking ama ay may pitong henerasyon sa kanyang family tree, at kumpleto na ang lahat ng ordenansa sa templo. Sa loob ng 11 taon, wala siyang nakuhang karagdagang impormasyon tungkol sa kanyang pamilya. Ang hangarin at pag-asa ko ay naglaho. Bigong sinabi ko sa aking sarili, "Gawa nang lahat ang family history ko. Saan ako kukuha ng mga pangalang dadalhin sa templo?"

Nagpasiya akong tingnan ang mga impormasyon ng aking ama sa kanyang FamilySearch tree at may tinig na nagsabi sa akin na marami pang kailangang gawin. Nagsimula akong maghanap ng impormasyon sa buong internet. Nakakita ako ng maraming taong kaapelyido ko, ngunit wala akong nakitang kaugnayan sa mga taong iyon.

Nang halos nawawalan na ako ng pag-asa, nagpasiya akong magayuno kasama ng aking ina para magtagumpay sa aming family history. Nang sumunod na Linggo ng umaga samantalang naghahanda kami para magsimba, naghanap na naman ako gamit ang internet, at hindi inaasahang natagpuan ko ang isang pahina ng impormasyon na hindi ko pa kailanman nakita. Isa itong himala!

Sa tulong ng bagong impormasyon, ako, sa edad na 14, ay nakapagdala ng 400 pangalan ng pamilya sa templo. Napakasaya ko. Ang pinakagusto kong parte ay ang pagbabahagi ng mga pangalang iyon sa mga kabataan at nakikita ang kanilang kaligayahan dahil sa maraming card sa kanilang mga kamay.



Nagpapatotoo ako sa dakila at kamangha-manghang gawaing ito. Kapag gumagawa tayo ng family history, tumutulong ang Espiritu para magtagumpay tayo at inaantig ang ating puso. ■

Guillermo T., Chile

Handang TUMULONG!

Sinisikap kong magningning ang aking ilaw o liwanag sa pamamagitan ng pagiging handang tumulong! Kung may kailangang gawin, handa ako!

1

Tatlong Wika

Mula sa Hong Kong ang daddy ko, at ang mommy ko ay mula sa Guangxi, China. Nakapag-sasalita ako ng tatlong wika—Cantonese, Mandarin, at Ingles. Sa aking branch, nagsasalita kami ng Cantonese at Mandarin sa sacrament meeting, at nagsasanib kami ng isang branch na wikang Ingles ang gamit na salita para sa Primary.

Hi, ako si Aaron,

mula sa British Columbia, Canada.

Tumutulong para sa Hymnbook

Tuwing Linggo tinutulungan ko ang mga missionary sa pamimigay ng mga programa. Sinisiguro kong nakakakuha ng kopya ang lahat. Kung may taong walang hymnbook, sila'y binibigyan ko nito para makakanta sila.

2

Magiging Missionary sa Hinaharap
Nasasabik akong magmisyon balang-araw. Sinabi ng titser ko sa Primary na makapagsisimula na kaming mag-ipon ng pera ngayon. Kaya naman nag-iipon na ako ngayon sa alkansiya ko para sa misyon.

3

4

Nagdarasal Kasama si Lolo
Alam ko na napakahalaga ng pagdarasal. Kapag kasama namin ng kapatid ko ang aming lolo at wala ang aming mga magulang, sinisiguro ko na palagi kaming nagdarasal.

5

Isinasagawa Ito
Kung minsan kami ay may mga aktibidad sa simbahan, at madalas akong magpaiwan para tumulong sa pagtatabi ng mga upuan at mesa. Kapag may programa ang Primary sa sacrament meeting, gustung-gusto kong binibigkas ang parte ko.

PAANO KAYO MAGNINING?

- Tumulong sa pagsasalansan ng mga upuan sa Primary.
- Humanap ng isang tao sa simbahan na kailangan ng kaibigan.
- Pulutin ang basura.
- Siguraduhing may hymnbook ang lahat.
- Tulungan ang inyong pamilya na maalalang magdasal.

PADALHAN KAMI NG ISANG BITUIN!

Paano magniningning ang iyong liwanag, gaya ng hiniling ni Jesus na gawin natin? I-email sa amin ang isang larawan ng iyong bituin lakip ang iyong kuwento, retrato, at pahintulot ng magulang sa liahona@ldschurch.org.

Ang Piliing Sumulat



PAGLALARAWAN NI SIMINI BLOCKER

Ni Justina Lichner
Batay sa tunay na buhay

"At sila ay malayang makapipili" (2 Nephi 2:27).

Tuwid na tuwid ang upo ni Justina. Ipinatong niya ang mga bago niyang lapis sa kanyang mesa. Ngayon ang unang araw ng pasok sa paaralan. Nakilala na niya ang mga kaklase at gumuhit ng isang masayang larawan.

Pagkatapos ay sinabi ni Gng. Werner, "Oras na para magsulat!" Namigay ng mga papel si Gng. Werner sa klase. "May 30 minuto kayo para gawin ito. Pagkatapos, magre-recess na tayo."

Napalunok si Justina. "Lagot na. Magsusulat agad?" sa isip-isip niya.

Noong nakaraang taon ay nahirapan si Justina sa pagbabasa at pagsusulat. Lahat ng kanyang mga kaibigan ay tila gusto ito. Hindi ito masyadong mahirap para sa kanila. Paano kung maulit ang nangyari noong nakaraang taon sa taong ito?

Dinampot ni Justina ang kanyang lapis. Pinagmasdan niya ang kanyang papel. Sumakit ang kanyang tiyan. Lahat ng iba pang mga estudyante ay nagsusulat. Maliban sa kanya.

Gusto niyang kausapin si Gng. Werner. Magagalit ba siya dahil nahihirapan si Justina? Kahit pa magalit siya, mas mainam pa iyon kaysa sa pagsusulat.

Lumapit si Justina sa mesa ng kanyang titser. "Gng. Werner? Mas mahirap po ito kaysa sa ginawa ko noong nakaraang taon. Sa tingin ko po hindi ko kayang gawin ito."

Mukhang hindi naman nagalit si Gng. Werner. Nginitian niya si Justina. "Gawin mo ang kaya mo. Baka magulat ka kung ano ang kaya mong gawin! Hindi mo palaging mapipiling gawin kung saan ka magaling. Pero makapipili ka palagi na magsikap nang husto."

Bumalik sa kanyang mesa si Justina. Pinag-isipan niya ang sinabi ni Gng. Werner. "Pipiliin kong sumubok." Gaya rin ito ng natutunan niya sa Primary. Binasa ng kanyang klase ang isang talata sa mga banal na kasulatan na nagsasabing tayo ay "malayang makapipili." Ibig sabihin nito maaari tayong gumawa ng sarili nating pagpili. Nagtitiwala ang Ama sa Langit na makagagawa tayo ng mabubuting pagpili. Nangangako Siyang tutulungan tayo kapag nagkakamali tayo.

Maiiba kaya ang takbo ng klase sa taong ito? Marahil magagawa niyang *piliin na* maiba ito! Dinampot ni Justina ang kanyang lapis. Pinagmasdan niya ang kanyang papel. Kumalma ang kanyang tiyan. "OK. Gagawin ko ito," sa isip-isip niya.

Tumunog ang bell at recess na. Hindi pa nakakatapos si Justina. Ngunit kaunti na lamang at matatapos na siya! Itinaas niya ang kanyang kamay. "Maaari po bang maiwan na lamang ako at magpatuloy sa paggawa? Malapit na po akong matapos!"

Ngumiti si Gng. Werner at tumango.

Sa wakas at naipasa na rin ni Justina ang kanyang papel. Sumakit nang kaunti ang kamay niya. Sumakit din ang ulo niya! Ngunit nakangiti siya. Kahit kailan ay hindi pa siya nagsikap nang ganito sa pagsusulat.

Nang sumunod na araw nagbasa naman sila sa klase. Sinabi ni Gng. Werner sa lahat na magbasa sa loob ng 20 minuto. Muling sinubok ni Justina na gawin ito. Binuklat niya ang kanyang aklat at binigkas ang mga salita.

Nagsimulang gumawa si Justina ng mga pagpili sa araw-araw. Pinili niyang magbasa. Pinili niyang magsulat. Siguro ay hindi ganoon kahirap ang magbasa at magsulat!

Pinili rin niyang magpunta sa library. Tumingin siya ng mga aklat. Noong nakaraang taon ni hindi niya ito ginawa. Hindi nagtagal palagi na siyang nagbabasa. At talagang masaya iyon! At mas lalo siyang nagbabasa, mas humuhusay siya sa pagsusulat.

Nang lumaki na si Justina, nagalak siya na pinili niyang magsikap sa pagbasa at pagsulat. Dahil ngayon ang mga iyon ay ilan sa mga bagay na paborito niyang gawin. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Rhineland-Palatinate, Germany.



NAGDALAGA NA

Hi, Ako si Justina! Matapos kong matutunang mahalin ang pagsusulat, patuloy ko itong ginawa. Nagsulat ako noong nasa high school. Pagkatapos, ako ay nagkolehiyo at nahasa pa nang husto sa pagsusulat. Ako ay isa na ngayong manunulat! Nagsusulat ako ng mga kuwento na tulad nito, na tungkol sa naging mga pagsubok ko noong bata pa ako. Nakapagsulat ako sa mga magasin, website, at pahayagan.

Magkapatid

Ni Jordan Wright
Batay sa tunay na buhay

"Nais kong kapiling ang mag-anak namin, paraan nito'y bigay ng Diyos, landas 'tinuro N'yang lubos" (Aklat ng mga Awit Pambata, *98).*

Panay ang pagyugyog ni Seth sa likod na upuan ng sasakyan at maingay na kumakanta. "Huwag kang masyadong magulo, Seth," sabi ni Itay. "Kailangan kong magpokus sa pagmamaneho."

"Hindi ko po mapigilan," sabi ni Seth. "Ang galing talaga!"

Ngumiti si Itay. "Natutuwa ako't nasasabik kang makita ang bago mong kapatid."

Pagkadating nila sa ospital, mabilis na pumasok si Seth sa silid ni Inay. Alam niya kung nasaan ito dahil limang araw na si Inay dito. Kinailangan niyang manatili sa ospital dahil maysakit si Baby Caleb, at si Inay ay medyo maysakit din. Maraming ulit nang hiniling ni Seth na makita si Caleb, ngunit palaging sinasabi ni Inay na, "Hindi pa pwede." Sinabi niya na ang mga doktor ang magpapasiya kung malakas na si Caleb para tumanggap ng bisita.

Ngayong araw na ito tumawag ang doktor. Ngayon na ang araw na iyon!

Nang pumasok si Seth sa silid ni Inay, karga na niya si Caleb. Patakbong lumapit si Seth para makita ang bagong silang na kapatid. Napakaliit ni Caleb. Mukhang mas maliit siya kaysa sa mga sanggol na pinsan ni Seth. At may kakaiba sa kanyang ilong at mga tainga. Mukha siyang maliit na duwende!

"Hi, anak," sabi ni Inay. "Maghugas ka ng kamay, at maaari mong kargahin ang baby."

Naghugas si Seth ng kanyang mga kamay gamit ang isang espesyal na sabon. Umakyat siya sa kama ng ospital sa tabi ni Inay. Umusog nang kaunti ang ina at ipinasa sa kanya ang baby. Tinulungan ni Itay si Seth na iayos ang mga kamay sa tamang lugar.

Pinagmasdan ni Seth si Caleb. "Hi, Caleb," sabi niya. "Ako si kuya Seth mo. Matutulog ka sa silid ko, at ipapakita ko sa iyo ang lahat ng laruan ko, at maglalaro tayo sa parke."

Matamang tumitig si Baby Caleb kay Seth. Sa isipan ni Seth, siya ang pinakamagandang baby sa lahat.

Nang mangawit ang mga braso ni Seth, si Itay naman ang kumarga kay Caleb. Hinawakan ni Inay ang isa sa mga kamay ni Seth at tinitigan siya nito.

"Seth," sabi niya. "Naaalala mo ba noong matutunan mo sa Primary ang tungkol sa plano ng kaligtasan?"

PAGLALARAWAN NI JIM MADSEN

Magpakailanman

Tumango si Seth. Maganda ang araw na iyon. Si Sister Lopez ay may hawak na buwan at bituin at malaking mundo na nakadikit sa mga patpat. Si Seth ang humawak ng araw.

"Naaalala mo ba kung paano tayo nabuhay sa langit bago pumunta sa mundo at paano tayo babalik sa langit kapag namatay tayo?"

Muling tumango si Seth.

"Malubha pa rin ang sakit ni Baby Caleb. At sinabi ng doktor na hindi magtatagal ang buhay niya. Hindi magtatagal at mamamatay na siya at magbabalik sa langit."

Tiningnan ni Seth si Inay. Tiningnan niya si Baby Caleb na karga ni Itay. Pagkatapos ay sumimangot siya. Nagsisikip ang kanyang lalamunan. "Pero mahal ko siya. Gusto kong manatili siya rito at makasama siya sa silid ko at makipaglaro sa akin. Ayaw rin ba niyang manatili rito?"

Niyakap ni Inay si Seth. "Siyempre gusto niya tayong makasama. Tayo ang pamilya niya. Kaya nga makikita niya tayong muli."

"Gagawin niya iyon?"

Tumango si Inay. "Ikinasal kami ng Itay mo sa templo. Nangako kami na ang pamilya natin ay magsasama-sama magpakailanman. Kayo ni Caleb ay mga anak namin magpakailanman."

"Ang ibig sabihin nito, kayo ni Baby Caleb ay magkapatid magpakailanman," paliwanag ni Itay. "At makikita mo siyang muli sa langit."

Nalungkot si Seth. Nakadama rin siya nang kaunting galit. Pero naisip niya na magkikita sila ni Baby Caleb sa langit at bahagyang napangiti. Lumapit siya at hinaplos ang malambot na buhok ni Baby Caleb. "Magiging magkapatid kami sa langit? Ang galing naman."

Hinalikan ni Inay si Seth sa pisngi. "Ito *ay* kahanga-hanga." ■

Ang awtor ay naninirahan sa Iowa, USA.

TUNAY NA WALANG KATAPUSAN

"[Sa plano ng Ama sa Langit] ay totoong walang wakas, mga simula lamang na hindi kailanman magwawakas."

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Nagpapasalamat Anuman ang Kalagayan," *Liahona*, Mayo 2014, 77.

"Si Jesucristo, na Tagapagligtas at Manunubos ng sangkatauhan, ay hindi patay. Siya'y buhay—ang nabuhay na muling Anak ng Diyos ay buhay—iyan ang aking patotoo."

Ni Elder M. Russell Ballard
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Mula sa "Ang Pagbabayad-sala at ang Kahalagahan ng Isang Kaluluwa," Liahona, *Mayo 2004, 86.*

PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

KAYA KONG BASAHIN ANG MGA BANAL NA KASULATAN

Ang Tipan ni Abraham

Matapos mong basahin ang isang scripture passage, kulayan ang katugmang bahagi na may numero sa larawan!

1. Abraham 1:1–2
2. Abraham 2:3–6
3. Abraham 2:8–12
4. Genesis 13:14–18
5. Genesis 17:3–8
6. Genesis 17:15–19
7. Genesis 18:10–14
8. Genesis 21:1–3

MGA PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH



Abraham at Sara

Ang Diyos ay nakipagtipan, o nangako, kina Abraham at Sara na magkakaanak sila at na pagpapalain sila ng Diyos. Matagal na panahon na hindi nagkaanak sina Abraham at Sara. Gayunman sila ay nanatiling masunurin. Noong halos 100 taon na sina Abraham at Sara, sila ay nagkaroon ng anak ng lalaki! Pinagpapala tayo ng Ama sa Langit kapag tayo ay masunurin, at ang mga pagpapalang iyon ay napapasaatin sa alam ng Ama sa Langit na tamang panahon.

- [ ] Isaulo ang Abraham 2:9.
- [ ] Umisip ng isang bagay na magagawa mo sa araw na ito para maging masunurin. Isulat kung ano ang ginawa mo at nadama mo.
- [ ] Panoorin ang kabanata 8 ng mga video sa Lumang Tipan sa scripturestories.lds.org.
- [ ] Maaari akong maging masunurin sa pamamagitan ng . . .

_____

_____

Getsemani

(Pinasimple)

Madamdamin ♩. = 44–48

Mga titik at himig ni Melanie Hoffman



Karapatang-sipi © 2018 ni Melanie Hoffman. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Ang paalalang ito ay dapat isama sa bawat kopyang gagawin.


Dm C Am B♭ C Dm
man ang i - ba Lu - ma - ban Siya't Pa - nga - ko Niya'y ti - nu - pad.
C F Dm C F B♭ F C
Get - se - ma - ni. Ma - hal Niya 'ko Siya'y ku - sang nag - pun - ta
B♭ C Dm C F C
sa Get - se - ma - ni. Ang pi - na - ka - ma - hi - rap ga - win, At
B♭ C F C B♭ C F C
ya - ong pi - na - ka - ma-sa - kit, Ang pi - na - ka - ma-la - king la-ba - nan—
B♭ F C B♭ F C Dm C F
Na - pag-ta - gum - pa-yan! Si Je - sus ang lu - ma-ban! Get - se - ma - ni.
Get - se - ma - ni.
B♭ C F B♭ F C B♭ C Dm
Ma - hal Niya 'ko Bu-hay Niya ay i - na - lay sa Get-se - ma - ni.
Ma - hal Niya 'ko Bu-hay Niya ay i - na - lay sa Get-se - ma - ni.

Noe

Ni Kim Webb Reid



Noong unang panahon, ang mga tao sa mundo ay gumawa ng masasamang pagpili. Nagsugo ang Diyos ng isang matapang na propeta na nagngangalang Noe. Sinabi niya sa mga tao na dapat silang magsisi at mahalin ang Diyos. Nakinig ba sila? Hindi! Patuloy silang gumawa ng masama.

Sinabi ng Diyos kay Noe na aalisin Niya ang masasamang bagay sa mundo. Sinabi ng Diyos kay Noe na gumawa ng isang malaking bangka na tinatawag na arka. Tinipon ni Noe ang kanyang pamilya at mga hayop sa loob ng arka. Pagkatapos ay nagsimulang umulan.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Umulan sa loob ng 40 araw at 40 gabi. Nabalot ng tubig ang buong mundo! Si Noe at ang kanyang pamilya at mga hayop ay ligtas sa loob ng arka.

Sa wakas, tumigil ang ulan. Bumaba ang baha. Nakita ni Noe ang isang bahaghari sa langit. Nangako ang Diyos na hindi na muling babalutin ng tubig ang mundo.

Maaari akong maging katulad ni Noe at makinig sa Ama sa Langit. Alam kong tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako. Ako ay pinagpapala kapag sumusunod ako sa Kanyang mga kautusan. ■

PAHINANG KUKULAYAN

Tinutupad ng Ama sa Langit ang Kanyang mga Pangako



PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Ni Elder Robert D. Hales (1932–2017)
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

PAGAGAANIN NIYA ANG ATING MGA PASANIN

Mababago ng nakatutubos na kapangyarihan ng Tagapagligtas ang buhay ng tao kung pahihintulutan natin ito.

Mahal na mahal ko ang mga banal na kasulatan. Gustung-gusto kong magbasa tungkol sa buhay ni Jesucristo sa lupa. Maraming bagay sa Kanyang buhay ang nag-aangat, nagpapasigla at nagpapalakas sa atin sa oras ng ating pangangailangan. Para sa akin, isa sa pinakasagradong mga kabanata sa mga banal na kasulatan ang Juan kabanata 17. Ang buong kabanatang ito ay ang panalangin ni Jesucristo sa Kanyang Ama para sa atin. Ganito ang sinasabi Niya, "Kung makikilala ka lamang ng mundo gaya ng pagkakilala ko sa iyo." Sinabi Niya sa Kanyang Ama na ginawa Niya ang lahat ng iniatas sa Kanyang gawin.

Minsa'y nalilimutan natin kung gaano naging masunurin ang Tagapaglitas. Lahat ng ginawa Niya, at lahat ng sinabi Niya ay dahil sa pagsunod sa Kanyang Ama. Ang paghahanap at pagkalinga Niya sa mahihirap, ang pagtawag ng Kanyang mga disipulo, ang Kanyang pagtuturo kapwa sa lupain ng Palestina, at sa Amerika—lahat ng ito ay ginawa dahil iniutos ito sa Kanya ng Kanyang Ama. Wala Siyang pansariling layunin. Sinabi Niya, "Wala akong ginagawa sa aking sarili, kundi ayon sa itinuro sa akin ng Ama" (Juan 8:28). Isang perpektong halimbawa ng pagkamasunurin!

Sa mga pagpili natin sa buhay, dapat nating kilalanin ang Tagapagligtas. Ang simpleng payo Niya na "Pumarito . . . sumunod ka sa akin" (Mateo 19:21) ay magpapabago sa buhay ng tao, kung hahayaan natin ito. May kapangyarihan Siyang pagaanin ang ating mga pasanin kung babaling tayo sa Kanya.

Bilang Apostol ng Panginoong Jesucristo, may pagkakataon akong magpatotoo bilang sagradong saksi ng Tagapagligtas. Labis ang aking paghahangad na tumimo ang aking patotoo sa puso ng lahat ng makaririnig nito.

Alam kong buhay si Jesucristo. Ginagabayan at pinamamahalaan Niya ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng paghahayag sa Kanyang mga propeta ngayon. Kung sasampalataya tayo sa ating Tagapagligtas, tutulungan Niya tayo sa ating mga pagsubok at paghihirap, at makababalik sa Kanyang piling matapos ang pagsubok na ito sa lupa. Siya'y buhay at kilala at minamahal Niya tayo. Pagpapalain Niya tayo nang lubos kung lalapit tayo sa Kanya. ■

Mula sa "Mga Natatanging Saksi ni Cristo," Liahona, *Abr. 2001, 12–13. Para mapanood si Elder Hales sa pagbibigay ng mensaheng ito, "Jesus Christ Is the Perfect Example of Obedience," bisitahin ang prophets.lds.org at piliin ang "Special Witnesses of Christ."*

IMAHE MULA SA GETTY IMAGES

GETSAMANI, SI JESUS AY AKING LIWANAG,
NI JORGE COCCO SANTANGELO

"Muling umalis [si Jesus] na bilang ikalawa, at nanalangin, na nagsasabi, Ama ko, kung di mangyayaring makalampas ito, kundi ko inumin, mangyari nawa ang iyong kalooban" (Mateo 26:42).

Kabilang Din sa Isyung Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT

Pagtawid sa mga Baybayin: Ang Aming Paglalakbay Papunta sa Templo

p. 44

Saksi kami ng asawa ko sa sunud-sunod na himalang naganap sa masalimuot na pagbagtas namin sa South America para mabuklod sa templo.

PARA SA MGA KABATAAN

p. 50

SI JESUS *ANG* CRISTO: ANG PATOTOO NG MGA PROPETA SA MGA HULING ARAW

Maaari kang "matuto kay [Cristo]" (D at T 19:23) sa pamamagitan ng pagbabasa sa mga patotoong ito ng mga Pangulo ng Simbahan. Sila ay mga natatanging saksi Niya at ng Kanyang banal na papel sa plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit.

PARA SA MGA BATA

Handang TUMULONG!

Paano ninyo matutulungan ang inyong mga anak na humanap ng maliliit ngunit makabuluhang pamamaraan upang mapaglingkuran ang mga nakapaligid sa kanila?

p. 66

TAGALOG
4 021474 98893 9

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW